
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • AGOSTO 2014

# Liahona



## Ang Dahilan ng Ating Gawaing Misyonero, p. 28

**Sa Halip na Magdalamhati Nagagalak Tayo, p. 14**

**Mga Pioneer sa Pacific, p. 22**

**Ang Ahas sa Backpack Mo, p. 48**



*"Lahat ay isinilang na taglay ang Liwanag ni Cristo, isang impluwensyang gumagabay para matukoy ng bawat tao ang tama at mali. Ang ginagawa natin sa liwanag na iyon at ang paraan ng pagtugon natin sa mga pahiwatig na mamuhay nang matwid ay bahagi ng pagsubok sa mortalidad."*

Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Alam Ko ang mga Bagay na Ito," *Liahona,* Mayo 2013, 8.

# Liahona, Agosto 2014



28


## MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pag-ani ng Diyos**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Mesiyas**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

18 **Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti**
Ni Elder Yoon Hwan Choi
*Parurusahan ba ang mga kapwa ko guwardiya kung hindi ko iinumin ang alak na inialok sa amin ng aming kumander?*

22 **Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Tonga—Isang Lupaing Inilaan sa Diyos**
Ni Harvalene K. Sekona
*Inilaan ni Haring George Tupou I ang Tonga sa Diyos 175 taon na ang nakararaan. Tapat pa rin ang mga Banal na Tongan ngayon.*

28 **Bakit Natin Ibinabahagi ang Ebanghelyo**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay hindi isang programa; ito ay isang layunin—ang layunin ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu.*

34 **Ang Walang-Hanggang Tipan ng Diyos**
*Alamin kung paano gumagana ang tipang Abraham sa ating panahon at sa panahon ng Milenyo.*


**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Jason Lindsey.


## MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Abril 2014**

11 **Mga Propeta sa Lumang Tipan: Job**

12 **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Ang Pangakong Magkakasama Kami sa Hinaharap**
Ni Jarolyn Ballard Stout

14 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Alam Namin Kung Nasaan Siya**
Ni Hernando Basto

16 **Mga Balita sa Simbahan**

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pinalitan Ko ng Pananampalataya ang Takot Ko**
Ni Katherine Nelson

## MGA YOUNG ADULT





**42** **Kumilos sa Lupaing Ito sa Loob ng Ilang Taon**
Ni Dennis C. Gaunt
*Hindi kayo laging masisiyahan sa mga pangyayari sa buhay ninyo. Maaari pa rin kayong maging masaya.*

**46** **Hindi—at Oo ang Sagot ng Ama sa Langit**
Ni Angelica Hagman
*Nang sagutin ng Diyos ng "hindi" ang panalangin ko, ang talagang isinagot Niya ay "hindi pa."*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Huwag maging tupa!***

## MGA KABATAAN


**48** **Mga Katotohanan na Napakahalagang Malaman**
Ni Pangulong Boyd K. Packer
*Huwag kang magtago ng ahas sa backpack mo; posible ang lubos na pagsisisi.*

**52** **Ang Bahaging para sa Atin**

**53** **Poster: Mga Missionary Companion**

**54** **Mga Banana Bread Missionary**
Ni Mindy Raye Friedman
*Masarap ang banana bread, pero ang mga kabataang lalaking ito ay may dalang mas masarap pa kaysa rito.*

**56** **Mula sa Misyon: Isang Himala sa Airport**
Ni Thomas E. Robinson III

**58** **Mga Tanong at mga Sagot**
*Maghapong nagtatrabaho ang nanay ko. Paano ko mas mapagbubuti ang aming ugnayan?*

**60** **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Labanan ang Hatak ng Mundo: Sumulong nang May Pananampalataya**
Ni Bonnie L. Oscarson
*Kapag palagi nating sinusunod ang mga pamantayan ng Simbahan, makakaya nating labanan ang impluwensya ng kaaway.*

**62** **Bakit Masarap Mag-asawa!**
Nina Ben at Rachel Nielsen





## MGA BATA





**65** **Natatanging Saksi: Sapat na bang *maniwala* lang ako sa ngayon na ang Simbahan ay totoo?**
Ni Elder Jeffrey R. Holland

**66** **Magandang Ideya**

**67** **Nadama Ko ang Espiritu Santo**
Ni Yichen
*Nasaktan ang kuya ko. Ano ang magagawa ko?*

**68** **Pagbabasbas kay Isa**
Ni Mackenzie Van Engelenhoven
*Ang tatay ni Isa ay hindi miyembro noon ng Simbahan. Minithi niyang magbago nang kaunti ang mga bagay-bagay.*

**70** **Ang Leon na Parang Tupa**
Ni Elder Kazuhiko Yamashita
*Akala ni Lambert isa siyang tupa hanggang sa may dumating na isang lobo.*

**71** **Ang Ating Pahina**

**72** **Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Kaloni na Mula sa Tonga**
Ni Amie Jane Leavitt

**74** **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang mga Makabuluhang Aktibidad ay Magpapatatag sa Aking Pamilya**
Ni Jennifer Maddy

**76** **Para sa Maliliit na Bata: Mga Kaibigan para kay Eli**
Ni Jane Nickerson

**AGOSTO 2014 TOMO 17 BLG. 8**
**LIAHONA 10988 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Jose L. Alonso, Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Jennifer Grace Fallon, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
August 2014 Vol. 17 No. 8. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



**"Mga Banana Bread Missionary,"** pahina 54: Isiping gumawa ng banana bread sa inyong pamilya (o iba pang mga pagkaing hilig ng inyong pamilya) at ihatid ito sa mga tao na gustong bahaginan ng ebanghelyo ng inyong pamilya. Maaari din ninyong ibahagi ang mensaheng ibinabahagi ng mga banana bread missionary, imbitahin ang isang tao sa aktibidad ng Simbahan, o magbigay ng pass-along card.

**"Ang mga Makabuluhang Aktibidad ay Magpapatatag sa Aking Pamilya,"** pahina 74: Isiping magkaroon ng ilang "kids' choice" family home evening sa buwang ito. Mapipili ng mga bata ang mga aktibidad, aralin, at paksa na lubhang kawili-wili sa kanila at maghahalinhinan sila sa pamamahala. Hikayatin ang bawat bata na isipin ang mga pangangailangan ng iba pang miyembro ng pamilya kapag pumipili ng mga aktibidad at aralin.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Banal na katangian,*** *70*
***Espiritu Santo,*** *56, 60, 67*
***Gawaing misyonero,*** *22, 28, 41, 53, 54, 56*
***Jesucristo,*** *7, 48*
***Kaibigan, mga,*** *52, 76*
***Kalayaan,*** *42*
***Kasal, pag-aasawa,*** *12, 46, 62*
***Libangan,*** *74*
***Pag-asa,*** *12, 14*
***Pagbabalik-loob,*** *14, 22, 28, 40*
***Pagbabayad-sala,*** *48*
***Paggawa, trabaho,*** *4*
***Pagsisisi,*** *48*
***Pagsubok, mga,*** *11, 12, 14*
***Pagsunod,*** *18*
***Pamilya,*** *12, 14, 38, 53, 58, 62, 68, 74*
***Panalangin,*** *46, 67*
***Pananampalataya,*** *12, 14, 18, 60, 65, 80*
***Pasensya, tiyaga,*** *4, 11*
***Patriarchal blessing, mga,*** *12*
***Pioneer, mga,*** *22*
***Pornograpiya,*** *48*
***Priesthood,*** *34, 39, 68*
***Tipan, mga,*** *34*
***Word of Wisdom,*** *18*



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pag-ani NG DIYOS

Minsa'y nagtrabaho ang isang babaeng nagngangalang Christa sa isang maliit na kumpanyang nagbebenta ng mga binhi. Mahal niya ang kanyang trabaho. Kahanga-hanga na bawat munting binhing ibinebenta niya ay nakayang baguhin ang sarili nito sa mahimalang paraan—naging isang carrot, repolyo, o malaking puno ng oak.

Gustung-gustong maupo ni Christa sa harap ng kanyang computer para tumanggap ng mga order at sumagot sa mga tanong. Ngunit isang araw nakatanggap siya ng reklamo na ipinagtaka niya.

"Hindi tumutubo ang mga binhi," sabi ng kostumer. "Dalawang buwan ko nang nabili ang mga ito at wala pa rin."

"Itinanim mo ba ito sa matabang lupa at diniligan mo at pinaarawan?" tanong ni Christa.

"Hindi, pero ginawa ko ang bahagi ko," sagot ng kostumer. "Binili ko ang mga binhi. Tutal, *garantisado* namang tutubo ang mga ito."

"Pero hindi mo itinanim ang mga ito?"

"Aba, hindi. Marurumihan ang mga kamay ko."

Pinag-isipan ito ni Christa at nagpasiya siya na kailangang isulat ang mga gabay sa pagtatanim. Nagpasiya siya kung ano ang magiging unang gabay: "Kailangan ninyong sundin ang mga instruksyon para umusbong ang mga binhi. Hindi ninyo maaaring ilagay ang mga ito sa istante at asahan itong tumubo."

Hindi nagtagal isa pang reklamo ang ipinagtaka niya.

"Hindi nagbubunga ang mga binhi," reklamo ng kostumer.

"Itinanim mo ba ang mga ito sa matabang lupa?" sagot ni Christa. "Diniligan mo ba at pinaarawan nang sapat?"

"Oo naman," giit ng kostumer. "Ginawa kong lahat iyan—ang mismong nakasaad sa pakete. Pero walang nangyari."

"Wala nga bang nangyari? Umusbong ba ang mga ito?"

"Walang nangyari," sabi ng kostumer. "Itinanim ko ang mga ito ayon sa tagubilin. Umasa akong makakakain ng kamatis sa hapunan. Ngayo'y lungkot na lungkot ako."

"Sandali," sagot ni Christa. "Sinasabi mo bang itinanim mo ang mga binhi ngayon?"

"Huwag kang magpatawa," sagot ng kostumer. "Itinanim ko ang mga ito noong isang linggo. Hindi ko inasahang makakita ng mga kamatis sa unang araw; nagtiyaga ako. Ikukuwento ko sa iyo, ilang beses akong nagdilig at naghintay mula noon hanggang ngayon."

Alam ni Christa na kailangan niyang magdagdag ng isa pang gabay: "Ang mga binhing ito ay sumusunod sa mga batas ng biology. Kung itatanim ninyo ang mga binhi sa umaga at aasahan ninyong makakain ng mga kamatis sa linggong iyon kalaunan, mabibigo kayo. Kailangan ninyong magtiyaga at maghintay na likas itong bumukadkad."

Naging maayos ang lahat hanggang sa makatanggap si Christa ng isa pang reklamo.

"Dismayado ako sa mga binhi ninyo," pagsisimula ng kostumer. "Itinanim ko ang mga ito ayon sa nakasaad sa pakete. Diniligan ko ang mga ito, tiniyak na maarawan ang mga ito, at naghintay ako hanggang sa wakas ay tumubo na rin ang mga ito."

"Mukhang tama ang lahat ng ginawa mo," sabi ni Christa.

"Ayos naman ang lahat," sagot ng kostumer. "Pero zucchini ang naging bunga!"

"Nakasulat sa talaan ko na iyan nga ang mga binhing inorder mo," sabi ni Christa.

"Pero ayaw ko ng zucchini; kalabasa ang gusto ko!"

"Hindi ko maintindihan."

"Itinanim ko ang mga binhi sa taniman ko ng kalabasa—ang mismong lupang tinubuan ng mga kalabasa



noong isang taon. Pinuri ko ang mga tanim araw-araw, na sinasabi sa mga ito kung gaano kagagandang kalabasa ang kalalabasan nila. Pero sa halip na malalaki, bilog, at kulay-kahel na mga kalabasa, mahahaba at berdeng zucchini ang nakuha ko. Tone-tonelada ang mga ito!"

Nalaman ni Christa noon din na maaaring hindi sapat ang mga gabay at kailangang maglagay rito ng isang tuntunin: "Ang binhing itatanim mo at ang panahon ng pagtatanim ang magpapasiya ng iyong aanihin."

### Ang Batas ng Pag-ani

Nagturo si Apostol Pablo tungkol sa pag-ani ng Diyos:

"Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro: sapagka't ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya.

"Sapagka't ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwa't ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan.

"At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod" (Mga Taga-Galacia 6:7–9).

Nitong huling mga panahon, binigyan tayo ng Panginoon ng karagdagang karunungan at ideya tungkol sa di-mababagong batas na ito:

"May isang batas, hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na

PAGLALARAWAN NI ANDREW BANNEKER

### PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Talakayin sa mga binibisita ninyo kung paano naaangkop ang batas ng pag-ani ng Diyos sa mga ugnayan, pagbabalik-loob at patotoo, o mga minimithi sa propesyon at pag-aaral. Maaari ninyong basahin at isipin ang mga talata sa banal na kasulatan na nauugnay sa batas na ito, tulad ng Mga Kawikaan 11:18; II Mga Taga-Corinto 9:6; at Alma 32. Hikayatin silang repasuhin ang dati nilang mga mithiin at magtakda ng mga bagong mithiin para magtamo ng mabubuting resulta. Tulungan silang bumuo ng plano na kumilos palagi para maabot ang kanilang layunin sa itinakdang panahon.

ito, kung saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay—

"At kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay" (D at T 130:20–21).

Kung ano ang ating itanim, siyang ating aanihin.

Ang kaluwalhatian ng pag-ani ng Diyos ay hindi kayang ilarawan. Sa mga taong gumagalang sa Kanya, dumarating ang Kanyang saganang pagpapala na "takal na mabuti, pikpik, liglig, at umaapaw. . . . Sapagka't sa panukat na inyong isukat ay doon kayo muling susukatin"(Lucas 6:38).

Tulad ng mga binhi na nangangailangan ng pagsisikap at tiyaga, gayon din ang marami sa mga pagpapala ng langit. Hindi natin maaaring ilagay sa istante ang ating relihiyon at asahang aani tayo ng espirituwal na mga pagpapala. Ngunit kung itatanim at pangangalagaan natin ang mga pamantayan ng ebanghelyo sa buhay ng ating pamilya araw-araw, malaki ang posibilidad na magsisilaki ang ating mga anak na nagbubunga ng espirituwal na bunga na napakahalaga sa kanila at sa darating na mga henerasyon.

Ang mga sagot ng Diyos sa ating mga dalangin ay hindi laging dumarating kaagad—kung minsa'y parang hindi nga dumarating ang mga ito—ngunit batid ng Diyos ang pinakamainam para sa Kanyang mga anak. Tiyak na balang-araw ay mas malinaw tayong makauunawa; at sa araw na iyon ay makikilala natin ang kabaitan at kabutihang-loob ng langit.

Samantala, ang ating mithiin at malaking kagalakan ay ang sumunod sa mga yapak ng ating Panginoon at Tagapagligtas at mabuhay nang mabuti at dalisay para mapasaatin ang ipinangakong mahalagang pag-ani ng walang katumbas na mga pagpapala ng Diyos.

Kung ano ang ating itanim, siyang ating aanihin.

Iyan ang batas ng langit.

Iyan ang batas ng pag-ani ng Diyos. ■

## Planuhin ng Inyong Pag-ani

Ang batas ng pag-ani ng Diyos ay nagsasabi na kung nais natin ang isang bagay, kailangan nating pagsikapan ito ngayon. Kung gusto nating magkaroon ng halamanan, kailangan nating itanim, diligan, at protektahan ang mga binhi mula sa mga damo. Kung hindi natin ito gagawin, wala tayong aanihin kalaunan!

Ang halamanang ito ay nagpapakita ng ilang mabuting "bunga" na maaari ninyong naisin sa buhay. Sa mga linya sa ibaba, isulat ang ilang bagay na magagawa ninyo sa buwang ito na makakatulong para matanggap ninyo ang mga pagpapalang ito.




PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at mga tungkulin ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Mesiyas

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*

Itinuturo ng mga banal na kasulatan na maaari nating makapiling ang Diyos "sa pamamagitan ng kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8). Ang *Mesiyas* ay "isang salitang Aramaic at Hebreo na nangangahulugang hinirang o 'ang pinahiran ng langis.' . . . Sa Bagong Tipan si Jesus ay tinatawag na Cristo, na sa wikang Griyego ay katumbas ng salitang *Mesiyas*. Ang ibig sabihin nito ay hinirang na Propeta, Saserdote, Hari, at Tagapagligtas."[1]

Nagpatotoo si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Alam kong [si Jesucristo] ang Banal ng Israel, ang Mesiyas na balang-araw ay paparitong muli sa kaluwalhatian, upang mamuno sa lupa bilang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari. Alam ko na walang ibang pangalan na ibinigay sa silong ng langit upang maligtas ang [isang lalaki o babae]."[2]



"[Si Jesucristo] ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig," sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. "Siya ang ipinangakong Mesiyas. Namuhay Siya nang perpekto at nagbayad-sala sa ating mga kasalanan. Siya ay laging nasa ating panig. Ipaglalaban Niya tayo. Siya ang ating pag-asa; Siya ang ating kaligtasan; Siya ang daan."[3]

### Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Juan 1:38–41; 4:25–26, 40–42; 2 Nephi 6:13; 25:16–17

### Isipin Ito

Bakit mahalagang maunawaan ang papel ng Tagapagligtas bilang Mesiyas?

**MGA TALA**

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Mesiyas"; scriptures.lds.org.
2. Jeffrey R. Holland, "Ang Iisang Dios na Tunay at Siyang Kanyang Sinugo, sa Makatuwid Baga'y si Jesucristo," *Liahona,* Nob. 2007, 40–42.
3. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Landas Tungo sa Pagkadisipulo," *Liahona,* Mayo 2009, 78.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### Mula sa mga Banal na Kasulatan

Ang mga babaeng disipulo ni Cristo ay naging mga saksi ng Kanyang tungkulin bilang Mesiyas. Si Maria Magdalena ay isang disipulo ni Jesucristo. Siya ang unang nakakita sa "bato na naalis na sa libingan" noong umaga ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo. Siya ay "nakatayo sa labas ng libingan na umiiyak" matapos matuklasan na ang Kanyang katawan ay wala na sa libingan.

Pagkatapos "siya'y lumingon, at nakitang nakatayo si Jesus, at hindi nalalaman na yaon ay si Jesus.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, bakit ka umiiyak? sino ang iyong hinahanap? Siya, sa pagaakalang yao'y maghahalaman, ay nagsabi sa kaniya, Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo siya inilagay, at akin siyang kukunin.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Maria. Lumingon siya, at nagsabi sa kaniya sa wikang Hebreo, Raboni; na ang ibig sabihin ay, Guro." Natanto ni Maria na hindi Siya ang hardinero kundi si Jesucristo, ang Mesiyas. (Tingnan sa Juan 20:1–17.)


DETALYE MULA SA *THE SECOND COMING [ANG IKALAWANG PAGPARITO]*, NI GRANT ROMNEY CLAWSON

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2014

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2014, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*

**MGA TAMPOK SA DOKTRINA**



## Unahin ang mga Batas ng Diyos


"Ang literal na kahulugan ng salitang *relihiyon* ay . . . 'ibigkis na muli' sa Diyos. Maaari nating itanong sa ating sarili, matibay kaya tayong nakabigkis sa Diyos sa paraan na nakikita ang ating pananampalataya, o nakatali pala tayo sa ibang bagay? . . . Marami ang inuuna ang ibang bagay kaysa sa Diyos. . . . Mga batas ng Diyos dapat ang lagi nating pamantayan. Kapag naharap tayo sa mahihirap na problema, dapat muna nating hangarin ang patnubay ng Diyos. . . .

"Ang tuksong maging popular ay maaaring humantong sa higit na pakikinig sa opinyon ng tao kaysa sa salita ng Diyos. . . . Kahit 'ginagawa pa iyan ng lahat,' ang mali ay hindi kailanman nagiging tama. . . . Dalangin ko na maging matibay kayo na nakabigkis sa Diyos, upang maukit ang Kanyang walang-hanggang mga katotohanan sa inyong puso magpakailanman."

**Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ipakita ang Inyong Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2014, 29, 30, 31.**

Kumuha ng mga ideya para masuri ang inyong mga prayoridad sa lds.org/go/priorities814.

**PANGAKO NG PROPETA**




## Pag-asa

"Iminumungkahi ko na tingnan ninyo kapwa ang panandalian at ang pangmatagalang epekto sa pagsisikap ninyong magpamana ng pag-asa sa inyong pamilya. . . . May mga bagay kayong magagawa nang maaga, habang bata pa ang mga mahal ninyo sa buhay. Tandaan na ang araw-araw na panalangin ng pamilya, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagbabahagi ng ating patotoo sa sacrament meeting ay mas madali at mas mabisa habang bata pa ang ating mga anak. . . . Matapos ang lahat ng magagawa natin nang may pananampalataya, bibigyang-katwiran ng Panginoon ang ating mga pag-asa sa mas dakilang mga pagpapala para sa ating mga pamilya kaysa inaakala natin."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Isang Walang-Katumbas na Pamana ng Pag-asa," *Liahona,* Mayo 2014, 25.**

Humanap ng mga paraan para makapag-iwan ng pamana para sa inyong pamilya sa lds.org/go/legacy814.



## HUMAYO AT GAWIN

Hiniling sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na "[pag-ukulan] natin ng oras na basahin ang mga mensahe sa kumperensya kapag . . . nailimbag na ang mga ito sa mga magasing *Ensign* at *Liahona*, dahil marapat basahin nating mabuti at pag-aralan ang mga ito."

**Mula sa "Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona,* Mayo 2014, 115.**






## PUNAN ANG PUWANG

1. "Kapag nilakipan ng panalangin, ________ ay may kapangyarihang protektahan ang ating pamilya." Tingnan sa lds.org/go/reeves814 o sa Linda S. Reeves, "Proteksyon Laban sa Pornograpiya—Tahanang Nakatuon kay Cristo," 17.
2. "Ang kaalaman . . . ay dumarating lamang sa pamamagitan ng personal na ________ at ________." Tingnan sa lds.org/go/packer814 o sa Pangulong Boyd K. Packer, "Ang Saksi," 94.
3. "Ang ebanghelyo ' ay hindi pasanin; ito ay ________.' Pinapasan tayo nito." Tingnan sa lds.org/go/stevens814 o sa Jean A. Stevens, "Huwag Kang Matakot; Ako'y Sumasaiyo," 83.
4. "Ang pagsunod . . . ay pagpili sa pagitan ng ________ at sa walang-hanggang karunungan at kapangyarihan ng Diyos." Alamin sa lds.org/go/perry814 o tingnan sa Elder L. Tom Perry, "Pagsunod sa Pamamagitan ng Ating Katapatan," 103.

Mga sagot: 1. ang Aklat ni Mormon; 2. panalangin, pagninilay; 3. nagpapagaan ng pasanin; 4. ating limitadong kaalaman at kakayahan

**PAGHAHANAP NG PAGKAKATULAD**



# Pagmamahal, pag-ibig

Ang ilan sa pinakamahahalagang paksa ay hindi lamang tinatalakay ng isang tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya. Narito ang sinabi ng tatlong tagapagsalita tungkol sa pagmamahal:

- Sa mga kabataan: "Manalig. Ang dalisay na pag-ibig ni Cristo na dumadaloy mula sa tunay na kabutihan ay kayang baguhin ang mundo." —Elder Jeffrey R. Holland, "Ang Halaga—at mga Pagpapala—ng Pagkadisipulo," 8.
- Sa kababaihan: "Kapag hindi natin pinansin ang pagkakaiba natin sa edad, kultura, at kalagayan . . . , mapupuspos tayo ng dalisay na pagmamahal ni Cristo." —Bonnie L. Oscarson, "Kapatiran ng Kababaihan: Ah, Kailangang-Kailangan Natin ang Isa't Isa," 121.
- Sa kalalakihan: "Tayo . . . ay nangakong mamahalin ang Diyos at ating kapwa at handang ipakita ang pagmamahal na iyon sa salita at gawa. Iyan ang tunay na kahulugan ng kung sino tayo bilang mga disipulo ni Jesucristo." —Pangulong Dieter F. Uchtdorf, "Kabahagi Ba Kayo sa Gawain ng Panunumbalik?" 61.

Alamin kung ano ang sinabi ni Pangulong Monson at ng iba tungkol sa pagpapahayag ng pagmamahal sa lahat sa lds.org/go/love814.



# Ang Priesthood

"Ang kapangyarihan ng priesthood ay pagpapala sa ating lahat," sabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol sa kanyang mensaheng, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood." "Ang mga susi ng priesthood ay gumagabay sa kababaihan gayundin sa kalalakihan, at ang mga ordenansa ng priesthood at awtoridad ng priesthood ay nauukol kapwa sa kababaihan at kalalakihan." Dahil kailangan nating lahat na mas maunawaan ang priesthood, nilinaw ni Elder Oaks ang mahahalagang alituntunin sa kanyang mensahe sa kumperensya tungkol sa kapangyarihan, mga susi, at awtoridad ng priesthood. Ang sumusunod na mga tanong ay matutulungan kayong pag-aralan ang kanyang mensahe.

**Mga tanong na pag-iisipan:**

- Ano ang mga susi ng priesthood, at bakit kailangan ang mga ito?
- Ano ang kaugnayan ng mga susi ng priesthood sa awtoridad ng priesthood?
- Nalilimitahan ba ng kasarian ang mga pagpapala ng priesthood?

**Ang ibig sabihin nito sa akin:**

- Anong awtoridad ang ipinagkakaloob sa akin kapag tumatanggap ako ng mga atas o tungkulin mula sa isang maytaglay ng mga susi ng priesthood?
- Anong mga responsibilidad ang kailangan kong gampanan sa kasalukuyan kong atas o tungkulin?
- Ano ang matututuhan ko tungkol sa pagmamahal ng Diyos para sa akin mula sa mensaheng ito, at paano ko ito ibabahagi sa isang taong may mga katanungan?

Maaari ninyong pag-aralan ang mensaheng ito sa lds.org/go/oaks814.

## MGA SAGOT PARA SA INYO

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga propeta at apostol sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng Mayo 2014 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Paano nilulutas ng Pagkabuhay na Mag-uli ang mga tanong tungkol sa tunay na pagkatao ni Jesucristo ng Nazaret? Alamin sa lds.org/go/dtc814 o tingnan sa D. Todd Christofferson, "Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo," 111.
- Ano ang kaugnayan ng pagsunod sa kalayaan? Alamin sa lds.org/go/hales814 o tingnan sa Robert D. Hales, "Kung Ako'y Inyong Iniibig, ay Tutuparin Ninyo ang Aking mga Utos," 35.
- Anong mga pagpapala ang tinatanggap natin kapag gumagawa at tumutupad tayo ng mga sagradong tipan? Alamin sa lds.org/go/wixom814 o tingnan sa Rosemary M. Wixom, "Ang Pagtupad sa mga Tipan ay Nangangalaga, Naghahanda, at Nagpapalakas sa Atin," 116.

# JOB

*"Wala akong alam na anumang higit na kailangan ng mga miyembro ng Simbahan kaysa sa pangangailangan nila sa paniniwala at tiyaga ni Job."[1] —Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol*

Kilala ako bilang isang taong may takot sa Diyos at humihiwalay sa kasamaan.[2] Biniyayaan ako ng Panginoon ng pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae, at pinagkalooban Niya ako ng malaking kayamanan, kabilang na ang "pitong libong tupa, at tatlong libong kamelyo, at limang daang magkatuwang na baka, at limang daang [buriko], at isang totoong malaking sangbahayan."[3]

Naniwala si Satanas na titigil na akong maging matwid at susumpain ko ang Panginoon kung hindi na ako umuunlad sa temporal. Tinulutan ng Panginoon si Satanas na subukan ako ngunit hindi siya tinulutang pagbuhatan ako ng mga kamay. Si Satanas ang dahilan kaya ninakaw o pinatay ang mga alaga kong hayop at nagpadala siya ng malakas na hanging gumiba sa bahay ko, at pumatay sa aking 10 anak na nasa loob. Sa halip na sumpain ang Panginoon, "hinapak [ko] ang [aking] balabal, at inahitan ang [aking] ulo, at nagpatirapa [ako] sa lupa, at sumamba" sa Panginoon.[4]

Nang makita ni Satanas na hindi ko susumpain ang Diyos, idinaan niya ako sa pisikal na mga pagsubok. Tinulutan ng Panginoon na gawin ito ni Satanas ngunit hindi Niya ito tinulutang bawiin ang aking buhay. Pinasibol ni Satanas sa katawan ko ang "masasamang bukol na mula sa talampakan ng [aking paa] hanggang sa [aking] puyo."[5] Nanatili pa rin akong tapat, at ayaw kong isumpa ang Panginoon. Kasama kong nagdalamhati ang mga kaibigan ko.

Sinabi sa akin ng mga kaibigan ko na nagdurusa ako dahil sa sarili kong kasamaan at na kailangan kong magsisi, ngunit alam kong ako ay isang taong matwid.[6] Kalaunan ay inutusan ng Panginoon ang mga kaibigan ko na magsisi. Sinabihan silang gumawa ng isang handog na susunugin at hilingin sa akin na ipagdasal sila.[7]

Matapos makita ang aking katapatan, inalis ng Panginoon ang aking matinding pagdurusa, at biniyayaan Niya ako "na makalawa ang higit ng dami kay sa tinatangkilik [ko] dati."[8] Ako ngayon ay may "labing apat na libong tupa, at anim na libong kamelyo, at isang libong tuwang na baka, at isang libong [buriko]," at pito pang anak na lalaki at tatlo pang anak na babae.[9] Talagang ginantimpalaan ako nang sagana ng Panginoon dahil sa aking pananampalataya at tiyaga.

Nakita ko ang kamay ng Panginoon sa buhay ko, kapwa sa aking mga paghihirap at sa aking pag-unlad. Buong tapang kong pinatotohanan: "Talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan: at pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, gayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman."[10] ■

*Bagaman si Job ay hindi propeta, ang kanyang buhay, patotoo, at pagtitiis sa mga pagsubok ay maaaring maging inspirasyon sa atin.*

**MGA TALA**

1. Joseph B. Wirthlin, "Never Give Up," *Ensign,* Nob. 1987, 8.
2. Tingnan sa Job 1:1.
3. Tingnan sa Job 1:2–3.
4. Tingnan sa Job 1:7–22.
5. Job 2:7.
6. Tingnan sa Job 22–27.
7. Tingnan sa Job 42:7–9.
8. Job 42:10.
9. Tingnan sa Job 42:12–13.
10. Job 19:25–26.





PAGLALARAWAN NG MGA BURIKO NI ELIKA/ISTOCK/THINKSTOCK; PAGLALARAWAN NG IBA PANG MGA HAYOP NI SLOBADAN DJAJIC/ISTOCK/THINKSTOCK; DETALYE MULA SA *JOB AND HIS FAMILY [SI JOB AT ANG KANYANG PAMILYA],* NI GREG K. OLSEN

# ANG PANGAKONG MAGKAKASAMA KAMI SA HINAHARAP

**Ni Jarolyn Ballard Stout**

*Nang matuklasang may kanser ang asawa ko, pakiramdam ko ay magugunaw ang aming mundo. Sa walong anak na aalagaan, paano ko ito magagawa nang nag-iisa?*

Isang maulap na umaga ng Linggo noon habang nakatayo ako sa tabi ng lababo sa kusina at hinuhugasan ang mga pinggan na ginamit sa almusal. Pinanonood ng dalawang pinakabata kong anak ang isang video ng banal na kasulatan sa sala na malapit sa kusina. Marami akong iniisip noon, at basa ng luha ang aking mga pisngi. Tila hindi ko maalis sa aking isipan ang kanser na dumapo sa aming tahanan. Ilang taon na itong nilalabanan ng aking asawa, ngunit ngayon ay kumalat na ito. Parang humihina na ang pananampalataya ko. Punung-puno ang isip ko ng mga tanong na "paano kung?"

Biglang natigil ang pag-iisip ko nang marinig ko mula sa video ng banal na kasulatan ang isang banayad na tinig, na nagsasabing: "Pumayapa, tumahimik ka. . . .

"Bakit kayo nangatakot? wala pa baga kayong pananampalataya?" (Marcos 4:39–40).


Binitawan ko ang pamunas ng pinggan at lumingon sa TV. Ang video ay tungkol sa Tagapagligtas na pinatitigil ang bagyo. Para bang ang mga salita ay sinabi sa akin mismo ng Tagapagligtas. Napuspos ako ng sigla at kapayapaan. Iyon ay paalala na dapat manatili akong tapat sa pananampalataya na lalo ko pang natutuhan sa napakaraming taon ng pakikipaglaban sa kanser. Ito ay pananampalataya na sinuportahan ng mga salita sa aking patriarchal blessing.

Natanggap ko ang aking patriarchal blessing noong 15 anyos ako. Ang isang pangungusap doon na tila naglalarawan ng isang bahagi ng aking kasal sa templo ang may dakilang pangako ngayon sa akin. Nagbanggit ito tungkol sa mabuting mayhawak ng priesthood na mapapangasawa ko at sinabi na siya ang "tutulong sa iyo, gagabay sa iyo at aalalay sa iyo, hindi lamang sa iyong kabataan kundi hanggang sa darating pang mga taon."

Habang binabasa ko at muling binabasa ang aking patriarchal blessing sa mga taon ng pakikipaglaban sa kanser, ang pangungusap na iyon ay nagbigay sa akin ng malaking pag-asa. Sa bawat pagkakataon, napapalakas ang aking pananampalataya sa pangako na haharapin namin ang aming bukas nang magkasama. Naalala ko ang matinding kapanatagan na ibinigay sa akin ng Espiritu nang unang masuri ang asawa ko. Isinaulo ko ang bahaging iyon ng aking patriarchal blessing, at nang dumating ang hindi magandang resulta ng mga pagsusuri sa kanser, naalala ko ang pangakong iyon.

Natutuhan kong hayaan ang Tagapagligtas na buhatin kami, natutuhan ko na dapat palagi kong patatagin ang aking pananampalataya, at natutuhan kong labanan ang tumitinding pangamba nang may pananampalataya. Ang video nang umagang iyon ay nagpaalala sa akin na umasa sa Panginoon.

Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay nagbibigay sa akin ng kakayahan na ipaubaya kay Jesucristo ang aking pasanin. Tulad ng mga tao ni Alma na hindi nadama ang bigat ng pasaning ipinataw sa kanila (tingnan sa Mosias 24:14), gayundin ang mangyayari sa aming pamilya sa pakikipaglaban sa kanser. Hinarap ng aming pamilya ang kanser nang hindi nadarama ang bigat na dulot ng pasaning ito.



### MATUTUHAN ANG MASAKIT NA MGA ARAL

"Dumarating ang mga paghihirap sa ating buhay, mga problemang hindi natin inaasahan at kailanman ay hindi natin nanaisin. Wala sa ating ligtas dito. Ang layunin ng mortalidad ay matuto at maging higit na tulad ng ating Ama, at kadalasan sa oras na naghihirap tayo doon tayo mas natututo, maging masakit man ang mga aral na hatid nito."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Patnubayan Nawa Kayo ng Diyos Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona,* Nob. 2012, 111.**



Sumasailalim pa rin ang aking asawa sa mga pagsusuri para hanapin pa ang mga cancer cell o para makita ang posibleng mga bukol. May mga medical bills pa rin kami at natitirang epekto ng panggagamot. At palagi pa rin akong nananalangin araw-araw na mawala na ang kanser ng asawa ko. Dalangin ko na kapwa kami mabuhay nang matagal pa. Sinasabi ko rin sa Ama sa Langit na, "Gawin nawa ang Iyong kalooban."

Hindi ko alam kung kailan ang "darating pang mga taon" na binanggit sa aking basbas. Umaasa ako na ang ibig sabihin ng mga salita sa aking patriarchal blessing ay makapagmimisyon pa kaming mag-asawa kapag malalaki na ang aming mga anak. Umaasa ako na ang ibig sabihin niyon ay ang aking asawa ang magpapatakbo sa aming kabayo habang nakasakay ang aming mga apo at mapapatalun-talon pa niya ang aming mga apo sa kanyang kandungan. Ngunit alam ko na kapag kinuha siya ng Diyos sa daigdig na ito, iyon ay ayon sa Kanyang panahon.

Hindi ko na iniisip pa kung kailan ang "darating pang mga taon" na iyon. Hindi na iyon mahalaga. Tiwala ako na tutuparin ng Panginoon ang ipinangako sa akin sa patriarchal blessing ko. Pinangalagaan Niya kami sa nakalipas na mga taon, at pangangalagaan Niya kami sa hinaharap. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

***Kung hindi pa ninyo natanggap ang inyong patriarchal blessing, isiping makipag-usap sa inyong bishop o branch president tungkol sa pagtanggap nito. Kung mayroon na kayong patriarchal blessing, binabasa at pinagninilayan ba ninyo ito nang madalas? Nananalig ba kayo sa mga pangako ng Panginoon?***

# ALAM NAMIN KUNG NASAAN SIYA

**Ni Hernando Basto**

*Ang tuon natin bilang walang-hanggang pamilya ay laging nakasentro sa Diyos.*



Nang sumungaw ang mukha ng dalawang binata sa bandang itaas ng pintuan sa aming tahanan sa Colombia, akala namin ay may tinutuntungan sila para makasilip sa pintuan. Hindi pala; napakatangkad lang talaga nila! Tiningala sila ng aming tatlong-taong-gulang na anak na si Pablo Ezequiel na namamangha. Sa loob ng ilang araw sila ay matatalik na niyang kaibigan.

Hinahanap noon ng aming pamilya—si Ludy, ang asawa ko; si Erika; si Yesica; at ang munting si Ezequiel—ang Panginoon. Ipinamumuhay na namin noon ang ilang alituntunin ng ebanghelyo: nagdarasal kami sa oras ng pagkain, nagdarasal kami bilang pamilya, at may mga aktibidad kami sa pamilya. Ang aming buhay ay batay sa pagkakaisa ng aming pamilya. Pinagtibay ng pagdating ng dalawang "malalaking anghel" na iyon, na siyang tawag ni Ezequiel sa mga Elder, ang mga gawi naming patatagin ang pamilya at magtuon sa Diyos.

Gamit ang mga banal na kasulatan bilang kanilang gabay, itinuro sa amin nina Elder Fa at Elder Fields ang landas na dapat tahakin. Matagal na naming itinatanong sa Panginoon kung saan kami dapat sumamba. Sinagot ng Aklat ni Mormon at ng ipinanumbalik na ebanghelyo ang bawat tanong namin sa nagdaang mga taon sa mga talakayan namin sa pamilya. Akmang-akma ang mga sagot, at agad kaming naging miyembro ng Simbahan. Pagkaraan ng isang taon nakipagtipan kami at sama-samang nabuklod bilang walang-hanggang pamilya sa Bogotá Colombia Temple.

Tuwang-tuwa kami dahil alam naming nailagay namin ang aming mga anak sa landas ng ebanghelyo. Ang Espiritu ay nasa aming buhay at tahanan, at si Ezequiel, na noon ay apat na taon, ay nag-alay ng isang panalanging hinding-hindi namin malilimutan. Sabi niya, "Mahal na Ama sa Langit, nagpapasalamat po kami dahil ako po ay guwapong bata, amen." Sumagot kaming lahat ng amen at nagyakapan kami habang nakangiti. Ang batang iyon ang aming kagalakan.

Nang sumunod na mga taon, nakaugalian na naming magpunta sa templo nang regular at nakakapunta kami nang dalawa o tatlong beses bawat taon. Ang bahay namin ay 420 km (260 milya) mula sa templo, pero hinding-hindi namin naisip na malayo iyon. Ang paghahanda sa pagpunta sa templo ay laging masaya para sa amin. Ang gawain sa family history ay isang priyoridad para sa aming mga anak, at gustung-gusto nilang magpabinyag para sa mga patay. Laging may mapitagang paghahanda at selestiyal na karanasan sa bahay ng Panginoon.

Lumakas ang espirituwalidad at pananampalataya ni Ezequiel. Ang kanyang ina ang pinakamahalaga niyang yaman. Lagi siyang may natatanging papuri para sa kanyang ina. Isang araw sinabi niya sa kanyang ina, "Inay, mas mahal kita kaysa mga buto ng dinosaur!" Nagtawanan kaming lahat dahil paghahanap ng mga buto ng dinosaur ang paborito niyang aktibidad.

Ibinahagi ng mahal naming anak na si Ezequiel ang 14 na taon ng kanyang buhay sa aming piling sa ebanghelyo na nagbibigkis sa amin. Lagi siyang mabilis sumunod. Nadama sa aming tahanan ang kanyang pagmamahal. Ang mga kapatid niyang babae at mga Banal sa mga banal na kasulatan



PAGLALARAWAN NI MICHAEL T. MALM

ang kanyang mga huwaran. Siya ay puno ng buhay at sigla. Wala siyang pinalampas na klase sa seminary. Pinuno niya ng saya ang aming tahanan. Mapitagan siya kapag nagpapasa siya noon ng sakramento. Ngunit nagbago ang buhay namin nang mamatay si Ezequiel at pinauwi sa ating Ama sa Langit. Hindi namin mailarawan ang pangungulila namin sa kanya.

Pumanaw siya dahil sa isang di-pangkaraniwang impeksyon. Sa kabila ng matinding sakit ng kanyang paglisan, natitiyak namin na makakapiling namin siyang muli. Iyon ang pangako sa amin nang mabuklod kami sa templo. Ang kahungkagang iniwan ng kanyang pagpanaw ay puno ng kaalaman na siya ay pinagmisyon ng Panginoon sa ibang lugar. Napakaespesyal ng serbisyo sa burol ni Ezequiel kaya't maraming tao ang nahikayat na alamin ang tungkol sa Simbahan. Inaasam-asam ko na magmimisyon siya, at nagmimisyon na siya ngayon. Dahil sa plano ng kaligtasan, alam namin kung nasaan si Ezequiel at sino ang kanyang kasama.

Nakatuon pa rin kami sa aming pamilya at sa Diyos. Pinatototohanan namin na ang Diyos ay buhay at may plano para sa ating buhay. Kailangan naming patuloy na manampalataya. Ang pagkawala ng isang mahal sa buhay ay nagpapaalala sa amin tungkol sa banal na plano.

Ang ilan sa lubos na nakapapanatag na mga salitang natagpuan namin ay mula kay Propetang Joseph Smith. Sa aming puso kinikilala namin ang katotohanan nito: "Maraming taong kinukuha ang Panginoon, kahit mga sanggol pa lamang, upang matakasan nila ang inggit ng mga tao, at ang kalungkutan at kasamaan ng daigdig ngayon; napakadalisay nila, napakaganda, para mamuhay sa mundo; samakatwid, kung tutuusin, sa halip na magdalamhati ay may dahilan tayong magalak dahil naligtas sila sa kasamaan, at hindi magtatagal at maaangkin natin silang muli" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 205).

Ang pag-asang makikitang muli si Ezequiel sa umaga ng Pagkabuhay na Mag-uli ay nagpapalakas sa aming kaluluwa at tinutulungan kaming tiisin ang mga hirap. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Colombia.*

*Para makapanood ng isang nagbibigay-inspirasyong video tungkol sa epekto ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas sa ating buhay, bumisita sa easter.mormon.org.*

# MGA BALITA SA SIMBAHAN

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Itinalagang mga Bagong Lider ng Area

Ibinalita ng Unang Panguluhan ang mga pagbabago sa mga tungkulin ng mga pamunuan sa area, simula Agosto 1, 2014. Lahat ng miyembro ng mga Area Presidency ay mga miyembro ng Una o Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Ang Pitumpu ay tinatawag sa pamamagitan ng paghahayag, sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, upang tulungan ang Korum ng Labindalawang Apostol sa kanilang paglilingkod sa iba't ibang dako ng mundo.

"Ang kasaysayan ng mga Pitumpu ay talagang nagsimula sa panahon ng Lumang Tipan," sabi ni Pangulong Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawang Apostol.[1] Ang unang pagbanggit sa Pitumpu ay matatagpuan sa Exodo 24:1, at tinukoy kalaunan sa Mga Bilang 11:16–17, 25, nang tipunin sila para tulungan si Moises.

Noong mortal na ministeryo ni Cristo, tinawag Niya ang Pitumpu, pinagbilinan sila sa paraang katulad ng pagbibilin Niya sa Labindalawang Apostol, at isinugo sila mula sa kanyang harapan, na ipinaliliwanag na yaong mga nakarinig sa kanilang tinig ay maririnig ang Kanyang tinig (tingnan sa Mateo 10:1, 16–17; Lucas 10).

"Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa sinaunang Simbahan," sabi ni Pangulong Packer. "At kabilang dito ang mga Pitumpu." (Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6.) Sa Simbahan ngayon na mabilis na lumalago, mahalaga ang tungkulin ng Pitumpu sa pagtulong sa Labindalawa. "Magagawa ng mga Pitumpu ang anumang iutos ng Labindalawa na gawin nila," sabi ni Pangulong Packer.[2] ■


**MGA TALA**


1. Boyd K. Packer, sa "The Twelve and the Seventy, Part One: Revelation and the Role of the Seventy [Ang Labindalawa at ang Pitumpu, Unang Bahagi: Paghahayag at ang Papel ng Pitumpu]" (video), LDS.org.
2. Boyd K. Packer, sa "The Twelve and the Seventy [Ang Labindalawa at ang Pitumpu]."


### Panguluhan ng Pitumpu


Ronald A. Rasband
**Nakaalalay sa lahat ng area**



L. Whitney Clayton
**Utah North**
**Utah Salt Lake City**
**Utah South**


Donald L. Hallstrom
**North America Northeast**



Richard J. Maynes
**North America Northwest**
**North America West**



Craig C. Christensen
**Idaho**
**North America Central**



Ulisses Soares
**North America Southeast**


Lynn G. Robbins
**North America Southwest**


### Africa Southeast



Stanley G. Ellis
**Unang Tagapayo**



Carl B. Cook
**Pangulo**


Kevin S. Hamilton
**Pangalawang Tagapayo**


### Africa West


Terence M. Vinson
**Unang Tagapayo**



LeGrand R. Curtis Jr.
**Pangulo**


Edward Dube
**Pangalawang Tagapayo**

### Asia


Randy D. Funk
**Unang Tagapayo**


Gerrit W. Gong
**Pangulo**


Chi Hong (Sam) Wong
**Pangalawang Tagapayo**



**Ni Elder**
**Yoon Hwan Choi**
Ng Pitumpu

# Magpakalakas AT Magpakatapang NA Mabuti

"Sabi ng pinuno ng presidential guard, magkakaroon tayo ng malaking party dahil napakaganda raw ng trabaho natin!" sigaw ng isa sa mga guwardiya.

Dapat ay masaya ako, pero nang marinig ko ang balita, nagsimula akong magdasal. Alam ko na ang pagdiriwang namin ay mauuwi sa inuman. Sapat ang espirituwal na lakas ko para hindi uminom, pero ayaw kong mahirapan ang mga kapwa ko guwardiya nang dahil sa akin.

Sapilitan ang pagpasok sa militar para sa lahat ng binatang South Korean, kaya sumali ako sa hukbo pagkatapos kong magmisyon. Nadestino ako sa presidential guard. Alam ng mga kapwa ko guwardiya na hinding-hindi ako iinom ng anumang alak dahil miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nang ibalita ang party, nagsimula silang kabahan dahil magkakaproblema sila kung hindi ako iinom kapag inutusan kami ng kumander namin na uminom sa party.

May tradisyon noon na sa mga pagdiriwang tatayo ang kumander sa harap ng bawat guwardiya, isa-isa, at pupunuin ng alak ang baso ng guwardiya. Pagkatapos ay itataas ng guwardiya ang baso at sasabihing, "Salamat, sir!" at iinumin kaagad ang alak.

Sa buhay ng sundalo, ang pagsuway sa anumang utos ng isang senior officer ay pagrerebelde at maaaring magkaproblema nang malaki hindi lamang ang taong sumusuway kundi maging ang mga miyembro ng kanyang pulutong. Ang pinakamalala, ang pagrerebelde ay maaari pang mauwi sa pagkabilanggo, at dito kinakabahan ang mga kapwa ko guwardiya.

Dumating ang araw ng party, at naupo kaming 10 guwardiya sa paligid ng mesa. Bawat isa ay may basong walang laman sa kanyang harapan. Nakaupo ako sa ikatlong silya. Pumasok ang kumander namin at pinuno ang unang baso. Itinaas ng guwardiya ang baso niya at sinabing, "Salamat, sir!" Pagkatapos ay uminom siya.



MGA PAGLALARAWAN NI MICHAEL S. PARKER

Lumipat ang kumander namin sa pangalawang guwardiya at gayon din ang ginawa. Pagkatapos ay ako naman. Handa akong sundin ang Word of Wisdom, at patuloy akong nagdasal nang tahimik para sa kapakanan ng mga kapwa ko guwardiya. Nang punuin ng kumander namin ang baso ko, malakas kong sinabing, "Salamat, sir!" Pagkatapos ay hihingi sana ako ng paumanhin dahil hindi ako maaaring uminom.

Sa sandaling iyon, pumasok ang kanyang secretary at sinabing, "Sir, may tawag kayo sa telepono." Bumaling sa kanya ang kumander namin at sinabing, "May ginagawa ako."

Hawak ko pa rin ang baso nang idagdag ng secretary, "Sir, ang pangulo po iyon." Sumagot ang kumander namin, "Ah, OK," at agad siyang umalis.

Biglang ipinalit ng pangalawang guwardiya ang baso niyang walang laman sa baso ko at mabilis na ininom ang alak. Di-nagtagal nagbalik ang kumander namin, nakitang wala nang laman ang baso ko, at sinabi, "Ah, ininom mo na pala!" Pagkatapos ay lumipat na siya sa pang-apat na guwardiya. Nakahinga nang maluwag ang lahat at napanatag.


Pagkaraan ng tatlumpu't limang taon, matagal na akong tapos sa tungkulin ko sa military, nang makatanggap ako ng tawag mula sa isang branch president ng Simbahan sa South Korea. Itinanong niya kung naaalala ko ang isang Mr. Park na kasama ko sa militar.

"Siyempre po," sagot ko. Nakasama ko sa hukbo si Mr. Park, at iginalang niya ang mga paniniwala ko at madalas niya akong protektahan sa mahihirap na sitwasyon.

Ibinigay sa akin ng branch president ang numero ng telepono ni Mr. Park, at tinawagan ko siya kaagad. Habang kausap ko siya, sinabi sa akin ni Mr. Park na noong magkakasama kami bilang mga presidential guard, may nakita siyang liwanag mula sa akin at nadama niya na dapat niya akong tulungan. Pagkatapos, tuwing mahihirapan siya, iniisip daw niya ako.

Sabi sa akin si Mr. Park, may dalawa siyang anak na lalaki na gusto niyang maging katulad ko. Isinama pa niyang magsimba ang mga anak niya sa isang chapel ng mga Banal sa mga Huling Araw. Isa sa kanila ang nabinyagan na, bagamat hindi pa nabibinyagan si Mr. Park. Gayunman, hindi na gaanong aktibo ngayon ang kanyang anak. Gusto ni Mr. Park na tulungan at payuhan ko siya.

Pinuntahan ko si Mr. Park pagkaraan ng isang linggo. Naging masaya naman ang pag-uusap namin, at hindi nagtagal ay nakausap ko ang kanyang anak at hinikayat itong bumalik sa Simbahan. Mapagpakumbaba niyang



*Tatlumpu't limang taon matapos makita ni Mr. Park ang matibay kong pananampalataya habang sama-sama kaming naglilingkod sa militar, bininyagan ko siya bilang miyembro ng Simbahan.*

tinanggap ang payo ko, naging aktibo, at nagmisyon. Sa mga pagliham niya sa pamilya habang nasa misyon, hinikayat niya ang kanyang ama at tinulungan itong maghanda para sa binyag. Isang araw ng tag-init nang sumunod na taon pagkatapos ng unang pag-uusap namin, bininyagan ko si Mr. Park bilang miyembro ng Simbahan.

Kaylaking himala! Nabago ang kanilang buhay dahil sa pananampalataya ng isang binata 35 taon na ang nakararaan.

## Pag-iwas sa mga Patibong at Bitag

Sa Lumang Tipan, tinuruan ni Josue ang mga anak ni Israel tungkol sa mga patibong at bitag na makakaharap nila habang narito sila sa masamang mundong ito:

"Tatalastasin ninyong lubos na hindi pa palalayasin ng Panginoon ninyong Dios ang mga bansang ito sa inyong paningin: kundi sila'y magiging silo [patibong] at lalang [bitag] sa inyo, at panghampas sa inyong tagiliran at mga tinik sa inyong mga mata hanggang sa kayo'y malipol dito sa mabuting lupain na ibinigay sa inyo ng Panginoon ninyong Dios" (Josue 23:13).

Para sa akin, ang pag-aakalang magkakaroon ng problema ang mga kapwa ko guwardiya dahil sa akin ay isang bitag na maaaring tumukso sa akin na uminom ng alak. Gayunman, pinili ko ang tama at handa akong sundin ang Word of Wisdom anuman ang mangyari.

Natutuhan ko sa aking karanasan sa militar na pagpapalain at poprotektahan ng Panginoon ang Kanyang mga anak kung tayo ay "magpa[pa]kalakas at magpa[pa]katapang na mabuti" (Josue 1:6). Halimbawa, pinrotektahan

Niya ang mga Israelita nang tawirin nila ang Ilog Jordan. Ngunit ipinakita muna ng mga saserdoteng nagdala ng kaban ng tipan ang kanilang pananampalataya at tapang sa pagpasok sa umaapaw na ilog. Noon lamang ginawa ng Panginoon na "[mahawi] . . . ang tubig" at ang ilog na "[mag-isang] bunton" (tingnan sa Josue 3:13–17).

Para "magpakalakas . . . at magpakatapang na mabuti," kailangan nating "lumakip sa Panginoon" (Josue 1:6; 23:8). Lumalakip tayo sa Panginoon kapag nagdaos tayo ng personal at pampamilyang pag-aaral ng banal na kasulatan, personal at pampamilyang panalangin, at family home evening. Lumalakip din tayo sa Kanya kapag nakibahagi tayo ng sakramento, ginampanang mabuti ang ating mga tungkulin, sumamba sa templo nang madalas, sinunod ang mga utos, at nagsisi kapag nagkasala tayo. Ang mga kaugaliang ito ay nagtutulot sa Espiritu Santo na manatili sa atin at tinutulungan tayong makilala at maiwasan ang mga patibong at bitag.

"Simula sa ating pagkabata, yaong mga may responsibilidad na alagaan tayo ay nagtakda ng mga tuntunin at patakaran para tiyakin ang ating kaligtasan," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson. "Mas magiging madali ang buhay sa ating lahat kung lubos nating susundin ang mga tuntunin. . . .

"Ang pagsunod ay katangian ng mga propeta; ito ay nagbibigay ng lakas at kaalaman sa kanila sa lahat ng panahon. Mahalaga sa atin na maunawaan na matatamo rin natin ang lakas at kaalamang ito. Ito ay madaling makamtam ng bawat isa sa atin kapag sinusunod natin ang mga utos ng Diyos."[1]

## Pagsulong nang May Pananampalataya

Hindi nagtagal matapos tawagin si Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, bilang General Authority, nagpunta siya kay Elder Harold B. Lee (1899–1973) para humingi ng payo. Paggunita ni Pangulong Packer:


"Pinakinggan niyang mabuti ang aking problema at iminungkahing makipagkita ako kay Pangulong David O. McKay [1873–1970]. Pinayuhan ako [ni] Pangulong McKay kung anong direksiyon ang dapat kong tahakin. Gustung-gusto kong sumunod ngunit wala akong nakitang posibleng paraan upang magawa ko ang ipinayo niya.

"Nagbalik ako kay Elder Lee at sinabi ko sa kanyang wala akong makitang paraan upang tahakin ang direksiyong ipinayo sa aking tahakin. Sinabi niyang, 'Ang problema sa iyo ay nais mong malaman ang resulta bago ka magsimula.' Sinabi ko na nais kong makita man lamang ang isa o dalawang hakbang nito. Sa gayon ay itinuro niya sa akin ang isa sa pinakamahalagang aral sa aking buhay. 'Kailangang matuto kang lumakad sa gilid ng liwanag, at humakbang ng ilang hakbang patungo sa kadiliman; sa gayon ang liwanag ay lilitaw at ituturo sa iyo ang daan sa unahan.'"[2]

Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, kung minsan ay nais nating unawain nang detalyado ang mga bagay na kailangan nating tanggapin o isagawa nang may pananampalataya. Gayunman, hindi natin kailangang maunawaan ang lahat ng bagay. Kailangan lang nating sumulong tulad ng ipinagagawa sa atin ng Panginoon at tulad ng ginawa ng mga saserdote ng mga Israelita sa pagpasok sa umaapaw na Ilog Jordan. Bagama't hindi natin nakikita o nauunawaan ang lahat ng bagay, tutulungan tayo ng Panginoon na lumakad sa tuyong lupa kung tayo ay "magpa[pa]kalakas at magpa[pa]katapang na mabuti."

Magkakaroon tayo ng kapangyarihang maging matatag kapag ipinamuhay natin ang Kanyang salita—na hinahangad at sinusunod ang Kanyang patnubay sa mga banal na kasulatan at mula sa Kanyang mga lingkod. Oo, nabubuhay tayo "sa teritoryo ng kaaway,"[3] subalit hindi madaraig ng kaaway ang Panginoon, na ating Tagapagligtas, na isinugo upang tulungan at iligtas tayo.

Alam ko na maaari tayong maging mga tunay na disipulo ni Jesucristo sa "pagsunod at pagiging matatag sa doktrina ng ating Diyos."[4] Kapag nagpakatapang tayong gawin ito, tumatayo tayo sa mga banal na lugar, saanman tayo naroon. ■



### TAPANG NA MANINDIGAN PARA SA PRINSIPYO

"Lahat tayo ay daranas ng takot, pangungutya, at pagsalungat. Nawa'y magkaroon tayo—lahat tayo—ng tapang na salungatin ang gusto ng nakakarami, ng tapang na manindigan para sa prinsipyo. Katapangan, hindi kompromiso, ang kinalulugdan ng Diyos. Ang katapangan ay nagiging isang tunay at kasiya-siyang katangian kapag ito ay itinuring hindi lamang bilang kahandaang mamatay kundi ng determinasyong mamuhay nang marangal."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti," *Liahona,* Mayo 2014, 69.**

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala," *Liahona,* Mayo 2013, 89, 90.
2. Boyd K. Packer, "The Edge of the Light," *BYU Today,* Mar. 1991, 22–23; tingnan din sa *Lumang Tipan: Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (2001), 102.
3. Boyd K. Packer, "Payo sa Kabataan," *Liahona,* Nob. 2011, 16.
4. Robert D. Hales, "Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar," *Liahona,* Mayo 2013, 51.













# Tonga
## ISANG LUPAING INILAAN SA DIYOS

**Ni Harvalene K. Sekona**
Prinsipal ng Liahona Middle School, Tonga

Wala pang isang dekada matapos maorganisa ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa New York, USA, bumaling sa Kristiyanismo ang isang kahariang pulo na libu-libong milya ang layo sa malawak na Pacific Ocean. Noong 1839 inilaan ni Haring George Tupou I ng Tonga ang kanyang bansa, mga tao, at mga inapo sa pangangalaga ng Diyos. Ang pahayag ng hari na "ang Diyos at ang Tonga ang aking mana" ay naging sawikain ng Tonga. Malaki ang ginagampanang papel ng relihiyon sa Tonga dahil sa pamanang ito; hanggang ngayon, ginugunita ng bawat Tongan ang Sabbath bilang araw ng pagsamba.

### Ang mga Unang Missionary

Habang naglilingkod sa Samoa Mission, inatasan sina Elder Brigham Smoot at Alva Butler na dalhin ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga isla ng Tonga. Pagdating nila noong 1891, nakipag-usap sila kay Haring George Tupou I, na pinahintulutan silang ipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo. Sa nakahihikayat na mga posibilidad, marami pang missionary ang pinapunta sa mga isla at masigasig nilang ipinalaganap ang ebanghelyo. Nakakalungkot na hindi naging kasing-unlad ng mga isla ng Tahiti, Hawaii, New Zealand, at Samoa sa Polynesia ang Simbahan sa Tonga. Noong 1897 pinabalik sa Samoa ang mga missionary, at panandaliang naiwan ang iilang miyembro sa Tonga na walang pinuno ng Simbahan.

MGA LARAWANG KUHA NINA SOANA TAUFA AT CARTER FAWSON, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; KALIWA ITAAS: LARAWANG KURA NG PROSIACZEG/ISTOCK/THINKSTOCK; KALIWA GITNA: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY



*Noong 1891, kinausap nina Elder Brigham Smoot at Elder Alva Butler si Haring George Tupou I at pinahintulutan sila nitong ipangaral ang ebanghelyo sa kanyang mga tao.*


## Pagtatatag ng Isang Sibilisasyong Kristiyano

Nang lumaganap ang ebanghelyo sa buong kapuluan, iba't ibang paaralan ng Simbahan ang itinatag. Noong 1947 umupa ng isang malaking lote ang Simbahan at nagsimulang magtayo ng bagong paaralan, ang Liahona College, na kilala ngayon bilang Liahona High School.

Inilaan noong 1953 ni Elder LeGrand Richards (1886–1983) ng Korum ng Labindalawang Apostol, ito ang maging "gabay na liwanag" sa lahat ng papasok, at maghahanda sa mga kabataan na maging mga pinuno at maging impluwensya para sa kabutihan ng iba. Naroon din sa paglalaan si Reyna Salote Tupou III, na pinagtibay ang paaralan bilang kasangkapan sa pagtatayo ng isang "sibilisasyong Kristiyano" na pinagkakaisa ang mga tao sa lahat ng antas ng lipunan.

**TIME LINE**

*► 1839: Inilaan ni Haring George Tupou I ang Tonga sa Kristiyanismo.*



*1891: Ipinadala ang mga unang Latter-day Saint missionary sa Tonga.*

*1892: Ang unang convert na si Alipate ay nabinyagan at nakumpirma.*

*1897: Isinara ang misyon at nagbalik ang mga missionary sa Samoa.*



*◄ 1907: Ipinagpatuloy ang gawaing misyonero; nagbukas ang Simbahan ng isang paaralan sa Neiafu.*

## Isang Lahing Naaalala

*"Hindi ba ninyo alam na ako, ang Panginoon ninyong Diyos, . . . [ay] naaalala ko yaong mga nasa pulo ng dagat?" (2 Nephi 29:7).*

Hindi kinalimutan ng Panginoon ang mga Banal sa kahariang pulo ng Tonga. Noong 1907, dumating sina Elder Heber J. McKay at Elder W. O. Facer sa Neiafu, Vava'u, kung saan nila sinimulan ang isang branch at isang maliit na paaralan. Hindi nagtagal nagsimulang umunlad ang gawaing misyonero, at ilang branch at paaralan ng Simbahan ang itinatag sa buong kapuluan nang sumunod na ilang taon.

Tulad sa iba pang mga lugar sa mundo, may mga kumalaban din sa Simbahan sa Tonga, ngunit sa pagkakataong ito ay mananatili rito ang ebanghelyo. Nang umunlad ang gawaing misyonero, tumawag ng mga lider ng Simbahan mula sa mga miyembrong Tongan kaya't nang ilikas ang mga dayuhan, tulad noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, patuloy na umunlad ang Simbahan.

Mula nang itatag ang paaralan, libu-libong nagtapos sa Liahona High School ang naglingkod bilang missionary, mga lider ng Simbahan, at kilalang mga lider sa komunidad.

Ngayo'y may dalawang high school na itinataguyod ng Simbahan sa Tonga: ang Liahona High School, sa malaking pulo ng Tongatapu, at ang Saineha High School, sa pulo ng Vava'u. May lima ring middle school na itinataguyod ng Simbahan: tatlo sa Tongatapu, isa sa 'Eua, at isa sa Ha'apai.

## Isang Propesiyang Natupad

Nang bumisita si Pangulong David O. McKay (1873–1970) at ang kanyang asawang si Emma Ray sa Tonga noong 1955, parang maharlika ang turing sa kanila ng mga Banal. Iyon ang unang pagbisita ng isang Pangulo ng Simbahan sa mga isla o kapuluan. Sa maikling pagbisita nila sa Tongatapu at Vava'u, nagdaos sila ng mga miting ng mga miyembro at nadama nila ang kanilang pagmamahal at katapatan nang magtanghal ng mga tugtog at sayaw at magbigay ng mga mensahe at piging ang mga Tongan. Nang bumisita si Pangulong McKay sa mga Banal sa Vava'u, nagkaroon siya ng inspirasyong ihayag na

nakakita siya ng pangitain tungkol sa “isang templo sa isa sa mga pulong ito, kung saan maaaring pumunta ang mga miyembro ng Simbahan at tumanggap ng mga pagpapala ng templo ng Diyos.” Itinala ng isang miyembro ang tugon ng mga Tongan: “Napaluha ang buong kongregasyon.”[1]

Pagkaraan ng halos 30 taon, noong Agosto 1983, ang Nuku’alofa Tonga Temple ay inilaan ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), na noon ay tagapayo sa Unang Panguluhan. Naaalala ko na noong tinedyer pa ako ay nagdatingan ang mga Banal sa mga Huling Araw mula sa mga karatig-pulo at ang mga Tongan mula sa kabilang karagatan para sa pinagpalang okasyon. Nagkaroon ako ng pribilehiyong dumalo sa isa sa mga sesyon sa paglalaan at maging bahagi ng koro. Naaalala ko na ang saya-saya ko nang marinig kong magsalita si Pangulong Hinckley, at nalaman ko noon na siya ay tinawag ng Diyos. Nang kumanta kami ng “Hosanna Anthem,” naunawaan ko rin kung gaano kamahal ng Panginoon ang Kanyang mga anak.

Laging inaalala ng Tagapagligtas ang mga tao sa mga pulo ng dagat, at sa araw na iyon ay natupad ang propesiya ni Pangulong McKay.

### Muling Paglalaan ng Bahay ng Panginoon

Dahil sa paglago ng Simbahan sa Tonga, isinara ang templo nang dalawang taon para sa renobasyon. Kabilang sa mga ginawa ang pinalaking mga silid, nagdagdag ng isang sealing room, at idinagdag ang mga Polynesian motif sa mga dingding at kisame.

Sa pagsisimula ng 2007, tinawag kaming mag-asawa para mamahala sa isang kultural na pagdiriwang para sa muling paglalaan ng templo. Ang kaganapan ay idaraos sa Nobyembre 3, isang araw bago ang mga sesyon sa muling paglalaan.

Ang pakay namin ay isali ang maraming kabataan hangga’t maaari mula sa mga stake sa Tongatapu at makabuo ng isang pagtatanghal na espirituwal na maghahanda sa mga Banal para sa paglalaan ng templo kinabukasan. Ang kaganapan ay ibobrodkast at ipapalabas nang live sa malalayong pulo gayundin sa mga Tongan stake sa iba’t ibang dako ng daigdig, kaya malaking trabaho ito.

Ang produksyon ay pinamagatang “Kayamanang Nagtatagal.” Binuo ito ng mga katutubong sayaw ng Tonga, Hawaii, Tahiti, New Zealand, Fiji, at Samoa. Ang kuwento ay tungkol sa isang mag-asawa na, nang mamatay ang bata pang anak, ay naghanap ng kayamanan sa maraming pulo sa Polynesia na magpapalubag sa kanilang pagdadalamhati. Bagama’t nakakita sila ng magagandang bagay sa bawat pulo, walang makapawi ng kanilang pasakit. Pagbalik nila sa Tonga, itinuro sa kanila ng mga misyonero ang ebanghelyo


*1916: Inorganisa ang Tongan Mission.*

*1922: Isang exclusion law ang nagbawal sa mga banyagang missionary na pumasok sa Tonga.*



*◄ 1924: Pinawalang-bisa ang exclusion law dahil sa pagsisikap ng mga miyembro sa lugar at ng mission president na si M. Vernon Coombs.*

*1926: Nagbukas ang Simbahan ng isang paaralan na tinawag na The Makeke, na ibig sabihin ay “magbangon at gumising.”*




*◄ 1946: Inilathala ang Aklat ni Mormon sa wikang Tongan.*



***Noong bata pa siyang Apostol, bumisita si Pangulong Thomas S. Monson (gitna) sa Tonga noong 1965. Kasama niya ang mission president na si Patrick Dalton at ang asawa nitong si Lela.***

PAKIKIPAGKITA SA HARI NG TONGA, NI CLARK KELLEY PRICE © IRI; LARAWAN NI PANGULONG MONSON © THOMAS S. MONSON







at nalaman nila ang tungkol sa "kayamanang nagtatagal"—mga walang-hanggang pamilya at pagpapala na balang-araw ay muli nilang makakapiling ang kanilang pumanaw na anak.

Sa buong linggo ng muling paglalaan, napakalakas ng ulan. Sa huling praktis namin, noong Nobyembre 2, makulimlim ang kalangitan. Pinauwi ko ang mga kabataan at ipinagdasal kong gumanda ang panahon para makapagtanghal sila para sa Tonga at sa mga taong manonood sa pamamagitan ng satellite, lalo na ang propeta. Nang gabing iyon umulan nang malakas, at kinabukasan ay nagbabanta pa ring umulan.

► *1953: Inilaan ni Elder LeGrand Richards ang Liahona High School; ito ay naging isa sa pinakamalalaki at napakamatagumpay na mga paaralan sa Tonga.*



► *1955: Bumisita si Pangulong David O. McKay sa Tonga.*



*1960: Isinalin ang Doktrina at mga Tipan at Mahalagang Perlas sa wikang Tongan.*

*1968: Nilikha ang unang stake sa Tonga, ang Nuku'alofa Stake.*







Pagsapit ng Sabado ng gabi, 3,000 kabataan ang nagtipon sa Teufaiva Stadium para makinig kay Elder Russell M. Nelson ng Korum ng abindalawang Apostol, na ipinadala roon upang muling ilaan ang templo dahil mahina na ang katawan ni Pangulong Hinckley. Hindi ko kailanman malilimutan ang pagtatanghal. Lahat ay nangyari ayon sa plano. Napakaganda ng panahon, ang sound system na hindi gumana dati ay gumana nang maayos, at ang mga kabataang lalaki at babae ay masiglang nangagsayawan.

Nasaksihan namin ang isang himala. Dininig ng Ama sa Langit ang mga panalangin ng Kanyang mga anak at pinatigil ang ulan. Kasabay nito, nagawa naming espirituwal ang kapaligiran para sa paglalaan ng templo kinabukasan, ipinapaalala sa mga miyembro na ang mga walang-hanggang pamilya ang kayamanang nagtatagal at na itinatayo ang mga templo para mapasakanila ang mga pagpapalang iyon.

## Isang Lahing Tapat sa Panginoon

Ngayo'y patuloy na lumalago ang Simbahan sa Tonga, at mga katutubong miyembro ang namumuno. Maraming chapel sa kapuluan, at ang pagdami ng mga missionary ay nagpapabilis sa gawain. Ang mga paaralan ng Simbahan ay matatag na nakatayo at patuloy na naghahanda ng magigiting na missionary, mga lider sa hinaharap, at karapat-dapat na mga ina at ama.



***Tumulong ang mga missionary na ilulan ang mga relief supply na ipinadala mula sa Tongatapu patungong Ha'apai matapos tamaan ng bagyo ang hilagang kapuluan ng Tonga noong Enero.***

Ang mga Banal ay hindi na kailangang bumiyahe nang gayon kalayo na sakay ng barko papunta sa malaking pulo para sa pangkalahatang kumperensya. Sa halip, dahil sa teknolohiya nananatili na ang mga miyembro sa kanilang stake para panoorin ang pangkalahatang kumperensya at ang mga area conference broadcast mula sa New Zealand.

Sa kabila ng maraming pagbabagong nangyayari sa Tonga, patuloy sa pagsampalataya ang mga Banal. Sila ay isang lahing inilaan sa Diyos 175 taon na ang nakararaan. Sila ay isang lahi na ngayon ay patuloy na inilalaan sa Panginoon ang kanilang buhay at lahat ng mayroon sila. ■

**TALA**

1. R. Lanier Britsch, *Unto the Islands of the Sea: A History of the Latter-day Saints in the Pacific* (1986), 472.

## PAG-UNLAD NG SIMBAHAN SA TONGA *

| | |
|---|---|
| **1897** | 15 |
| **1917** | 517 |
| **1930** | 1,185 |
| **1950** | 2,975 |
| **1970** | 15,842 |
| **1990** | 35,227 |
| **2000** | 46,623 |
| **2013** | 61,470 |

Mga Templo: 1
Mga Stake: 19
Mga District: 2
Mga Mission: 1




** Hanggang nitong Enero 2014*



*◄ 1976: Bumisita si Pangulong Spencer W. Kimball sa Tonga at nagsalita sa 10,600 miyembro sa isang area conference sa Nuku'alofa.*

*► 1983: Inilaan ang Nuku'alofa Temple.*



*1991: 3,000 kabataang LDS ang nagtanghal para kay Haring Tau-fa'ahau Topou IV sa ikasandaang taong pagdiriwang ng pagkakatatag ng Simbahan.*

*1997: Bumisita si Pangulong Gordon B. Hinckley sa Nuku'alofa, nagsalita sa mga 11,400 tao, at nakipag-usap sa hari.*

*2007: Muling inilaan ang Nuku'alofa Temple.*

## ANG PANANAMPALATAYA NG KANYANG MGA NINUNO

Mula nang dumating ang mga unang Mormon missionary, maraming dakilang himala na ang nangyari sa gawain ng Panginoon sa Tonga. Isang gayong himala ang nangyari noong Hunyo 13, 2010, nang mabinyagan si Lord Fulivai at ang kanyang pamilya. Si Lord Fulivai ang unang Maharlikang sumapi sa Simbahan. Siya ay apo-sa-talampakan ni 'Iki Fulivai, isang maharlika mula sa Vava'u, na nagpabalik sa mga Latter-day Saint missionary sa Tonga noong 1907.

Si Lord Fulivai ay nabinyagan kasabay ng kanyang asawang si Lady Helen, at ang kanilang dalawang nakatatandang anak; wala pang walong taong gulang ang bunso noon. Dumalo sa makasaysayang kaganapang ito ang mga temple, mission, at stake president, pati na ang mga kilalang lider ng pamahalaan, iba pang mga maharlikang tao, at mga kapamilya.

Pagkaraan ng isang taon, noong Hunyo 16, 2011, nabuklod ang pamilya Fulivai para sa panahong ito at sa lahat ng kawalang-hanggan sa Nuku'alofa Tonga Temple.

Nagkaroon ako ng pribilehiyong makausap ang pamilya Fulivai kamakailan. Nang hilingang tukuyin ang pinakadakilang pagpapala ng pagsapi sa Simbahan, sumagot si Lady Fulivai nang walang pag-aatubili na ito ay ang mga walang-hanggang pagpapala para sa mga pamilya. Ipinahayag ni Lord Fulivai na nasagot ng ebanghelyo ang napakatagal na niyang mga tanong. Naniniwala siya na ang ebanghelyo ang daan para makabahagi ang kanyang mga inapo sa mga pinakadakilang pagpapala ng Diyos.

MGA LARAWAN NINA PANGULONG MCKAY AT PANGULONG KIMBALL SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; LARAWAN NG PAGKAKAWANGGAWA NA KUHA NI TANIELA TAUFALELE; PAGLALARAWAN NG MGA PUNO NG ZZVE/ISTOCK/THINKSTOCK



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# Bakit Natin Ibinabahagi ang Ebanghelyo

*Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, bawat isa sa atin ay may layunin bilang missionary—ang anyayahan ang iba na lumapit kay Cristo.*


May tanong sa unang kabanata ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na angkop sa bawat miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw: "Ano ang layunin ko bilang misyonero?"

Ang sagot, na ibinuod sa isang pangungusap, ay ibinigay roon ayon sa sumusunod: "Imbitahin ang iba na lumapit kay Cristo sa pagtulong sa kanila na matanggap ang [ipinanumbalik] na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas."[1]

## Mga Miyembro Bilang mga Missionary

Hinihilingan tayong lahat na maging mga missionary. At para maging epektibo sa pagbabahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo, kailangan nating isaisip ang layuning ito, madama ito sa ating puso, tanggapin ito sa ating kaluluwa, at kumilos ayon dito. Kapag ginagawa natin ito, nagbibigay ito ng inspirasyon at gumagabay sa atin sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Dapat nating linawin ang pagkakaiba ng layunin ng pagbabahagi ng ebanghelyo, sa isang banda, at ng paraan para makamtan ang layuning iyon, sa kabilang banda.

Hindi natin layuning makilahok lamang sa mga talakayan tungkol sa ebanghelyo o makipag-usap kaninuman at sa lahat ng makakausap natin tungkol sa Simbahan o para lamang magtakda ng mga mithiin at magplano. Ang mga bagay na ito ay mahalaga, ngunit mga paraan ito para makamtan ang layunin, at ang layuning iyon ay ang madala ang mga tao kay Cristo.



## MAGING HANDANG MAGBAHAGI

"Ang mabuti ninyong pamumuhay ay mapapansin ng mga kaibigan at kapitbahay ninyo. Maging handang sagutin ang sinumang magtatanong kung bakit mabuti kayong namumuhay. Maghandang magbigay ng dahilan sa pag-asa at galak na nakikita nila sa inyo [tingnan sa I Ni Pedro 3:15]. Kapag may mga ganyang tanong, maaari ninyong isagot ang, 'Tanungin natin ang mga missionary! Matutulungan nila tayo!' "

**Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Makibahagi sa Kasiglahan ng Gawain,"** ***Liahona,*** **Mayo 2013, 45.**

### Nakasentro sa Layunin ng Missionary

Isipin ang ilang halimbawa ng mga resulta kapag ang ating mga pagsisikap na ibahagi ang ebanghelyo ay nakasentro sa layunin ng missionary:

1. Tuturuan natin ang mga tao sa paraan na talagang mauunawaan nila ang ebanghelyo at kung bakit at paano sila nararapat magsisi. Makikinig at tutugon tayo sa anumang nasa puso't isipan ng investigator.
2. Hahangarin at pakikinggan natin ang Espiritu Santo para malaman kung sino ang nakadama sa Espiritu habang nagsasalita tayo.
3. Ang pagpaplano—bilang mga pamilya, sa mga ward council, at kasama ang mga full-time missionary—ay magiging kasangkapan sa pagtiyak na ang mga bagay na kailangang mangyari upang makapagpabago ng buhay at makapagbinyag ay talagang natukoy, naalala, at nasubaybayan para sa bawat investigator.
4. Magagalak tayo sa pagkakataon nating magpakabusog sa salita ng Diyos dahil ang ating pag-aaral ay magkakaroon ng layunin. Maghahanap tayo ng mga sagot sa taos-pusong mga tanong ng ating mga investigator at maging sa sarili nating mga tanong.
5. Aanyayahan natin ang mga tao na dumalo sa mga miting ng Simbahan, hindi lamang dahil naniniwala tayo na iyon ang dapat nating gawin kundi dahil nauunawaan din natin na mahalagang makibahagi sa simbahan ang investigator para tumindi ang hangarin niyang magpabinyag at magkaroon siya ng pundasyong magtiis hanggang wakas sa tipan ng ebanghelyo. Nasasaisip ang pangunahing layuning iyon, ang paanyayang magsimba ay magkakaroon ng higit na kahalagahan, ang paliwanag tungkol sa kahalagahan ng pagsamba sa araw ng Sabbath at kung ano ang aasahan sa serbisyo ng mga Latter-day Saint sa araw ng Linggo ay mag-iiba, at ang lakas ng ating mga salita ay magkakaroon ng kakayahang manghikayat na hindi makakamtan kung hindi natin iyon iisipin.

### Pag-isipan at Unawain

Huwag sana ninyong balewalain ang kabanata 1 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* at ang tanong doon na "Ano ang layunin ko bilang misyonero?" Pag-isipan ang layuning magdala ng mga tao kay Cristo sa pamamagitan ng mga alituntunin at ordenansa ng ipinanumbalik na ebanghelyo, at mauunawaan ninyo na ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay hindi isang programa; ito ay isang layunin—ang layunin ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Pag-isipan ang layuning anyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo, at malalaman ninyo na hindi mauunawaan ng mundo ang nagbabayad-salang biyaya at kaligtasan kundi sa pamamagitan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Mauunawaan ninyo kung tungkol saan ang pagbabahagi ng ebanghelyo, at magiging abala kayo sa gawain ng inyong Ama. Malalaman ninyo na ang mga full-time missionary, tulad ng ginawa ng mga anak ni Mosias, ay nagtuturo "nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos" (Alma 17:3), at aanyayahan ninyo silang ituro ang ebanghelyo sa mga taong naanyayahan na ninyong "magsiparito . . ., at inyong makikita" (Juan 1:39).

### Ang Ating Paanyaya—Lumapit kay Cristo

Para sa akin, ang layunin ng missionary ay nakaugnay sa karingalan ng gawain at kaluwalhatian ng Diyos (tingnan sa Moises 1:39). Anong pagsisikap ang mas kamanghamangha kaysa pagdadala ng mga anak ng Diyos sa lubos na kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng kanilang Manunubos, ang Panginoong Jesucristo? Alalahanin na ang layunin natin bilang missionary ay hindi lamang para balaan ang iba kundi para iligtas sila, hindi lamang para magturo kundi para din magbinyag, hindi lamang para ilapit ang iba kay Cristo kundi para gawin din silang matatag kay Cristo hanggang wakas.

Ang ating paanyaya sa mundo ay lumapit kay Cristo. Ang paglapit kay Cristo ay isang daglat, isang paraan ng pagpapaliwanag ng plano ng kaligtasan sa tatlong salita. Ang ibig sabihin nito ay matamo ang mga bunga ng Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli—na buhay na walang hanggan sa huli. Ang buhay na walang hanggan ay nakasalalay sa paggamit ng ating kalayaang moral, ngunit posible lamang ito sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo. Ang ibig sabihin ng lumapit sa Kanya ay gawin ang kailangan para matamo natin ang biyayang iyon—ang nagpapatawad, nagpapabanal, nagpapabago, tumutubos na kapangyarihan ng Kanyang walang-hanggan at nagbabayad-salang sakripisyo.

Ang mabuting balita, ang ebanghelyo, ay pinakamainam na ipinahayag mismo ni Jesus sa Aklat ni Mormon:

"Masdan, naibigay ko na sa inyo ang aking ebanghelyo, at ito ang ebanghelyo na aking ibinigay sa inyo—na ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.

"At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, at katulad ng pagtataas sa akin ng mga tao gayundin ang mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa, kung ang mga yaon ay mabuti o kung ang mga yaon ay masama—

"At sa dahilang ito ako ay ipinako; kaya nga, alinsunod sa kapangyarihan ng Ama ay hihikayatin ko ang lahat ng tao sa akin, upang sila ay mahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa" (3 Nephi 27:13–15).

## Masayang Balita at Mabuting Balita

Sa gayon, sa pundasyon nito, ang ebanghelyo, o mabuting balita, ay na mayroon tayong isang Ama sa Langit na isinugo ang Kanyang Bugtong na Anak, dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin, upang tubusin tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Ang Anak, sa lubos na pagsunod sa Ama, na Kanyang niluluwalhati, ay inialay ang Kanyang buhay para sa layuning iyon. Binili niya tayo ng Kanyang dugo, at pananagutan natin sa Kanya ang ating buhay (tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:19–20). Siya ngayon ang ating Hukom. Siya mismo ang katarungan.

Ipinahayag pa ng mensahe ng ebanghelyo na masayang balita na dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, si Jesus din ay puno ng awa. Ang kanyang awa, mga kabutihan, at biyaya ay sapat upang patawarin at linisin tayo upang maging banal tayo at walang bahid-dungis sa



DETALYE MULA SA *CHRIST IN GETHSEMANE [SI CRISTO SA GETSEMANI]*, NI HARRY ANDERSON

Kanyang harapan sa Araw ng Paghuhukom. (Tingnan sa 2 Nephi 2:8; Moroni 10:32–33.)

Ang layunin ng missionary sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay nagpapaliwanag kung ano ang dapat gawin para mangyari ito. Sabi roon, upang mapatawad at malinis kailangan ng "pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagsisisi, binyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas."[2]

Bukod pa rito sa 3 Nephi 27, tinapos ng Tagapagligtas ang Kanyang pahayag kung ano ang nakapaloob sa Kanyang ebanghelyo:

"At ito ay mangyayari, na sinuman ang magsisisi at mabibinyagan sa aking pangalan ay mapupuspos [ng Espiritu Santo]; at kung siya ay magtitiis hanggang wakas, masdan, siya ay pawawalan ko ng sala sa harapan ng aking Ama sa araw na yaon kung kailan ako tatayo upang hatulan ang sanlibutan. . . .

"At walang maruming bagay ang makapapasok sa kanyang kaharian; anupa't walang makapapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng aking dugo, dahil sa kanilang pananampalataya, at sa pagsisisi ng lahat ng kanilang mga kasalanan, at sa kanilang katapatan hanggang sa wakas.

"Ngayon, ito ang kautusan: Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo, upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa aking harapan sa huling araw.

"Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ito ang aking ebanghelyo" (3 Nephi 27:16, 19–21).

### Pananampalataya at Katapatan

Kapag pinatotohanan natin ang ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu, ang mga taong handang makinig ay tatanggap ng sapat na patotoo para magsimulang sumampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ang pananampalatayang iyon ay magbibigay sa kanila ng kahandaang magsisi. Maituturo sa kanila ng mga miyembro at full-time missionary, sa pamamagitan din ng Espiritu, ang mga pagbabagong kailangan nilang gawin at aanyayahan at pangangakuin silang kumilos. Ang huling pangakong inaanyayahan naming tanggapin at gawin ng investigator ay ang magpabinyag sa tubig. Ang binyag na ito ay sinusundan, o sa madaling salita, nakukumpleto, ng pagtanggap ng Espiritu Santo, na naghahatid ng kapatawaran ng mga kasalanan gayundin ng pagpapabanal (tingnan sa 2 Nephi 31:17).

Ang kalagayang ito na napawalang-sala at naging walang bahid-dungis sa harap ng Panginoon ay maiingatan habambuhay kung ang isang tao ay patuloy na mamumuhay sa pananampalataya, nagsisisi kung kailangan at pinaninibagong muli ang kanyang mga pangako sa binyag. Tinatawag natin iyan na pagtitiis hanggang wakas. Ang mga nagtitiis hanggang wakas ay hindi matatakot na mahatulan ayon sa kanilang mga gawa, sapagkat sila ay nananampalataya at nagsisisi at nagpapabinyag sa tubig at sa Espiritu.

### Unahin ang mga Pangunahing Alituntunin

Ang pahayag ni Hyrum Smith na binanggit sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay malalim: "Ipangaral ang mga [pangunahing] alituntunin ng Ebanghelyo—paulit-ulit na ipangaral ang mga ito: makikita mo na araw-araw ay may ihahayag sa iyong mga bagong ideya at dagdag na pang-unawa ukol sa mga ito. Madaragdagan ang pang-unawa [mo] sa mga ito at magiging mas malinaw ito sa iyo. Dahil dito ay mas malinaw mo itong maipapaunawa sa iyong mga tinuturuan."[3]

Sa pahayag na ito, ipinaliwanag ni Hyrum Smith, ang Patriarch, na ang mga pangunahing alituntuning ito, ang sentro ng ebanghelyo, ay hindi lubusang nauunawaan sa isang pag-aaral. Darating ang dagdag na liwanag at mas malalim na pagkaunawa sa paglipas ng panahon sa iba't ibang mga karanasan sa paghahayag.

Kapag nagpatotoo ang mga miyembro at nakiusap sa mga full-time missionary na tulungan sila sa pamamagitan ng pagtuturo ng ebanghelyo, tandaan na ang isang lumalagong pag-unawa sa ebanghelyo ay hindi lamang nagmumula sa pag-aaral kundi maging sa pagbabahagi natin ng ebanghelyo. Kung tayo ay mag-aaral, maghahanda, at magbabahagi ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Espiritu, "mas malinaw [natin] itong maipapaunawa," at tuturuan at patototohanan ng Espiritu ang lahat ng nakikibahagi—ang mga miyembro, missionary, at maging ang investigator.

### Ang Tanong na Bakit, Ano, at Paano

Ang tanong na bakit, ano, at paano tungkol sa gawaing misyonero ay mas lubos na ipinahayag sa Aklat ni Mormon kaysa iba pang aklat. Ito ay puno ng mga halimbawa ng mga taong nakaunawa at nagpagal sa pagtupad ng layunin ng missionary. Naglalaman ito ng pinakamalilinaw na paglalahad sa buong banal na kasulatan tungkol sa mga pangunahing doktrinang dapat nating ituro. Naroon ang diwang nagpapabalik-loob at patotoo sa katotohanan ng mga doktrinang ito. Babaguhin nito ang buhay ng lahat ng babasa nito at magdarasal dito nang taos-puso at may tunay na layunin (tingnan sa Moroni 10:3–5).

Pinagtitibay ng Aklat ni Mormon ang tunay na ginagampanan ni Jesucristo bilang Anak ng Diyos at Banal na Mesiyas. Pinalalakas nito ang pananalig sa Kanya. Inilalapit nito ang mga tao kay Cristo. Walang hanggan ang

**MAKIBAHAGI SA GAWAIN NG KALIGTASAN**

Alamin kung paano kayo personal na makakatulong sa pagbabalik-loob, pananatiling aktibo, at pagpapaaktibo ng iba sa hasteningthework.lds.org.

Makakakita kayo ng karagdagang impormasyon tungkol sa kagalakan ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa lds.org/topics/missionary-work/change, at malalaman ninyo kung paano magbahagi ng ebanghelyo online sa lds.org/church/share.



utang-na-loob natin sa mga may-akda nito at kay Propetang Joseph Smith na nagsalin nito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.

Pinatototohanan ko, tulad ng katiyakang buhay ang Panginoon, na ang Aklat ni Mormon ay totoo. Ang patotoo nito tungkol kay Jesucristo ay totoo. Ang tagapagsalin nito, si Joseph Smith, ay dakilang Propeta ng Panunumbalik. Matuto mula sa Aklat ni Mormon, pag-aralan ito, magturo mula rito, mahalin ito, at kumilos ayon sa turo nito, at malalaman ninyo kung bakit natin ibinabahagi ang ebanghelyo at na pribilehiyo at tungkulin nating anyayahan at tulungan ang iba na lumapit kay Cristo. ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president sa Provo Missionary Training Center noong Hunyo 22, 2008.*

**MGA TALA**

1. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 1.
2. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 1.
3. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 7.

## NAGKAKAISA SA PAGGAWA

Mauunawaan ng mga miyembro at missionary ang kanilang tungkulin sa gawain ng kaligtasan habang buong kagalakan nilang ipinamumuhay ang ebanghelyo at habang inaanyayahan nila ang iba na makibahagi sa mga aktibidad, sa mga serbisyo o pulong sa Simbahan, at sa iba pang mga okasyon.

Sinabi ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Kasama tayong lahat dito. Kasama ang kapwa mga miyembro ng ward at mga missionary, sama-sama tayong nagpaplano at nagdarasal at nagtutulungan. Mangyaring isama sa inyong mga iniisip at panalangin ang mga full-time missionary. Ipagkatiwala sa kanila ang inyong pamilya at mga kaibigan. May tiwala sa kanila ang Panginoon at tinawag sila upang turuan at pagpalain yaong mga naghahanap sa Kanya" ("Ito ay Isang Himala," *Liahona,* Mayo 2013, 80).

SULYAP SA MGA PANAHON

Bahagi 2 ng 2: Mula kay Jesucristo Hanggang sa Milenyo

*(Ang Bahagi 1 ay inilathala noong Pebrero 2014)*

# ANG WALANG-HANGGANG TIPAN NG DIYOS



Ang tinutukoy nating tipan ni Abraham sa katunayan ay ang bago at walang-hanggang tipan na ibinigay kay Abraham at sa kanyang mga inapo. Iyon ay bago kay Abraham dahil tinanggap niya ito bilang bahagi ng isang bagong dispensasyon ng ebanghelyo, ngunit ito ay walang hanggan dahil ang tipan ding iyon ay ipinagkaloob sa lahat ng anak ng Diyos sa lahat ng dispensasyon ng ebanghelyo, simula pa kay Adan.

Ipinaliwanag ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kaakibat ng tipang ito: "Ang bago at walang hanggang tipan ay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Sa madaling salita, ang mga doktrina at mga kautusan ng ebanghelyo ang bumubuo ng walang hanggang tipan sa pagitan ng Diyos at ng tao na panibagong ipinanunumbalik sa bawat dispensasyon" ("Ang Kapangyarihan ng mga Tipan," *Liahona,* Mayo 2009, 20).

Ang tsart na ito ay nagbibigay ng buod ng walang-hanggang tipan ng Diyos ayon sa muling pagpapanibago nito noong panahon ni Jesus at muli sa ating sariling panahon. Ipinapakita nito kung paano natupad at patuloy na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako sa atin sa tipan, kabilang na yaong mga pangakong ginawa Niya kay Abraham.

**51** Si Jesucristo ay isinilang sa Betlehem sa lupain ng Canaan. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at ministeryo, tinupad Niya ang marami sa mga pangakong ginawa kay Abraham at sa mga sinaunang propeta.
**Lucas 1:68–75; 2:4–7**

**52 PROPESIYA**
Sa mga huling araw at sa Milenyo, tutuparin ng Panginoon ang lahat ng pangakong ginawa Niya sa sambahayan ni Israel.
**Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 3:4–11 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan)**

**53 PROPESIYA**
Tatanggihan ng mga pinuno ng mga Judio ang Mesiyas. Siya ay ipapako sa krus at babangon mula sa mga patay sa ikatlong araw. Siya ay babalik sa lupa kalaunan na may kapangyarihan at kaluwalhatian.
**Lucas 9:22, 26–27**


**DISPENSASYON:** | **Eastern Hemisphere**

**ANG KALAGITNAAN NG PANAHON** | **Western Hemisphere**

***a.d.1** — **30**


51 — 52 — 53





**LIPI NI JUDA**

**LIPI NI JOSE** (Kasama ang mga Nephita at Lamanita sa mga inapo ni Jose)



**ANG NAWAWALANG SAMPUNG LIPI NI ISRAEL**

**61 PROPESIYA**
Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay magiging tanda na sinimulan na ng Diyos na tuparin ang Kanyang tipan sa Kanyang mga tao.
**3 Nephi 21:1–7; 29:1–4**

**62 PROPESIYA**
Itatatag ni Jesucristo ang Kanyang tipan sa lahat ng tumatanggap sa ebanghelyo.
**3 Nephi 21:20–25**

**63** Sinabihan si Apostol Pedro sa isang pangitain na maaaring matanggap ng mga Gentil ang mga ordenansa at pagpapala ng ebanghelyo. Tingnan sa propesiya 62.
**Ang mga Gawa 10; Mga Taga-Galacia 3:26–29**

*** Tinantiya ang mga naunang petsa, at ang agwat sa petsa ay hindi proporsyonal.**

PAGLALARAWAN NG MGA SANGA NG OLIBO NI LAURENT RENAULT/HEMERA/THINKSTOCK

**54** Ibinigay nina Moises at Elijah ang mga susi ng priesthood kina Pedro, Santiago, at Juan.
**Mateo 17:1–8; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagbabagong-anyo"; scriptures.lds.org**

**55 PROPESIYA**
Ang lungsod ng Jerusalem ay mawawasak at papatayin at ikakalat ang mga mamamayan nito.
**Joseph Smith—Mateo 1:4–20**

**56 PROPESIYA**
Papatayin ng mga tao ang mga Apostol at mag-aapostasiya sila. Ibabalik ng Diyos ang lahat ng bagay sa mga huling araw.
**Mateo 17:11; Juan 15:18–16:3**

**57** Ang Anak ng Diyos ay nagdusa at namatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan at nabuhay na mag-uli mula sa mga patay. Tingnan sa mga propesiya 41 at 53.
**Marcos 14:32–65; 15:1–38; 16:6–14**

**58** Inutusan ang mga Apostol na ipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo sa lahat ng bansa.
**Mateo 28:16–20**

**59** Pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, nagpakita si Jesucristo sa "iba pang lipi ng sambahayan ni Israel, na kung sino ay inakay ng Ama palabas ng lupain."
**3 Nephi 15:15; 16:1–3**


**60 PROPESIYA**
Titipunin ng Diyos ang Kanyang mga tao sa buong mundo at tutuparin ang Kanyang mga pangako.
**3 Nephi 16:5; 20:10–13; 21:26–29**


**Jesucristo—Labindalawang Apostol**


**Jesucristo—Labindalawang Disipulo**

**35** **100** **500** **ANG MALAWAKANG**


54 55 56 57 58 59 60 61 62 63 64 65 66 67 68 69 70


54


58


57

**ALEGORIYA NI ZENOS** (MGA A.D. 100–1400)
Matapos alagaan ng panginoon at ng kanyang tagapagsilbi ang mga puno ng olibohan, nakita nila na maraming bunga ang mga puno, ngunit lahat ng iyon ay masamang bunga. Ang likas na puno ng olibo ay mayroon ng lahat ng uri ng masasamang bunga dahil nadaig ng mga ligaw na sanga ang lakas ng mga ugat. Lahat ng bunga ng mga sanga mula sa likas na puno ng olibo ay nangabulok. Maging ang isang sanga na nagbunga ng mabuti at masama ay namatay. Nanangis ang Panginoon ng olibohan at nagtanong, "Sino ang nagpabulok sa aking olibohan?" Sinabi ng tagapagsilbi, "Hindi ba sa kataasan ng inyong olibohan?" Nagpasiya ang Panginoon ng olibohan na minsan pa'y subukang iligtas ang kanyang olibohan.
(Tingnan sa Jacob 5:29–51.)


70

**PROPESIYA: ALEGORIYA NI ZENOS**
(MGA 400 B.C.–A.D. 100)
Pagkaraan ng ilang panahon, bumalik sa ubasan ang panginoon ng olibohan at ang kanyang tagapagsilbi at mabuting bunga ang natagpuan sa lahat ng puno. Ang mga ugat ng likas na punong olibo ang dahilan kaya nagkaroon ng mabuting bunga ang mga ligaw na sanga. Ang mga sanga mula sa likas na punong olibo—na nakakalat sa buong ubasan—ay lumago, kahit na itinanim ang mga ito sa hindi magagandang lugar. Ang isang sangang itinanim sa magandang lugar ay nagkaroon kapwa ng mabuti at masamang bunga.
(Tingnan sa Jacob 5:15–28.)

**64** Pinatay at ikinalat ng mga Romano ang mga Judio sa Jerusalem. Tingnan sa propesiya 55.
**Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Jerusalem" scriptures.lds.org**

**65 PROPESIYA**
Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ipanunumbalik sa mga huling araw sa pagmiministeryo ng mga anghel.
**Apocalipsis 14:6–7**

**66 PROPESIYA**
Titipunin ng Panginoon ang Kanyang mga Banal sa isang dakilang gawaing misyonero sa mga huling araw.
**Apocalipsis 14:14–16**

**67 PROPESIYA**
Si Satanas ay igagapos nang isang libong taon, at maghahari si Cristo sa lupa.
**Apocalipsis 20:1–6**

**68 PROPESIYA**
Magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa, at ang lungsod ng Bagong Jerusalem ay bababa mula sa langit.
**Apocalipsis 21:1–10, 22–27**

**69** Ang orihinal na mga Apostol ay tinanggihan at pinagpapatay. Ang mga ordenansa ng ebanghelyo ay nawala. Tingnan sa propesiya 56.
**II Mga Taga Tesalonica 2:3; Apocalipsis 12:1–6**

**70** Ang mga inapo ni Lehi ay naging masasama at tinanggihan ang ebanghelyo.
**Mormon 8:1–10; Moroni 1**

Kaganapan Propesiya

**71** Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith, na naghanda ng daan upang ipanumbalik ang bago at walang-hanggang tipan. Tingnan sa propesiya 33.
**Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–20; Doktrina at mga Tipan 1:17–23**

**72** Nagpakita ang anghel na si Moroni kay Joseph Smith. Ang Aklat ni Mormon ay isinalin at inilathala kalaunan. Tingnan sa mga propesiya 33 at 61.
**Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54**

**73** Sina Juan Bautista at Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, na nagpanumbalik ng priesthood ng Diyos sa lupa. Tingnan sa propesiya 65.
**Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–73**

**74** Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinatag sa Fayette, New York, USA. Tingnan sa mga propesiya 42 at 62.
**Doktrina at mga Tipan 20–21**

**75 PROPESIYA**
Ang mga lingkod ng Panginoon mula sa lahat ng dispensasyon ay sama-samang makikibahagi sa sakramento.
**Doktrina at mga Tipan 27:5–14**

**76 PROPESIYA**
Ang Panginoong Jesucristo ay maninirahan sa mundo nang isang libong taon sa Milenyo. Tingnan din sa propesiya 44.
**Doktrina at mga Tipan 29:10–11**


**77 PROPESIYA**
Si Satanas ay muling kakalagan at maghahari sa loob ng maikling panahon, at pagkatapos ay katapusan na ng mundo.
**Doktrina at mga Tipan 43:29–33**

**DISPENSASYON: ANG KAGANAPAN NG MGA PANAHON**


**Propetang Joseph Smith**


**1830** **1900** **2000**


71 72 73 74 75 76 77 78 79 80 81 82 83 84 85 86



71



74


81


82


84


86



**ALEGORIYA NI ZENOS** (MGA 1800–MILENYO)
Hiniling ng Panginoon ng olibohan sa kanyang mga tagapagsilbi na muling ihugpong ang mga likas na sanga sa likas na punong olibo at ihugpong ang mga ligaw na sanga sa orihinal nitong mga puno. Hiniling niya na ihugpong nilang mabuti ang mga sanga "alinsunod sa pagtubo ng mabubuti." Nagdala ng iba pang mga tagapagsilbi para tumulong, ngunit kakaunti sila. Pinangakuan niya ang matatapat na tagapagsilbi ng kagalakan sa bunga ng kanyang olibohan. (Tingnan sa Jacob 5:52–73.)

**79 PROPESIYA**
Lahat ng matatapat na Banal ay aangat upang salubungin si Cristo sa Kanyang pagbabalik.
**Doktrina at mga Tipan 88:95–98**

**80 PROPESIYA**
Ang diyablo at ang kanyang mga hukbo ay tatalunin ni Miguel na arkanghel at ng mga hukbo ng langit sa isang napakalaki at huling digmaan pagkatapos ng Milenyo.
**Doktrina at mga Tipan 88:110–116**

**81** Ipinagkaloob nina Moises, Elias, at Elijah ang mga susi ng priesthood na kailangan upang maipanumbalik ang walang-hanggang tipan. Tingnan sa propesiya 65.
**Doktrina at mga Tipan 110:11–16**

**82** Ang mga Banal sa Nauvoo ay nagtayo ng templo, at ibinalik ang mga ordenansa para sa mga patay.
**Doktrina at mga Tipan 124:29–34**

**83** Ang headquarters ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinatag sa kanlurang bahagi ng North America. Tingnan sa mga propesiya 42, 60, at 62.
**Isaias 2:2–3**

**84** Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ipinapangaral sa buong mundo. Bawat tao ay magkakaroon ng pagkakataong tanggapin ang ebanghelyo. Tingnan sa mga propesiya 60, 62 at 66.

**85** Ang mga pagpapala ng priesthood ay ibinigay sa bawat karapat-dapat na tao nang walang pagsasaalang-alang sa lahi. Tingnan sa propesiya 62.
**Opisyal na Pahayag 2**

**78 PROPESIYA**
Si Jesucristo ay tatayo sa Bundok ng Sion at sa Bundok ng mga Olivo, ang mga kontinente ay magiging isang lupain, at ang labindalawang lipi ay tatanggapin ang kanilang mga mana.
**Doktrina at mga Tipan 133:17–35; Saligan ng Pananampalataya 1:10**

**1** Si Jesucristo ay nagpakita sa Jerusalem (sa Banal na Lupain) at sa Bagong Jerusalem (sa North America). Tingnan sa propesiya 78.

**2** Bumalik si Jesucristo sa lupa nang may kapangyarihan at kaluwalhatian sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Ang nawawalang mga lipi ni Israel at ang lungsod ni Enoc ay ipinanumbalik. Tingnan sa mga propesiya 52, 53, at 78.

**3** Ang mga disipulo ni Cristo ay nangabuhay na mag-uli. Tingnan sa propesiya 79.

**4** Ang mga anak na lalaki ni Levi ay nag-alay ng isang handog sa Panginoon sa kabutihan.

**5** Isang malaking sacrament meeting ang idinaos kasama ang lahat ng disipulo ni Cristo mula sa lahat ng dispensasyon. Tingnan sa propesiya 75.

# ANG PAGHAHARI NI JESUCRISTO SA MILENYO


2

**ALEGORIYA NI ZENOS**
Lahat ng puno ng olibohan ay nagsimulang magkaroon ng mabuting bunga. Ang mga ito ay naging "isang kumpol; at pantay ang mga bunga." Pinagpala ng Panginoon ng olibohan ang kanyang mga tagapagsilbi sa kanilang masigasig na pagsisikap at natuwa sa bunga ng kanyang olibohan. (Tingnan sa Jacob 5:74–76.)


6

**ALEGORIYA NI ZENOS**
Muling dumating ang masamang bunga sa olibohan. Inihiwalay ng Panginoon ang mabuting bunga sa masamang bunga. Ang masamang bunga ay itinapon, at ang olibohan ay sinunog. (Tingnan sa Jacob 5:77.)

"Pinagpala ka sa pagtanggap mo sa aking walang hanggang tipan, maging ang kabuuan ng aking ebanghelyo, na ipinadala sa mga anak ng tao, upang sila ay magkaroon ng buhay at gawing kabahagi ng mga kaluwalhatiang ipahahayag sa mga huling araw, gaya ng isinulat ng mga propeta at apostol noong unang panahon" (D at T 66:2).

**86** Nagtatayo ng mga templo sa iba't ibang panig ng mundo, upang ang mga ordenansa ng ebanghelyo ay mapasalahat ng tao—buhay at patay.
**Doktrina at mga Tipan 124:37–42**

**6** Ang Milenyo ay nagsimula nang payapa sa loob ng isang libong taon. Ang mundo ay napanibago. Tingnan sa mga propesiya 44, 52, 53, at 76.

**7** Si Satanas ay kinalagan. Tingnan sa propesiya 77.

**8** Ang malaki at huling labanan ay naganap. Si Satanas at ang kanyang mga hukbo ay natalo. Tingnan sa propesiya 80.

**9** Pagkatapos mabuhay na mag-uli ang lahat ng tao, haharap sila sa Huling Paghuhukom at mamanahin ang kaharian ng kaluwalhatian o kaya'y itataboy. Si Satanas ay pinalayas magpakailanman.

**10** Ang mundo ay pinabanal at niluwalhati. Tingnan sa propesiya 68.

# NAPAKARAMING MASASAYANG ALAALA

Dahil sa mga lumang tubo ng tubig at hindi matatag na pundasyon, binabaha ang bahay na kinalakhan ko tuwing sapat ang ulan na dala ng bagyo. Dahil maaaring tumagal nang ilang oras ang mga bagyo sa Virginia, USA, madalas bumaha sa amin.

Sa tahanang iyon kami nakatira habang lumalaki ako, kaya naisip ko na normal lang ang pagbaha.

Pagkaraan ng ilang bagyo, pinahusay namin ang aming mga panlaban sa baha at natuto kaming magtulungan. Madalas dumating ang bagyo sa hatinggabi, at ginigising kaming lahat ng mga magulang ko para pumuwesto sa kani-kaniya naming trabaho habang unti-unting pumapasok sa silong ang tubig na parang mabagal na daloy ng kumukulong putik. Sasalukin ng kapatid kong lalaki at ni Itay ang tubig-baha sa may hagdanan at itatapon sa labas samantalang kami ng kapatid kong babae ay mabilis na ipinapasipsip sa mga tuwalya ang tubig-baha para hindi masira ang karpet.

Hagikgikan kami habang palukso-lukso at pasayaw-sayaw sa ibabaw ng mga tuwalyang iyon, na nadarama ang basa sa pagitan ng mga daliri ng aming paa hanggang sa suot naming pantulog. Dali-daling pipigain ni Inay ang basang-basang mga tuwalya, ilalagay ang mga ito sa dryer, at magdadala ng mga bagong tuwalyang tatapakan namin. Kapag nadama namin na ligtas na sa baha ang bahay, pupunta na kami sa kusina para magpatuyo at magmemeryenda ng mainit na cocoa at cookies kapalit ng pagod namin. Pagkatapos, kung hindi pa oras para pumasok sa paaralan, sisikapin naming bumalik sa pagtulog.

Ang mga bahang ito ay malamang na labis na ikinabahala ng mga magulang ko, pero ginugunita ko ang mga ito bilang ilan sa pinakamasasayang sandali ng aking kabataan, kahit malakas ang kulog at matalim ang kidlat noon. Sa katunayan, sa amoy ng basang alpombra ay bumabalik pa rin sa akin ang mga alaalang ito ng pagsasama-sama ng aming pamilya.

Kakayaning mag-isa ng mga magulang ko na harapin ang pagbaha, pero natutuwa ako na pinatulong nila kaming lahat sa pagsasalba sa aming tahanan. Ang paglaban sa tubig-baha ay napakasayang kaganapan dahil sama-sama kami at may bahagi ang bawat isa sa amin.

Ngayong malaki na ako, iniisip ko ang mga araw na iyon at kung paano ako makalilikha ng gayunding saya sa pagtutulungan ng sarili kong mga anak. Bagaman nagpapasalamat ako na hindi binabaha ang bahay ko, alam ko na may isang bagay na hindi namin gusto na di-maiiwasang mangyari sa aming pamilya.

Anuman ang problemang haharapin ng pamilya ko sa hinaharap, sana'y magkasama-sama kami at magtulungan sa pagsalba sa aming mga pinahahalagahan, pananampalataya, at sa isa't isa. Sa gayon marahil, maging sa paghihirap, maaari kaming magtawanan, ngumiti, at maging masaya habang magkakasama kaming gumagawa. ■

Gina Sconiers, Utah, USA

Tuwing babahain ang bahay na kinalakhan ko, sasalukin ni Itay at ng kapatid kong lalaki ang tubig-baha sa may hagdanan at itatapon sa labas samantalang kami ng kapatid kong babae ay mabilis na ipinapasipsip sa mga tuwalya ang tubig-baha.



# MGA BASBAS NG PRIESTHOOD NA NAIBIGAY AT NAIBALIK

Ilang taon na ang nakalipas habang kumakain ng hapunan ang aming pamilya kasama ang isa pang mag-asawa mula sa aming ward, may tumawag sa amin mula sa emergency department ng ospital sa aming lugar. Tinanong ng opisyal ang asawa ko, na siyang stake president noon, kung may makakapuntang sinuman mula sa ating Simbahan para tingnan ang isang 17-taong-gulang na binatilyong nagtamo ng matinding pinsala sa ulo.

Pagdating niya roon, nalaman ng asawa ko na nahulog ang binatilyo sa sementadong bangketa mula sa balkon na 30 talampakan (9 m) ang taas. Walang-malay ang binatilyo at hindi na inaasahang mabubuhay pa.

Binasbasan ng asawa ko at ng miyembrong lalaking kasama naming naghapunan ang binatilyo. Kinontak nila ang pamilya nito, na isang libong milya (1,610 km) ang layo ng bahay, at binalitaan tungkol sa kalagayan nito.

Himalang pagkaraan ng ilang araw sa intensive care, nagkamalay ang binatilyo at nagsimulang gumaling. Sa loob ng apat na linggo araw-araw itong binisita ng kanyang mga magulang sa ospital. Pagkatapos ay isinakay nila ito sa eroplano pauwi sa Arizona, USA, para magpagaling nang husto.

Kagila-gilalas na masaksihan ang nakakahilom na kapangyarihan ng priesthood sa paraan na mabibigyan ang binatilyong ito ng pangalawang pagkakataong maging malusog sa hinaharap. At napakalaki ng pasasalamat ko sa aking asawa at sa iba pang mga miyembro ng ward na handang maglingkod sa priesthood at kumilos nang may banal na awtoridad.

Naawa ako sa mga magulang ng binatilyo, na napakalayo sa kanilang anak nang manganib ang buhay nito. Gayunma'y natuwa akong malaman na kahit paano'y nawala ang pag-aalala nila nang nalaman nila na nabasbasan ng priesthood ang kanilang anak at na handang tumulong ang mga miyembro ng Simbahan.

Lalo kong naunawaan ang damdamin ng mga magulang na iyon makalipas ang ilang taon nang may tumawag sa akin sa telepono para ipaalam na ang sarili kong anak, na 2,000 milya (3,220 km) ang layo ng bahay sa amin, ay nabundol ng kotse habang nagbibisikleta papunta sa unibersidad na kanyang pinagtatrabahuhan at pinapasukan. Bagama't wala akong nagawa para tulungan siya, nagpasalamat at napanatag akong malaman na ang mga full-time missionary ay tinawag para bigyan siya ng basbas ng priesthood at na isang ward sa St. Paul, Minnesota, USA, ang tumugon sa mga pangangailangan ng kanyang pamilya. Nagdala ng pagkain sa bahay niya ang mga miyembro ng ward at tinulungan ang kanyang asawa, na kapapanganak lang isang araw bago ang aksidente, sa pag-aalaga sa tatlo pa nilang anak.

Isipin kung paano naragdagan ang pasasalamat ko nang nalaman ko na ang missionary na nagbasbas sa aking anak ay ang binata ring iyon na binasbasan ng asawa ko limang taon na ang nakalipas. Namangha ako na ang paglilingkod na naibigay ay naibalik nang buung-buo!

Ang aking pananampalataya at panalangin ng pasasalamat sa aking mapagmahal na Ama sa Langit ay patuloy na naragdagan nang mapag-isipan ko na kilala Niya tayong lahat at alam Niya ang ating kakailanganin. Naniniwala ako na ang bata pang missionary na ito ay naroon para makita namin na noon pa man ay alam na ng Diyos ang mangyayari sa napakapersonal na paraan. ■

Julie Keyes, British Columbia, Canada

Nagpasalamat at napanatag akong malaman na ang mga full-time missionary ay tinawag para bigyan ng basbas ng priesthood ang aking anak.



MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# ALAM KO NA ANG DIYOS ANG MAGLALAAN

Bago ako sumapi sa Simbahan, nagkasakit nang malubha ang asawa ko. Nagdasal ako nang taimtim, na hinihiling sa Diyos na hayaan pang mabuhay ang asawa ko alang-alang sa aming limang anak at sa sanggol na nasa sinapupunan ko pa noon. Ngunit nawalan ng saysay ang mga dalangin ko.

Nang mamatay ang asawa ko, namatay rin ang pagmamahal ko sa Diyos at ang pananampalataya at tiwala ko sa Kanya. Nabigatan ako sa mga responsibilidad na nasa mga balikat ko ngayon. Mabuti na lang, naroon ang mga magulang ko para tumulong.

Isang araw pagkaraan ng ilang taon, nakarinig ako ng katok sa pintuan ko. Dalawang dayuhan ang nakatayo roon na magiliw na nakangiti at may hawak na aklat. Nagpakilala sila na mga missionary sila mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Noon ko lang narinig ang tungkol sa kanilang simbahan. Umalis sila nang sabihin ko sa kanila na abala ako, pero hindi sila mawala sa isip ko.

Kinabukasan nakita ko sila na ipinapakita ang kanilang aklat sa kapitbahay ko. Para mag-usisa, lumapit ako. Napansin ako ng mga missionary at muling nagtanong kung puwede nila akong bisitahin. Nagulat ako sa sagot ko: "Oo, kahit anong oras!"

Nang makinig ako sa turo ng mga missionary at nang pag-aralan ko ang Aklat ni Mormon, natanto ko ang mga pagkakamaling nagawa ko sa buhay, pinagsisihan ko ang aking mga kasalanan, at lalo akong napalapit sa Diyos. Gayunman, nang mabalitaan ng mga magulang ko na tinuturuan ako ng mga elder, nagalit sila. Nagbanta silang itatakwil nila kami ng mga anak ko. Inanyayahan ako ng mga missionary na magpabinyag, pero tumanggi ako dahil hindi kami mabubuhay nang walang tulong ng mga magulang ko.

Bago umalis ang mga elder, ipinabasa nila sa akin ang 3 Nephi 13:31–34. Nang mabasa ko ang "hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos at ang kanyang kabutihan, at lahat ng ito ay idaragdag sa inyo" (talata 33), nalaman ko na ang Ama sa Langit ang maglalaan kung uunahin ko Siya at susundin ang Kanyang mga utos. Pagbalik ng mga misyonero, iniskedyul namin ang binyag ko.

Sa araw ng binyag ko, sumagi sa isipan ko ang galit na boses ng nanay ko. Kinabahan ako, pero lumusong ako sa tubig at nabinyagan. Pagkatapos ay napakasaya ko, at nang makumpirma akong miyembro ng Simbahan at binigyan ng kaloob na Espiritu Santo, pakiramdam ko'y naalis ang aking mga pasanin.

Nang mabalitaan ng mga magulang ko na sumapi ako sa Simbahan, itinakwil nila ako. Pero nagkabati rin kami makalipas ang isang taon, pagkatapos ay nabinyagan ang dalawang kapatid kong babae sa pahintulot ng aming mga magulang.

Tatlo sa mga anak ko ang naglingkod kalaunan sa full-time mission, at malapit ko nang ipagdiwang ang ika-40 taon ko bilang miyembro ng Simbahan. Napakalaki ng mga pagpapala sa akin—lahat dahil sa dalawang missionary na kumatok sa pintuan ko, naglahad sa akin ng Aklat ni Mormon, at tinulungan akong manumbalik ang pagmamahal ko sa Diyos at ang pananampalataya at tiwala ko sa Kanya. ■

Abethemia Trujillo, Albay, Philippines



Sa araw ng aking binyag kinabahan ako, pero lumusong ako sa tubig at nabinyagan.

# ANO ANG KAKANTAHIN KO?

Noong naglilingkod ako bilang full-time missionary halos 40 taon na ang nakalipas sa bayan ng Levin, New Zealand, ako ang tumutugtog ng piano tuwing Martes para sa mga batang Primary. Tandang-tanda ko pa ang napakagandang damdamin ko sa mga batang ito habang sabay-sabay naming kinakanta ang mga awit sa Primary.

Noong Pebrero 2013, bumalik ako sa New Zealand para magbakasyon. Dahil hilig ko ang hiking, kumuha ako ng tiket para sa apat na araw na hiking excursion sa bantog na Milford Track sa Fiordland National Park sa South Island.

Kasama ko ang tatlong Amerikano at 37 iba pang mga hiker mula sa iba't ibang panig ng mundo, kabilang na ang Australia, Brazil, England, Finland, Germany, Israel, at Uruguay. Sa aming pakikipagsapalaran, nagpalitan kami ng mga ideya, karanasan, at opinyon sa abot ng aming makakaya sa kabila ng pagkakaiba ng aming mga wika. Hindi nagtagal at naglaho ang aming mga pagkakaiba sa kultura at opinyon dahil lumalim ang aming pagkakaibigan.

Sa pagtatapos ng aming ikatlong araw sa hiking, gusto ng isa sa mga hiker na tumatag pa ang aming pagkakaibigan at biglang tumayo, at sinabing dapat kaming magdaos ng talent show. Siya raw ang magpapasimula ng pagtatanghal. Pinili niyang ibahagi ang kanyang talento sa pagkukuwento, na ginagawa niya sa kanyang opisina sa Cesarea, Israel. Maganda ang kuwento niya, kaya't sinabi niya na may isa pa siyang ikukuwento. Ngunit nang gumamit siya ng ilang malalaswang pananalita, natanto ko na madaling papangit ang gabing iyon.

Habang nagkukuwento siya, nakadama ako ng malakas na impresyong kumanta para sa grupo. Ngunit ano ang kakantahin ko para sa mga bagong kaibigan ko na nagmula sa iba't ibang panig ng mundo? Malakas ang dating ng sagot sa akin: "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno,* blg. 189).

Nag-alala ako ngunit humugot ako ng lakas sa mga alaala at pagmamahal ko sa mga batang Primary ng New Zealand. Tumayo ako at nagpaliwanag na kakantahin ko ang isang espesyal na awiting halos 40 taon na ang nakalipas mula nang kantahin namin ng mga bata sa New Zealand. Ipinaliwanag ko na naging missionary ako, tinuruan ko ang mga batang ito, at natutuhan ko silang mahalin. Pagkatapos ay tahimik akong nanalangin, at humingi ng tulong na makakanta ako sa paraang mapagpapala ang grupo.

Maganda ang pagkaawit ko, at pagkatapos ay nadama ko ang Espiritu. Ngumiti ang mga bago kong kaibigan, at tila binuksan ng awitin ang puso nila. Hindi nagtagal ay tumayo ang iba at nagsimulang magbahagi ng kanilang talento sa musika. Isang grupo ng apat na babae, na atubiling sumali noong una, ang kumanta ng mga piling tugtugin mula sa koro ng kanilang simbahan. Isa pang hiker ang nagturo sa amin ng isang katutubong awiting Judio.

Sa pagtatapos ng talent show, kumanta ang isang magandang dalaga mula sa Australia ng tatlong awitin sa Maori, na kanyang katutubong wika. Tunay na napuspos kami ng Espiritu ng ating Ama sa Langit at natulungan kaming matanto na kaming lahat ay anak ng Diyos, hindi na "mga taga ibang lupa at mga manglalakbay" (Mga Taga-Efeso 2:19) mula sa iba't ibang lupain.

Nagpapasalamat ako sa mga batang iyon sa Primary sa maliit na bayan ng Levin na tumulong na maituro sa akin ang katotohanan na lahat tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit. Masaya rin ako na ang mga alaalang iyon ay nagpalakas ng loob ko na ibahagi ang patotoong iyon sa pamamagitan ng awit. ■

David M. Flitton, Utah, USA

Nakadama ako ng malakas na impresyong kumanta para sa grupo. Ngunit ano ang kakantahin ko para sa mga bagong kaibigan ko na nagmula sa iba't ibang panig ng mundo?



**Tulad ng agos ng dagat, magagabayan tayo ng banal na impluwensya ng Diyos sa Kanyang plano para sa ating buhay.**

# KUMILOS SA LUPAING ITO

## sa Loob ng Ilang Taon

**Ni Dennis C. Gaunt**

Tulad ng maraming bata, pinangarap ko ang gusto kong maging paglaki ko. Sa sitwasyon ko, *nakumbinsi* ako na magiging bumbero ako sa buwan. Sa isipan ko noong limang-taong-gulang ako, wala nang iba pang kahihinatnan ang buhay ko. Palagay ko karamihan sa atin ay may mga pangarap noong bata pa kung ano ang magiging buhay natin paglaki natin. Palagay ko rin karamihan sa atin, sa isang punto, ay ginunita na ang ating buhay at ibinulalas na, "Hindi ito ang inisip kong mangyayari!"

Dalawang talata ang tutulong sa atin na ituwid ang pananaw natin sa buhay. Una:

"Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.

"Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip" (Isaias 55:8–9).



Ikalawa: "Hindi . . . gumagawa [ang Diyos] ng anumang bagay maliban na lamang kung para sa kapakanan ng sanlibutan; sapagkat mahal niya ang sanlibutan" (2 Nephi 26:24).

Itinuturo sa atin ng mga talatang ito na lahat ng ginagawa ng Ama sa Langit ay para sa ating kapakinabangan sa huli, kahit hindi natin maunawaan kung bakit. At dahil ang mga iniisip at paraan ng Diyos ay mas mataas kaysa atin, kailangan nating iangat ang ating buhay upang mas umayon sa Kanyang plano para sa atin.

### Nag-iisip Habang Pagala-gala

Kung minsa'y pinag-uusapan natin ang mga anak ni Israel na nagpagalagala sa ilang nang 40 taon bago pinayagang makapasok sa lupang pangako. Isang ulap o haliging apoy ang namalagi sa ibabaw ng tabernakulo kapag titigil na sila, at kapag lumipat ito, susunod ang kampamento (tingnan sa Mga Bilang 9:15–18, 21–23). Palagay ko gumugol din sila ng 40 taon na "nag-iisip" sa ilang—nag-iisip kung kailan sila aalis, kailan at saan sila titigil, at kailan nila mararating sa wakas ang lupang pangako.

Ang kuwentong ito ay sagana sa mga simbolo. Sa paglalakbay ng bawat isa sa atin sa sarili nating mortal na ilang, nais nating marating ang "lupang pangako" na makapiling ang Diyos nang walang hanggan. Nangako Siyang aakayin tayo patungo roon. Subalit habang kailangang gumalagala ng bawat tao sa daan ding iyon—maging masunurin, magsisi, tumanggap ng mga ordenansa ng priesthood, at matapat na magtiis—ang buhay ng bawat tao ay kakaiba.

Sinabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol:

LARAWAN NG BUMBERO NA KUHA NG PHOTODISC/GETTY IMAGES/THINKSTOCK; LARAWAN NG TANAWIN SA BUWAN NA KUHA NG HKEITA/GETTY IMAGES/THINKSTOCK



"Ang Panginoon ay nagbigay ng mga pagdaloy ng impluwensya sa inyong buhay mula sa langit na aakay sa inyo sa planong nais Niyang isakatuparan ninyo dito sa lupa. Maghanap sa pamamagitan ng Espiritu upang matukoy at maingat na masundan ang patnubay na iyon na inilagay ng Panginoon sa inyong buhay. Makiayon kayo rito. Kusang pumili, na gamit ang inyong kalayaang sundin ito."[1]

Isipin kung alin ang mas mahirap na tiniis ng kampo ng Israel: magukol ng isang taon sa isang hindi kasiya-siyang lugar o umalis sa isang magandang lugar pagkaraan ng dalawang araw? Palagay ko nasubukan sa dalawang sitwasyong ito ang kanilang pananampalataya.

Gayundin tayo. Maaaring hindi tayo nasisiyahan sa ating mga sitwasyon kaya gumugugol tayo ng oras sa pagiisip kung kailan magbabago ang mga bagay-bagay. O maaari nating maranasan ang isang di-inaasahang pagbabago sa ating kasiya-siyang gawain. Ang pagpapasiya natin kung paano tutugon sa mga karanasang ito ang magpapasiya, sa malaking bahagi, ng ating kaligayahan. At kung gugugulin natin ang ating buhay sa pag-iisip habang gumagala tayo, maaari nating malagpasan ang magagandang pagkakataon para umunlad sa espirituwal.

**Kumilos Na at Gumawa**

Noong tagsibol ng 1831, nagsimulang magtipon ang mga Banal sa Kirtland, Ohio. Isang miyembro na nagngangalang Leman Copley ang pumayag na manatili ang isang grupo mula sa Colesville, New York, sa kanyang bukirin sa Thompson, na di-kalayuan sa Kirtland. Noong Mayo 1831 inihayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith:

"At inilalaan ko sa kanila ang lupaing ito sa maikling panahon, hanggang sa ako, ang Panginoon, ay maglaan para sa kanila ng iba, at utusan silang umalis mula rito;

"At ang oras at ang araw ay hindi ibinigay sa kanila, kaya nga *kikilos sila sa lupaing ito sa loob ng ilang taon,* at ito ay makabubuti para sa kanila" (D at T 51:16–17; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Tulad din ng mga anak ni Israel na sinusundan ang ulap sa ilang, alam ng mga Banal na ito na hindi sila maninirahan nang permanente sa bukirin ng mga Copley. Darating ang araw na lilipat sila. Subalit gaano man sila katagal manatili, kikilos sila na parang lalagi sila roon nang maraming taon.

**Maaaring hindi tayo nasisiyahan sa ating mga sitwasyon kaya gumugugol tayo ng oras sa pag-iisip kung kailan magbabago ang mga bagay-bagay. Kung gagawin natin ito, lalampas sa atin ang magagandang pagkakataong lumago sa espirituwal.**

Kaya bakit ito ipapayo sa kanila ng Panginoon? Ang ilan ay maaaring panghinaan ng loob sa pagtira sa isang bagon o tolda sa maputik na bukirin habang nakikita nila na mas mabuti ang kalagayan ng iba. Malamang na sa payo ng Panginoon ay pinalitan ng pag-asa ang panghihina ng kanilang loob.

Gayundin, kapag nakikita natin ang iba na may mga bagay na pinapangarap natin—magandang pamilya, tahanan, trabaho, at malinaw na direksyon sa buhay—maaari tayong panghinaan ng loob. Halimbawa, kung alam natin na hindi tayo magtatagal sa isang ward o branch, maaari nating isiping, "Bakit pa ako tatanggap ng tungkulin? Bakit pa ako makikipagkilala kaninuman?" Maaari pa rin tayong magsimba, ngunit hindi tayo nakikinabang nang husto sa karanasan. Kung gugugulin natin ang ating buhay sa pagtutuon sa mga bagay na *wala* sa atin, maaaring hindi natin tunay na mapasalamatan ang mga bagay na *mayroon* tayo.

Tulad ng kinakanta natin sa isa sa ating mga himno, na "sa ngayo[n *ay*] marami pang maitutulong, pagkakatao'y naririyan. H'wag mo nang hayaang ipagpabukas pa, kumilos na at gumawa."[2]

Kapag "kumilos tayo sa lupaing ito sa loob ng ilang taon," makikita na natin ang mga pagkakataong maaaring hindi natin nakita noon. Maaari din nating makita na ang ilan sa mga pagkakataong ito ay maaaring hindi na natin maranasang muli sa ating buhay. Pagkatapos ay iisipin natin, "Hangga't narito ako, makikibahagi ako, gagawin ko ang lahat, at pipiliin kong maging masaya. Patuloy akong aasa sa hinaharap, ngunit samantala, hayaan ninyong gumawa ako ng kaunting kabutihan dito." Ito ang kaibhan ng paglangoy nang hindi nababasa ang ulo at ng talagang paglangoy.

Ang nangyari, hindi nga nagtagal ang mga Banal sa Thompson. Sinira ni Leman Copley ang kanyang pangako na hahayaan niyang mamalagi ang mga Banal sa kanyang lupain. Kalaunan ay isinugo ng Panginoon ang mga Banal na ito sa Missouri, ngunit ginawa nila ang lahat habang nakatira

sila sa bukid ng magsasaka, at pinagpala sila ng Panginoon dahil dito.

Sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Kadalasan ang malalalim na lambak ng ating kasalukuyan ay mauunawaan lamang sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga ito mula sa mga kabundukan ng ating karanasan sa hinaharap. Kadalasan ay hindi natin nakikita ang kamay ng Panginoon sa ating buhay hanggang sa matagal nang nakalipas ang mga pagsubok. Kadalasan



ang pinakamahihirap na panahon sa ating buhay ay mahahalagang batong pagtatayuan ng pundasyon ng ating pagkatao at nagbibigay-daan sa pagkakataon, pang-unawa, at kaligayahan sa hinaharap."[3]

## Huwag Ibaling ang Inyong Isipan

Kung minsan nasasangkot tayo sa gulo kapag ipinipilit nating gawin ang mga bagay ayon sa ating sariling takdang panahon, sa halip na magtiwala sa Panginoon.

Isipin ang kuwento ng paglisan ni Lehi mula sa Jerusalem ayon sa pananaw nina Laman at Lemuel. Ang maginhawa nilang buhay ay biglang natigil nang sabihin ni Lehi na kailangang tumakas ang pamilya dahil ang Jerusalem ay lilipulin. Kaya't tumakas sila at nagtungo sa ilang—para lamang bumalik kaagad para kunin ang mga laminang tanso mula kay Laban. Buong panahon ba silang naglakbay nang napakahirap sa malupit na disyerto para lamang nakawin ni Laban ang kanilang mahahalagang ari-arian at tangkain silang patayin? Magagalit din ako!

Bukod pa rito, ang makitang hindi pa rin nagbabago ang Jerusalem ay malamang na nakaragdag sa galit nina Laman at Lemuel. Hindi ko alam kung inasahan nilang makita na nawasak ang lungsod, ngunit para ko nang nakinita ang nasa isip nila: "Hindi ba dapat ay nalipol na ang Jerusalem? Bakit tayo nagsasayang ng oras sa ilang samantalang maayos naman ang lahat dito?" Ano't anuman, lahat ng ito ay agad nauwi sa pananakit nila kina Nephi at Sam (tingnan sa 1 Nephi 3:29).

Kapag hindi nangyari ang mga bagay-bagay ayon sa iniisip nating dapat mangyari; kapag inisip natin na hindi talaga makakakilos nang mabilis ang haligi ng apoy; kapag tumingin tayo sa paligid at ang nakita lang natin ay isang bukirin ng magsasaka, maaari din tayong panghinaan ng loob hanggang sa, tulad nina Laman at Lemuel, mawalan tayo ng pananampalataya at ilabas natin ang ating mga samang-loob sa Diyos.

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Kapag wala tayong pasensya sa takdang panahon ng Diyos na nakakaalam sa lahat ng bagay, ipinahihiwatig natin talaga na alam natin kung ano ang pinakamainam. Kakatwa, hindi ba—na tayong mga nagsusuot ng relo ay gusto nating payuhan Siya na nangangasiwa sa mga orasan at kalendaryo ng sansinukob."[4]

Siyempre ang buhay ay hindi palaging madali, at wala akong kilalang sinuman—kasama na ako—na magsasabi na ang buhay ay ang mismong inakala nila. Ngunit marami din akong kakilala na magsasabi na sa kabila ng lahat ng ito, masaya sila sa buhay nila ngayon—kahit hindi sila naging isang bumbero sa buwan!

Ang positibong pananaw na iyan ay dumarating kapag matapat nating sinusunod ang Panginoon nang may magandang pananaw sa pamamagitan ng sarili nating mga pagsubok. Kapag ginawa natin ito, isang araw ay matutuklasan natin na ang ating mga karanasan sa ilang ay hindi naman talagang napakahirap na gaya ng inakala natin. Maaari din nating aminin na talagang sulit naman. Sa bawat isa sa atin sinasabi ng Panginoon:

"Magpatuloy sa pagtitiyaga hanggang sa kayo ay maging ganap.

"Huwag ibaling ang inyong isipan; at kapag kayo ay karapat-dapat, sa aking sariling takdang panahon, inyong makikita at malalaman" (D at T 67:13–14). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

*Para matuto kung paano magpasalamat anuman ang inyong kalagayan, tingnan sa mensahe ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf sa pangkalahatang kumperensya na "Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan," sa isyu ng Mayo o sa conference.lds.org.*

**MGA TALA**

1. Richard G. Scott, "Siya ay Buhay," *Liahona,* Ene. 2000, 105.
2. "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135.
3. Dieter F. Uchtdorf, "Patuloy na Magtiyaga," *Liahona,* Mayo 2010, 58.
4. Neal A. Maxwell, "Pag-asa sa Pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo," *Liahona,* Ene. 1999, 72.

# **Hindi** *at Oo* **ang Sagot ng Ama sa Langit**

Ni Angelica Hagman

**Akala ko sumagot ng hindi ang Ama sa Langit, pero ang sagot Niya pala talaga ay oo sa mas dakilang plano para sa buhay ko.**



Sa Sweden, sa huling taon ko sa high school, nagpasiya akong mag-aplay sa Brigham Young University sa Utah. Isa lang ang problema: gaano ko man kataimtim na ipagdasal sa Diyos na pagtibayin ang desisyon ko, hindi naging tama ang pakiramdam ko kahit kailan. Naisip ko, "Hindi naman siguro posibleng hindi ang sagot, hindi kaya? Sa napakaraming paraan, tila BYU dapat ang tamang desisyon, lalo na dahil gusto kong makasal sa templo at mas malaki ang potensyal ko sa BYU kaysa sa Sweden." Maliban kung hindi ito tama. Hindi tama para sa akin. Hindi pa panahon.

Dahil nasiraan ako ng loob, kinalimutan ko na ang plano kong mag-aral sa BYU at nag-aplay ako sa isang unibersidad sa Sweden. Halos kasabay ng pag-alis ko sana papuntang BYU, umibig ako kay Jonas—isang bagong returned missionary. Bagama't maaari kaming dumalo pareho sa ilang aktibidad ng mga kabataan bago umalis si Jonas papuntang misyon, hindi ko siya napansin kahit kailan. Kung paanong hindi ko napansin ang kanyang karisma at nakakahawang halakhak ay isang hiwaga pa rin!

Noong bago pa lang ang aming relasyon, sinabi sa akin ni Jonas na nag-aplay siya sa BYU at inaasam niyang makapag-aral nang sumunod na semestre. Matapos ang kanyang unang semestre sa Provo, ikinasal kami sa templo at sabay kaming nag-aral sa BYU, at sabay kaming nakatapos ng pag-aaral.

Ngayon ay nililingon at nauunawaan ko kung bakit hindi ang sagot ng Ama sa Langit noong una—o talagang, "hindi pa"—sa aking taimtim na dalangin tungkol sa pag-aaral sa BYU. Bagama't hindi ang sagot Niya sa hangarin ko noong panahong iyon, ang sinasabi Niya talaga ay oo sa isang mas mahalagang hangarin. Noong bata pa ako, madalas kong ipanalangin na sana'y magkatagpo kami ng mapapangasawa ko pagdating ng tamang panahon. Maaaring nagkita na kami sa BYU, pero naniniwala ako na, bilang bahagi ng mas dakilang plano, kinailangan naming magkatagpo ni Jonas sa Sweden. Marahil marami sa mga sagot na "hindi" ng Ama sa Langit sa ating mga dalangin ay mahahalagang bahagi ng mga sagot Niyang "oo" sa mas dakilang mga plano para sa ating buhay.

## Mangyari ang Inyong Kalooban

Sa Getsemani, nanalangin si Jesucristo nang buong taimtim, "Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito." Pagkatapos ay idinagdag Niya, "Gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (Mateo 26:39). Piniling inumin ni Jesucristo ang mapait na saro dahil alam Niya na bahagi ito ng mas dakilang plano ng Diyos na maglaan ng isang Tagapagligtas,

KALIWA: LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NI ANGELICA HAGMAN; KANAN: LARAWAN NINA ANGELICA AT JONAS NA KUHA NI BRIGITTE GRENFELDT

na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sangkatauhan (tingnan sa 3 Nephi 11:11).

Gayundin, alam natin na may plano ang ating Ama sa Langit para sa buhay natin. Kahit hindi natin alam ang mga detalye ng plano ng Diyos para sa atin, maaari tayong magtiwala sa mga sagot ng Ama sa Langit sa ating mga dalangin at magsabing, "Mangyari ang Inyong kalooban."

Iniayon ni Cristo ang Kanyang kalooban sa Diyos, at nahayag ang dakilang planong kinabilangan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas para sa buong sangkatauhan. Gayundin, kapag iniayon natin ang ating kalooban sa Diyos, maihahayag ng Ama sa Langit ang mas dakilang plano para sa atin. Habang tayo'y nabubuhay, matatanggap natin ang mga pagpapalang isinamo ni Jesucristo sa Kanyang Panalangin ng Pamamagitan: "Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y sumaatin" (Juan 17:21).

Labis akong nagpapasalamat na magiliw na bumubulong ng hindi ang ating Ama sa Langit sa ilang dalangin para makasagot Siya ng matunog na oo sa iba. ■

*Ang awtor ay naninirahan ngayon sa California, USA.*





**NAKIKITA NG DIYOS ANG KABUUAN NG LARAWAN**

"Kamangha-manghang mapagkukunan ng kapangyarihan, ng lakas, at ng kapanatagan ang nariyan para sa bawat isa sa atin. Siya na mas kilala tayo kaysa kilala natin ang ating sarili, Siya na mas nakauunawa at nakakaalam ng wakas sa simula pa lamang, ay tiniyak sa atin na nariyan Siya para tulungan tayo kung hihilingin lang natin. Ipinangako Niya sa atin: 'Manalangin tuwina, at maging mapanampalataya, at lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti' [D at T 90:24]."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa," *Liahona,* Nob. 2013, 121.**

# MGA KATOTOHANAN NA NAPAKAHALAGANG MALAMAN

*Kung nagkamali o nawala kayo sa loob ng maikling panahon, maaari kayong sumulong nang may pananampalataya at hindi na magpagala-gala pa sa mundo.*



**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang ilang kabataan ay may mga tanong at naghahanap ng patnubay. Ang iba naman ay nag-iisip kung paano sila napalayo sa landas ng ebanghelyo at kung paano sila makakabalik. Habang nagsasalita ako sa lahat, marubdob akong nagsasalita sa taong naghahangad.

## Ang Inyong Espirituwal na Pagkakautang

Lahat tayo ay nabubuhay sa espirituwal na pagkakautang. Sa anumang paraan, ang utang ay palaki nang palaki. Kung patuloy kayong magbabayad, huwag kayong gaanong mag-aalala. Hindi magtatagal at matututo kayo ng disiplina at malalaman ninyo na may takdang-araw ng paniningil ng bayad. Dapat kayong matutong patuloy na magbayad ng inyong espirituwal na pagkakautang sa halip na hayaan itong patuloy na tumubo at magkaroon ng multa.

Dahil kayo ay sinusubukan, inaasahan na gagawa kayo ng ilang pagkakamali. Palagay ko may mga nagawa kayo sa buhay na pinagsisisihan ninyo, mga bagay na ni hindi ninyo maihingi ng paumanhin, o maitama man lang; kung gayon, may pasanin kayo. Marahil ay nadarama ninyo na mahina ang inyong isip at katawan kumpara sa iba at naliligalig o nabibigatan kayo sa pasaning dulot ng ilang espirituwal na pagkakautang na may markang "lagpas na sa taning." Kapag nakaharap ninyo ang inyong sarili sa mga sandaling iyon ng tahimik na pagninilay (na sinisikap iwasan ng marami sa atin), may ilang bagay ba kayong hindi pa nabayaran na gumugulo sa inyong isipan? May bumabagabag ba sa inyong budhi? Kayo ba, sa anumang paraan, ay nakagawa ng maliit o malaking kasalanan?

Napakadalas nating tumanggap ng mga liham mula sa mga taong nakagawa ng malalaking pagkakamali at nabibigatan. Ang samo nila: "Mapapatawad pa ba ako? Magbabago pa kaya ako?" Ang sagot ay oo! (Tingnan sa I Mga Taga-Corinto 10:13.)

## Ang Pagsisisi ay Nakakaginhawa

Itinuturo sa atin ng ebanghelyo na ang ginhawa mula sa pagdurusa at pagkaligalig ay matatamo sa pamamagitan ng pagsisisi. Maliban sa iilan—na kakaunti lamang—na tumalikod tungo sa kapahamakan matapos malaman ang kaganapan, walang nakagawian, walang adiksyon, walang rebelyon, walang paglabag, walang kasalanan maliit man o malaki na hindi saklaw ng ipinangakong lubusang kapatawaran. Anuman ang nangyari sa buhay ninyo, naghanda ng daan ang Panginoon para kayo makabalik kung diringgin ninyo ang mga panghihikayat ng Banal na Espiritu.

Ang ilan ay puno ng nakahihikayat na pamimilit, isang tuksong paulit-ulit na

PAGLALARAWAN NI PETESHERRARD/ISTOCK/THINKSTOCK AT NI BRENDA A. CARSON/ISTOCK/THINKSTOCK

pumapasok sa isipan, marahil para makagawian, pagkatapos ay mauwi sa adiksyon. Mahilig tayong gumawa ng ilang paglabag at kasalanan at mangatwiran din na wala tayong kasalanan dahil ipinanganak tayong ganito. Nahuhulog tayo sa bitag, kaya dumarating ang pasakit at pagdurusang tanging ang Tagapagligtas ang makapagpapagaling. May kapangyarihan kayong tumigil at matubos.

### Isang Makamandag na Ahas na Tinatawag na Pornograpiya

Sinabi minsan sa akin ni Pangulong Marion G. Romney (1897–1988), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Huwag lang silang sabihan para sila makaunawa, sabihan sila para hindi sila magkamali sa pag-unawa."


Kaya't makinig! Magsasalita ako nang malinaw bilang isang taong tinawag at may obligasyong gawin ito.

Nabubuhay kayo sa panahon na laganap ang pahirap ng pornograpiya sa iba't ibang panig ng mundo. Mahirap itong takasan. Ang pornograpiya ay nakatuon sa bahagi ng inyong likas na pagkatao na nagbibigay sa inyo ng kapangyarihang lumikha ng buhay.

Ang pagpapasasa sa pornograpiya ay humahantong sa mga paghihirap, diborsyo, karamdaman, at iba't ibang problema. Walang bahagi rito na bunga ng kawalangmalay. Ang pagkolekta, panonood, o pagdadala ng anumang uri nito ay parang paglalagay ng isang makamandag na ahas sa backpack ninyo. Inilalantad kayo nito sa dimaiiwasang espirituwal na katumbas ng tuklaw ng ahas na may kasamang turok ng nakamamatay na lason. Madaling mauunawaan ng isang tao, sa ganitong klaseng daigdig, na hindi ninyo namamalayan ay nakalantad, binabasa, o pinanonood na pala ninyo ito nang hindi natatanto ang kakila-kilabot na mga bunga nito. Kung ganyan ang ginagawa ninyo, binabalaan ko kayo na itigil na ito. Itigil na ito ngayon!

***Ang pagkoleta o panonood ng pornograpiya ay parang paglalagay ng isang makamandag na ahas sa backpack ninyo.***





Itinuturo ng Aklat ni Mormon na lahat ng tao "ay tinuruan nang sapat upang kanilang makilala ang mabuti sa masama" (2 Nephi 2:5). Kabilang kayo riyan. Alam ninyo kung ano ang tama at mali. Mag-ingat nang husto para hindi kayo tumawid sa linyang iyon.

Bagama't halos lahat ng pagkakamali ay maaaring ipagtapat nang lihim sa Panginoon, may ilang paglabag na nangangailangan ng higit pa riyan para mapatawad. Kung ang inyong mga pagkakamali ay mabigat, makipagkita sa inyong bishop. Kung hindi, puwede na ang karaniwang pagtatapat, na tahimik at personal. Ngunit tandaan, maaaring hindi dumating kaagad ang maningning na umaga ng kapatawaran. Kung nagkamali kayo noong una, huwag sumuko. Ang pagdaig sa panghihina ng loob ay bahagi ng pagsubok. Huwag sumuko. At tulad ng payo ko noon, kapag naipagtapat at tinalikuran na ninyo ang inyong mga kasalanan, huwag na itong lingunin.

Laging nariyan ang Panginoon. Handa Siyang magdusa at bayaran ang kaparusahan kung handa kayong tanggapin Siya bilang inyong Manunubos.

## Ang Pagdurusa ng Tagapagligtas para sa Ating mga Kasalanan

Bilang mga mortal, maaaring hindi—talagang hindi—natin lubusang mauunawaan kung paano isinakatuparan ni Jesucristo ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ngunit sa ngayon ang *paraan* ay hindi kasinghalaga ng *dahilan* ng Kanyang pagdurusa. Bakit Niya ito ginawa para sa inyo, para sa akin, para sa buong sangkatauhan? Ginawa niya ito dahil sa pag-ibig sa Diyos Ama at sa buong sangkatauhan. "Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan" (Juan 15:13).

Sa Getsemani, humiwalay si Cristo sa Kanyang mga Apostol para manalangin. Anuman ang nangyari ay wala tayong kapangyarihang malaman! Ngunit alam natin na naisagawa Niya ang Pagbabayad-sala. Handa Siyang akuin ang mga pagkakamali, mga kasalanan at bigat ng konsiyensya, mga pag-aalinlangan at takot ng buong mundo. Nagdusa Siya para sa atin para hindi na tayo magdusa pa.

## Ang Lubos na Kapatawaran ay Posible

Kung nagkamali o nawala kayo sa loob ng maikling panahon, kung nadarama ninyo na bihag kayo ng kaaway, maaari kayong sumulong nang may pananampalataya at hindi na magpagala-gala pa sa mundo. May mga taong handang gabayan kayo pabalik sa kapayapaan at katiwasayan. Ang biyaya ng Diyos, tulad ng pangako sa mga banal na kasulatan, ay dumarating "sa kabila ng lahat ng ating magagawa" (2 Nephi 25:23). Ang posibilidad nito, para sa akin, ang katotohanan na napakahalagang malaman.

Ipinapangako ko na maaaring dumating ang maningning na umaga ng kapatawaran. Pagkatapos "ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip" (Mga Taga-Filipos 4:7) ay muling darating sa buhay ninyo, na parang pagsikat ng araw, at kayo at Siya ay "hindi na aalalahanin pa [ang inyong kasalanan]" (Jeremias 31:34). Paano ninyo malalaman na napatawad na kayo? Malalaman ninyo! (Tingnan sa Mosias 4:1–3.)

Ito ang dahilan kaya ako naparito para turuan kayong may mga alalahanin. Mamamagitan Siya at lulutasin ang problemang hindi ninyo kayang lutasin, ngunit kailangan ninyong pagbayaran. Hindi ito dumarating nang hindi ninyo iyan ginagawa. Napakabait Niyang pinuno dahil lagi Niyang babayaran ang halagang kailangan, ngunit nais Niyang gawin ninyo ang dapat ninyong gawin, kahit masakit ito.

Mahal ko ang Panginoon, at mahal ko ang Ama na nagsugo sa Kanya. Ang mga pasanin ng ating pagkasiphayo, kasalanan, at bigat ng konsiyensya ay maaaring ilatag sa Kanyang harapan, at sa Kanyang bukas-palad na kundisyon, bawat utang sa listahan ay maaaring markahan ng "binayaran nang buo." (Tingnan sa Isaias 1:18–19.)

## Mamuhay nang Tapat at Manatiling Karapat-dapat

Ang talatang "matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan

ng Diyos" (Alma 37:35) ay isang paanyayang may kasamang pangako ng kapayapaan at proteksyon mula sa kaaway. (Tingnan din sa I Kay Timoteo 4:12.)

Huwag asahan na lahat ay magiging maayos habang kayo ay nabubuhay. Maging sa mga taong namumuhay nang nararapat, kung minsan ay kabaligtaran ang mangyayari. Harapin ang bawat hamon sa buhay nang may magandang pananaw at katiyakan, at magkakaroon kayo ng kapayapaan at pananampalataya na magtataguyod sa inyo ngayon at sa hinaharap.

Para sa mga taong wala pa ng lahat ng pagpapala na inaakala ninyong gusto at kailangan ninyo, matibay ang paniniwala ko na walang karanasan o pagkakataong mahalaga sa pagkatubos at kaligtasan na ipagkakait sa inyo na namumuhay nang tapat. Manatiling karapat-dapat; umasa, magtiyaga, at manalangin. May paraan para maisagawa ang mga bagay-bagay. Gagabayan kayo ng kaloob na Espiritu Santo at papatnubayan kayo sa inyong mga kilos.

Kilala ko kayong mga kabataan ng Simbahan, at nauunawaan ko na hindi kayo perpekto, ngunit sumusulong kayo sa landas na iyon. Lakasan ang inyong loob. Dapat ninyong malaman na sinumang taong may katawan ay mas may kapangyarihan kaysa sa taong wala nito.[1] Si Satanas ay pinagkaitan ng katawan; kaya kung maharap kayo sa mga tukso, dapat ninyong malaman na madadaig ninyo ang lahat ng tuksong iyon kung gagamitin ninyo ang kalayaang ibinigay kina Adan at Eva sa halamanan at ipinasa sa henerasyong ito mismo. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University noong Nobyembre 6, 2011. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa speeches.byu.edu.*

**TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 245.

***Ipinapangako ko na maaaring dumating ang maningning na umaga ng kapatawaran.***



*IMAHE NI CRISTO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.; PAGLALARAWAN NI TOLTEK/ISTOCK/THINKSTOCK

# ANG BAHAGING PARA SA ATIN





## MGA PAMANTAYAN AT MGA KAIBIGAN

Simula nang mag-aral ako, nagkaroon na ako ng mga kaibigang hindi makaunawa sa mga pamantayan ng moralidad ng ating relihiyon. Mahirap noong una, ngunit sa paglipas ng panahon nasanay na sila sa ideya na malinis ang aking pagkatao. Gumawa ako ng mithiin sa buhay na maging malinis at dalisay, at nangyari naman ito, kapwa para sa akin at sa mga taong dating namimintas sa akin. Sa paglipas ng panahon, ang paggalang, kapayapaan at kagalakan ay naging bahagi ng aming pagmamahalan bilang magkakaibigan.

Vitória M., Brazil

## PAGPAPATAWAD SA AKING MGA KAIBIGAN

Dahil ako lang ang miyembro ng Simbahan sa barkadahan namin, may ilang pagkakataon na sumama ang loob ko sa mga kaibigan ko. Kung minsan hinuhusgahan at pinipintasan nila ang aking relihiyon. Pakiramdam ko ay nag-iisa ako, subalit nagpapasalamat ako na alam ko ang mga pamantayan ng Simbahan.

Kung sumasama ang loob ko sa mga kaibigan ko, sinisikap kong magpakumbaba at umiwas sa pagtatalo, dahil alam kong masama ang makipagtalo. Kapag sinisimulan nilang pag-usapan ang ilang bagay tungkol sa Simbahan, pinatototohanan ko lang ang paniniwala ko sa ebanghelyo.

Lagi kong pinatatawad ang mga kaibigan ko humingi man sila ng tawad o hindi. Ang pagpapatawad ay hindi lamang pagsasabi ng, "Pinatatawad na kita" o "OK lang," dahil malalim ang kahulugan ng pagpapatawad: si Jesucristo ay nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan para mapatawad tayo ng Ama sa Langit.

Kahit hindi nauunawaan ng mga kaibigan ko ang pananampalataya ko ngayon, alam ko na maaari akong maging kasangkapan ng Diyos para ituro sa kanila ang ebanghelyo. Tinutulungan ko sila, at kasabay nito ay tinutulungan ko ang sarili ko na umunlad sa espirituwal at maghanda sa misyon.

Josue V., Philippines



## ISA SA MGA PABORITO KONG TALATA SA BANAL NA KASULATAN

Ginagamit ng ating Ama sa Langit ang "maliliit at mga karaniwang bagay" (Alma 37:6) upang isulong ang Kanyang gawain. Si Joseph Smith ay hindi isang dakilang tao sa paningin ng mundo, subalit ginamit siya ng Diyos para ipanumbalik ang Simbahan. At isang napakasimpleng bagay ang humantong sa Panunumbalik: ang panalangin. Huwag ninyong isipin na napakahamak ninyo para gumawa sa ubasan ng Panginoon. Ang pagiging mabuting halimbawa ay makakatulong sa kapitbahay ninyo na maging miyembro ng Simbahan. Hindi kailangan ng Diyos ang malalaking personalidad kundi mga tao lamang na tapat at masunurin.

Ronick R., Haiti

# MGA MISSIONARY COMPANION

Makakatulong ang inyong pamilya na pagkaisahin ang pamilya ng Diyos. Lahat kayo ay maaaring magbahagi ng ebanghelyo sa natural at kasiya-siyang paraan.

(Tingnan sa M. Russell Ballard, “Magtiwala Kayo sa Panginoon,” *Liahona,* Nob. 2013, 43.)




PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



# MGA BANANA BREAD **MISSIONARY**

*Para sa mga kabataang lalaking ito, ang pagbabahagi ng isang hiwa ng tinapay ay nagpala sa maraming buhay, pati na sa kanila.*

**Ni Mindy Raye Friedman**
Mga Magasin ng Simbahan

Kung may nag-alok sa inyo ng masarap na banana bread, paano kayo tutugon? Para sa mga kabataang lalaki sa isang ward sa Ecuador, isang paraan iyan para masimulan nilang pag-usapan ang ebanghelyo.

Kada dalawang buwan mayroon silang missionary day na may mga open house sa iba't ibang lugar sa kanilang ward. Naghahati-hati sila sa ilang grupo, bawat isa ay binubuo ng isang binatilyo, isang full-time o bagong returned missionary, at isang elder o high priest. Ang ilang grupo ay nagtatrabaho sa isang tolda, ang ilan ay kinakausap ang mga tao sa parke, at ang ilan ay nagbabahay-bahay.

Kapag may nakilala sila, inaalok nila ito ng isang pirasong banana bread. Kapag tinanggap ng tao, sinasabihan ito na bagama't masarap ang tinapay at mabuti sa katawan, ang mga missionary ay may mensaheng magpapalakas sa kaluluwa ng tao. Pagkatapos ay inaanyayahan ng mga binatilyo at kanilang mga kompanyon ang mga tao na makipagkita sa mga missionary. Sa ganitong paraan, nakakuha sila ng 40 hanggang 50 referral para sa mga missionary sa loob lang ng dalawang oras.

Kinakaibigan din ng mga binatilyo ang mga miyembro ng sarili nilang korum. Tuwing Sabado nagtitipon sila para sa aktibidad ng Young Men at para gawin ang Tungkulin sa Diyos. Pagkatapos ay binibisita nila ang mga di-gaanong aktibong miyembro ng kanilang korum. Hinihikayat nila silang magsimba at pagkatapos ay inaanyayahan silang bumalik para maglaro o makibahagi sa isa pang aktibidad.

Sa ganitong paraan at marami pang iba, ang mga binatilyong ito ay naghahandang maging mga missionary habambuhay. Dalawa sa kanila (sa kanan) ang nagbahagi kung paano sila napalakas at nabigyang-inspirasyon ng kanilang mga karanasan.

MGA LARAWAN NG WARD SA KAGANDAHANG-LOOB NI NOLFO ZAMBRANO



## BINAGO NG EBANGHELYO

Limang taon na akong miyembro ng Simbahan. Ang mga magulang ko ay hindi miyembro, pero si Tito Jorge ang Young Men president, at malaking tulong siya. Nagpapasalamat din ako sa aking bishop sa kanyang palagiang suporta at paghihikayat.

Nagpasiya akong maging mas malapit sa Simbahan pagkatapos ng isa sa mga missionary day nila sa ward. Isa iyon sa mga una kong karanasan na humikayat sa akin na sumapi sa Simbahan. Bilang deacon, teacher, at ngayon ay priest, lagi akong sinusuportahan at hinihikayat ng mga lider ko na sumali sa lahat ng aktibidad sa gawaing misyonero. Gusto ko ang mga open house, kung saan may pagkakataon akong ibahagi sa iba ang mga pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan ni Cristo. Ang lubos na nagbigay sa akin ng inspirasyon ay ang mga aktibidad sa paglilingkod, kung saan may pagkakataon akong maglingkod sa aking kapwa tulad ng itinuro ni Jesus na gawin natin.

Isang taon na ang nakararaan, ang nakababata kong mga kapatid na sina Luis, edad 15, at Israel, edad 12, ay sumapi sa Simbahan. Sama-sama naming ginagawa ang mga proyekto sa Tungkulin sa Diyos, at mula nang mabinyagan sila ay nagkaroon na kami ng magagandang karanasan sa pagtutulungan. Lahat ng binatilyo sa ward ay napakalapit sa isa't isa, at nagsusuportahan kami.

Alam ko na ang binyag ang pintuan papasok sa kaharian ng langit. Kapag naglilingkod tayo sa ating kapwa-tao, naglilingkod tayo sa Diyos (tingnan sa Mosias 2:17). Ang gawaing misyonero ay nagpapala sa mga pamilya, at alam ko na nagbago ang buhay ko dahil sa ebanghelyo.

Alvaro T., edad 17

## ANG INYONG MGA KARANASAN SA MISYON

Paano ninyo ibinahagi ang ebanghelyo sa maliliit at mga karaniwang paraan? Ibahagi ang inyong mga kuwento sa pamamagitan ng pagbisita sa liahona.lds.org at i-klik ang "Submit Your Work" o mag-email sa liahona@ldschurch.org.

## PAGKATUTO SA AKING MGA RESPONSIBILIDAD

Noong deacon ako natutuhan ko ang aking mga responsibilidad dahil sa suporta ng aking mga magulang at lider at sa paggawa ng mga mithiin sa buklet na Tungkulin sa Diyos. Noong teacher ako marami pa akong natutuhan sa pagbisita bilang home teacher, paglahok sa mga open house sa mga missionary day, pamimigay ng banana bread, pagdalo sa Mutual, at pagsali sa mga aktibidad ng ward at stake.

Ngayong priest na ako nakakapagtuon ako sa gawaing misyonero. Sa pakikipagtulungan sa Young Men president at bilang assistant sa bishop, mas marami pa akong natutuhan tungkol sa aking mga responsibilidad bilang mayhawak ng priesthood.

Palagi kaming pinasasama ng aming mga lider sa kanila at sa mga full-time missionary para maging pamilyar kami sa gawaing misyonero. Pinapayuhan din nila kaming basahin ang mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon. Lahat ng karanasang ito ay naghihikayat at naghahanda sa akin na matanggap ang mas mataas na priesthood at maglingkod sa full-time mission.

Isaac G., edad 17









# ISANG HIMALA SA AIRPORT

*Maaaring baguhin ng isang maliit na pahiwatig ang mga buhay tungo sa kabutihan.*

**Ni Thomas E. Robinson III**

Bilang isang bagong missionary sa Japan, nahirapan akong maunawaan ang kahit sino, lalo pa ang makilala sila. Mahirap matutong mahalin ang mga taong ni hindi ko kilala, lalo na kapag hindi ko maunawaan ang sinasabi nila. Ngunit sinikap kong ipakita ang pagmamahal ko sa kanila, at pinasalamatan ko ang kanilang mga pagsisikap sa pagtulong sa akin.

Bawat linggo, kami ng kompanyon ko ay tumatanggap ng tinapay na lutong-bahay mula sa isang sister sa ward na nagngangalang Sister Senba. Ipinakita niya ang kanyang pagmamahal sa mga missionary sa pagluluto ng tinapay at pagsulat ng mga maiikling liham na puno ng damdamin.

Naantig ako na may nagmamalasakit sa akin. Nadama ko na dapat ko siyang pasalamatan sa maliit na paraan. Sinabi ko sa kanya sa maikling liham kung gaano ako nagpapasalamat para sa kanya at sa mga sakripisyo niya at ng kanyang pamilya para tulungan ang mga missionary. Naging magkaibigan kami, at sinimulan ko siyang ituring na "ina na malayo sa bahay."

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN

Lumipas ang mga buwan. Isang Miyerkules ng umaga tumanggap ako ng tawag mula sa aking mission president, na pinalilipat ako sa Okinawa. Nang ibaba ko ang telepono, magkahalong lungkot at saya ang nadama ko. Nalungkot akong magpaalam. Bawat tawag sa telepono para sabihin sa mga miyembro ng ward na aalis na ako kinabukasan ay masakit sa akin. Ang pagpapaalam sa mga taong natutuhan ko nang mahalin ay mas mahirap kaysa inakala ko.

Nang matapos na ako sa pagtawag, napansin ko na ang tanging hindi sumagot sa telepono ay si Sister Senba. Nalungkot ako na hindi ako makakapagpaalam sa isang miyembrong naging malapit sa puso ko.

Kinabukasan umalis na ako kasama ang dalawa pang missionary papunta sa airport. Nang makarating kami sa ticket counter at bumili kami ng mga tiket, sinabi sa amin ng mga nagtatrabaho doon na tinanggihan ang mga card namin. Wala na kaming perang pambayad sa mga tiket, at paalis na ang eroplano sa loob ng 10 minuto! Nataranta kaming tatlo. Hindi na namin mahahabol ang paalis na eroplano at mamamalagi kami sa airport maghapon.

Ngunit nawala ang lahat ng pagkataranta ko at napanatag ako nang lumingon ako at makita ko si Sister Senba na papasok sa airport. Nagulat ako na naroon siya dahil hindi niya alam kung anong oras ang lipad namin. Nang makarating siya sa amin, ngumiti siya at binigyan kaming lahat ng tinapay na babaunin namin sa eroplano.

Nang ipaliwanag namin sa kanya na hindi kami makakasakay, nalungkot siya. Hindi namin alam ang gagawin. Pagkatapos ay sinimulang kalkalin ni Sister Senba ang kanyang pitaka, sa paghahanap ng isang bagay na makakatulong sa amin. Masaya siyang napatalon nang makita niya ang maliit na sobre sa kanyang pitaka na ilang linggo na ang nakararaan ay nilagyan niya ng ¥50,000—ang eksaktong halaga ng perang kailangan namin. Ibinigay niya sa amin ang pera, at nakabili kami ng mga tiket sa oras. Pinasalamatan namin siya nang labis mula sa kaibuturan ng aming kaluluwa, nagpaalam kami, at humangos na paakyat sa eroplano.

Nang lumipad na ang eroplano, bumaling sa akin ang kapwa ko missionary at nagsabing, "Kahanga-hanga siya?! *Iyon* ay isang himala!"

At naisip ko na talagang himala nga iyon. Pagkatapos ay sinabi niya, "Ano'ng sabi sa maikling liham mo?" Nakita kong binabasa niya ang maikling liham na kasama ng tinapay na ibinigay ni Sister Senba sa kanya. Nang matanto kong mayroon din pala ako, inilabas ko ang liham at binasa ang munting piraso ng papel na para sa akin, at agad tumulo ang mga luha sa aking mga mata. Sabi roon, "Mahal kita! Huwag mo sana akong kalimutan! Hinding-hindi kita malilimutan!"

Sa sandaling iyon nadama ko ang Espiritu nang mas matindi kaysa rati. Itinuro sa akin ng halimbawa ni Sister Senba kung gaano kahalagang sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu—gaano man kaliit o kataka-taka ang pahiwatig. Sa pamamagitan ng mga pahiwatig na ito may kapangyarihan tayong baguhin ang mga buhay tungo sa kabutihan. Alam kong hindi lamang nagkataon na dumating siya sa airport. Iyon *ay* isang himala.

## TALAGANG GUMAGAMIT ANG PANGINOON NG MALILIIT NA PARAAN UPANG MAISAKATUPARAN ANG KANYANG GAWAIN.

Talagang gumagamit ang Panginoon ng maliliit na paraan upang maisakatuparan ang Kanyang gawain. Napakapalad natin bilang mga miyembro ng Simbahang ito na madama ang Kanyang impluwensya sa buhay natin. Tayong lahat nawa ay manatiling karapat-dapat na tumanggap ng mga panghihikayat na ito at pagpalain ang buhay ng mga anak ng Diyos. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

*Paunawa ng patnugot: Si Sister Senba ay agad binayaran ng misyon.*



# "Maghapong nagtatrabaho ang nanay ko. Paano ko mas mapapabuti pa ang aming ugnayan?"

Dahil hindi mo madalas makita ang nanay mo, tiyakin na ang oras ninyong magkasama talaga ay magagamit ninyo nang husto. Maaari mong kausapin ang nanay mo kung paano gagawin ito. Nais din niyang maging maganda ang relasyon ninyo at tutulungan ka niyang gawin ito. Subukan siyang tanungin kung ano ang ikasisiya niya: umuwi sa isang bahay na malinis? magkasama kayo sa isang aktibidad? basta magkausap lang kayo? Habang regular mong ginagawa ang mga aktibidad na ikinasisiya ng nanay mo, gaganda ang relasyon ninyo.

Mangyari pa, maaari kayong magplano ng masasayang aktibidad na magkasama ninyong gagawin, ngunit anumang makabuluhang oras na magkasama kayo—tulad ng paghuhugas ng mga pinggan o pagbabasa ng mga banal na kasulatan—ay maaaring isang magandang paraan para tumibay ang inyong relasyon.

Magplano rin ng oras para makapag-usap. Ang pag-unawa sa isa't isa ay mahalagang sangkap sa magagandang relasyon. Ang isang bagay na tatalakayin ay kung paano maaapektuhan ng iskedyul ng trabaho ng nanay mo ang relasyon ninyong dalawa. Maiiwasan mo ang mga di-pagkakaunawaan kung pag-uusapan ninyo kung ano ang mga inaasahan mo at ng nanay mo.

Makakatulong ang panalangin. Ang mga pamilya ay mahalaga sa Ama sa Langit, kaya bibigyan ka Niya ng inspirasyong malaman kung paano pagagandahin ang relasyon ninyo ng nanay mo. Huwag balewalain ang pahiwatig na gawin ang isang bagay na tila maliit (tingnan sa Alma 37:6). Ang yakap at ngiti, halimbawa, ay makakagawa ng malaking kaibhan.



**Sumulat ng Maikling Liham**

Kahit kaunti lang ang oras na magkasama kayo, maipapahayag mo pa rin ang pagmamahal mo sa iyong ina. Palihim siyang sulatan ng maiikli at magiliw na liham. Kapag binasa niya ito sa trabaho, maiisip ka niya. Gawin ang lahat ng magagawa mo para sa kanya. Isipin siya nang mas madalas at ipagdasal siya. Hilingin sa Panginoon na bigyan ka ng inspirasyon at ipahiwatig sa iyo kung paano mo mapapaganda ang inyong relasyon.

*Irinka E., edad 20, Odessa, Ukraine*

**Sikaping Unawain Siya**

Sikaping unawain ang kanyang sitwasyon, dahil nagtatrabaho siya para sa iyong kapakanan. Maaari kang magsimula sa pagtulong sa mga gawain sa bahay, gaya ng paglilinis ng bahay, pagtulong sa iyong mga kapatid, at pagluluto. Maaari ka ring magbahagi sa nanay mo ng talata sa mga banal na kasulatan, magkasamang manalangin, at gawin ang mga aktibidad na gusto ninyong gawin nang magkasama.

*Morony M., edad 18, Chihuahua, Mexico*



**Magkaroon ng Isang Espesyal na Araw ng Linggo**

Sa ilang araw ng Linggo may espesyal na tanghalian o hapunan kami na may kasamang bagong panghimagas, nag-uusap-usap kami, at sa huli ay kumakanta kami ng mga himno. Ito ang nagbibigkis sa amin at tinutulungan kaming maging mas matalik na magkaibigan!

*Rebeca N., edad 12, São Paulo, Brazil*

**Subukan ang Isang Eksperimento**

Naglalaan kami ng oras para magkasama-sama: nagdaraos kami

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

ng family home evening, naglalaro, nagpupunta sa dalampasigan, sabay-sabay na nananaghalian. Lahat ng ito ay nakakatulong para manatili ang maganda naming relasyon. Kapag hindi kami magkasundo, iniiwasan naming mamintas. Alam ko na kung minsan ay hinihiling ko na huwag akong pagawin ng gawaing-bahay, ngunit nakakaragdag ito sa di-pagkakasundo sa tahanan. Mula nang simulan ko ang eksperimentong ito—huwag gaanong magreklamo, hinaan ang boses ko, tumulong sa iba pang gawaing-bahay, at kausapin nang mas madalas ang nanay ko—nagkaroon ng katiwasayan sa aming tahanan at mas nagkaisa kami.
*Glenda C., edad 18, Bahia, Brazil*



### Tulong sa Tahanan


Dagdagan ang paggawa ng gawaing-bahay. Maghapong nagtatrabaho ang nanay mo. Kung mababawasan ang gawain niya sa bahay pag-uwi niya, siguro mas sasaya siya at mas marami kayong oras para mag-usap at magkasamang gumawa. Habang nag-uusap kayo, maaari mong kumustahin ang trabaho niya sa maghapon. Ipapakita nito sa kanya na nagmamalasakit ka, at magbibigay ng mga pagkakataong mapag-usapan ninyo ang iba pang mga paksa, para lalo kayong magkalapit.
*Heather B., edad 18, Oregon, USA*

### Maghanap ng Isang Bagay na Pareho Ninyong Gustong Gawin

Malaki ang ipinagbago ng relasyon namin ni Inay nang sabihin kong, "Gusto ko pong pag-ukulan kayo ng mas maraming oras, pero hindi ko alam kung ano ang gagawin o kailan ito gagawin." Nagkataon na paglalaro ng board games ang paborito naming libangan. Kaya naglaan kami ng oras para magkasama kaming maglaro, magtawanan, at bumuo ng mga alaala. Kapag wala kang lihim sa mga magulang mo, sa huli ay sila ang magiging pinakamabuti mong mga kasama. Makakausap mo sila tungkol sa anumang bagay, at makakatiyak ka na tapat ang isasagot sa iyo. Iyan ay tanda ng isang mabuting relasyon.
*Ephraim S., edad 15, New South Wales, Australia*

### Magkasamang Basahin ang mga Banal na Kasulatan

Kapwa kayo makapagtatakda ng mithiin na magkasamang magbasa araw-araw, kahit limang minuto lang, mula sa Aklat ni Mormon o sa iba pang aklat ng Simbahan. Patatatagin nito ang inyong relasyon at pangangalagaan kayo ng salita ng Diyos para maging handa kayong harapin ang bawat araw. Alalahanin ding manalangin sa Diyos at hingin ang tulong Niya. Alam kong naririnig at mahal ka Niya.
*Laura M., edad 19, Córdoba, Argentina*



## MATUTO KA SA NANAY MO

"Tingnan ninyo ang inyong matatapat na ina bilang isang huwarang susundin. Tularan ninyo *sila*, hindi ang mga artista na ang mga pamantayan ay wala sa mga pamantayan ng Panginoon, na ang pinahahalagahan ay hindi nagpapakita ng walang hanggang pananaw. Tingnan ang inyong ina. Matuto mula sa kanyang mga kalakasan, tapang, at katapatan. Pakinggan siya. Maaaring hindi siya mahusay sa pagtetext; maaaring wala siyang Facebook. Ngunit kapag patungkol sa puso at sa mga bagay ng Panginoon, mayroon siyang yaman ng kaalaman."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mga Ina at Anak na Babae," *Liahona*, Mayo 2010, 19.**


## SUSUNOD NA TANONG

**"Kadidiborsyo lang ng mga magulang ko. Galit ako dahil sinira nila ang pamilya namin. Paano ko sila mapapatawad?"**

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Setyembre 10, 2014, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



**Ni Bonnie L. Oscarson**
Young Women General President

# LABANAN ANG HATAK NG MUNDO

## SUMULONG NANG MAY PANANAMPALATAYA

*Habang patuloy kayong sumusulong sa buhay, maaari kayong manatiling matwid kahit sinisikap kayong hatakin ng mga puwersa sa labas.*

Natanggap ko ang unang bisikleta kong dalawa ang gulong noong walong taong gulang ako. Sa tulong ng kuya at tatay ko, sinimulan ko ang medyo nakakatakot na prosesong pag-aralan kung paano sakyan ito. Parang napakadali at natural sa ibang mga bata sa kapitbahayan na pabalik-balik na patakbuhin nang matulin ang kanilang bisikleta sa kalye. Sumakay ako sa upuan ng bisikleta—na tila di-kukulangin sa 10 talampakan (3 m) ang taas mula sa lupa—at natanto ko na talagang hindi ko maiiwasang matumba at mapatunayan na talagang malakas ang hatak ng mundo.

Nang subukan kong patakbuhin ito, nalaman ko kaagad na kung gusto kong manatiling balanse, kailangan kong pumadyak nang pumadyak. Nang una akong maupo sa upuan, pagpapatulin ang huling bagay na gusto kong idagdag sa nakakatakot na karanasang iyon. Ngunit naunawaan ko kaagad ang dapat kong gawin at kung paano ito patakbuhin. Basta't pumadyak ako nang pumadyak, mananatiling tuwid ang bisikleta at maiiwasan ko ang mga baku-bakong daan na naghihintay lang na balatan ang mga paa't kamay ko. Hindi nagtagal mabilis na rin akong magbisikleta sa lugar namin kasama ang mga kaibigan ko.

> Tulad ng mga taong padyak nang padyak sa bisikleta para manatili itong tuwid sa kabila ng hatak ng mundo, malalabanan ng mga taong ginagabayan ng Banal na Espiritu sa lahat ng kanilang ginagawa ang hatak ng kaaway.

Ganito rin sa pamumuhay ng ebanghelyo at ng mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Kailangan ng pananampalatayang maniwala na kung lagi nating susundin ang payo ng Unang Panguluhan na nakabalangkas sa buklet na iyon, magiging balanse at matatag ang buhay natin. Tayo ay maaakay kung saan natin gustong pumunta.

Kailangan tayong patuloy na sumulong para hindi tayo matumba. Para magawa iyan, dapat nating gawin ang ilang hakbang nang palagian at matapat:

- Manalangin sa umaga at gabi.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw.
- Dumalo sa mga miting ng Simbahan at makibahagi ng sakramento nang karapat-dapat.
- Paglingkuran ang mga nasa paligid natin.
- Maging karapat-dapat na pumasok sa templo.

Lahat ng hakbang na ito ay patuloy na magsusulong sa atin sa tamang direksyon.

Kaya makakatulong ang pagbabasa at pagiging pamilyar sa mga pamantayang nakalarawan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* para matiyak natin

PAGLALARAWAN NI JULIA YELLOW



na naaayon sa mga pamantayan ng Diyos ang ating mga pagpapasiya. Ang pamumuhay ayon sa mga alituntuning ito at pagsunod sa mga kautusan ay mag-aanyaya sa Espiritu Santo na makasama natin palagi. Tulad ng mga taong padyak nang padyak sa bisikleta para manatili itong tuwid sa kabila ng hatak ng mundo, malalabanan ng mga taong ginagabayan ng Banal na Espiritu sa lahat ng kanilang ginagawa ang hatak ng kaaway.

Ano ang mga iniisip ninyong patunguhan habang pumapadyak kayo pasulong? Para sa lahat ng kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood, ang paghahanda ngayon para sa full-time mission ay mahalaga sa pagsulong at pag-unlad. Para sa lahat ng kabataan, ang pagiging handang makapunta sa templo at tumanggap ng endowment sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan ay dapat ding maging pangunahin ninyong mithiin.

Tulad ng sinasabi sa mensahe ng Unang Panguluhan sa simula ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: "Sa lahat ng inyong ginagawa, manatiling nakatuon sa templo. Sa templo matatanggap ninyo ang pinakadakila sa lahat ng pagpapala ng Panginoon, kabilang na ang kasal para sa panahong ito at sa kawalang-hanggan."[1] Ang pagtanggap sa tipan ng walang-hanggang kasal sa bahay ng Panginoon at pagiging mabuting asawa, ama, at ina ay tila malayo pang mangyari, ngunit ngayon ang panahon para magsimulang maghanda. Lahat ng bagay na ito ay humahantong sa napakaluwalhati at dakilang patutunguhan ng lahat—ang buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit.

Ibinubuod ng isa sa mga paborito kong talata sa banal na kasulatan ang dapat nating gawin para patuloy tayong sumulong tungo sa ating mga mithiin: "Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig ng Diyos at ng lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20).

Tulad nang matutuhan ko noong walong-taong-gulang na bata ako na kailangan kong pumadyak nang pumadyak at sumulong para malabanan ang hatak ng mundo at manatiling balanse sa aking bisikleta, mahalaga para sa ating lahat na patuloy na sumulong nang may pananampalataya, na nagtitiwala sa payo ng mga buhay na propeta at ng mapagmahal na Ama sa Langit para hindi tayo matumba. Ang ilan sa ating mga patutunguhan ay malapit na nating marating samantalang ang iba ay mangangailangan ng habambuhay na tapat na pamumuhay upang makamtan. Ang mga pangakong naghihintay sa dulo ng landas, kung tayo ay tapat, ay tiyak at maluwalhati at sulit ang paglalakbay. ■


**TALA**

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (2011), ii.

MGA ARALIN SA LINGGO

Mga Paksa sa Buwang ito:
**Kasal at Pamilya**





### ANG PAG-AASAWA AY MAKABULUHAN

"Napakainam na magkaroon ng asawa. Napakasarap mag-asawa. Darating ang panahon na pareho na kayo ng iniisip at mga ideya at opinyon. May mga panahon na napakasaya ninyo, mga panahon ng hirap at pagsubok, ngunit ginagabayan kayo ng Panginoon sa lahat ng karanasang iyon sa inyong pagsasama."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang mga Walang-Hanggang Pagpapala ng Kasal o Pag-aasawa," *Liahona*, Mayo 2011, 96.**

# BAKIT **MASARAP** MAG-ASAWA!

*Masaya kami sa pagsasama naming mag-asawa, at narito ang dahilan.*

**Nina Ben at Rachel Nielsen**

Matapos ang aming unang deyt, nalaman namin pareho na gusto naming magdeyt ulit. Gustong ideyt ulit ni Ben si Rachel dahil mabait at masaya itong kausap. Gustong makipagdeyt ulit ni Rachel dahil maginoo at nakangiti pa rin si Ben kahit nasira ang *lahat* ng magandang plano niya para sa deyt. Pagkatapos ng pangalawang deyt, at marami pang sumunod na mga deyt at panalangin, nagkaibigan kami at nagpasiyang magpakasal sa Sacramento California Temple.

Ang araw ng kasal ay talagang perpekto, at naging masaya ang aming pagsasama simula noon. Maaaring iba ang pananaw ng mundo sa pag-aasawa, ngunit alam natin na "wala nang iba pang uri ng ugnayan ang makapagdudulot ng malaking kagalakan, magpapaibayo ng higit na kabutihan, o higit na kadalisayan ng sarili."[1] Masarap mag-asawa, at narito ang dahilan.

## **MULA KAY BEN:** Isang Teammate


Sa aking misyon sa Brazil, nagustuhan ko ang football. Ang pinakagusto ko sa isport na ito ay ang pagkakaroon ng mga teammate at pagkatutong makipagtulungan sa kanila. Si Rachel ay napakahusay na teammate. Tinutulungan niya akong makamtan ang aking mga mithiin, sinasamahan ako sa paggawa ng mahahalagang desisyon, at nariyan siya para sa akin kapag may problema ako.

Nang mabuklod kami sa templo, nangako kaming "magtutulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan."[2] Sinisikap namin ni Rachel na suportahan ang isa't isa sa lahat ng ginagawa namin, at napakagandang malaman na may kasama ako na lagi kong maaasahan.

## **MULA KAY RACHEL:** Mga Pagpapakita ng Pagmamahal

Aminin natin, mga babae (at mga lalaki), masayang malaman na may isang taong nagmamahal sa inyo. At kapag kasal na kayo, nagkakaroon kayo ng mga pagkakataong magbahagi at tumanggap ng pagmamahal araw-araw! Nang kausapin ko ang aking mga magulang tungkol sa posibilidad na magpakasal ako kay Ben, sinabi ng tatay ko, "Sinuman ang piliin mong pakasalan, gusto kong ipakita niya nang madalas at taos-puso ang kanyang pagmamahal sa iyo tulad ng ginawa ni Elder Richard G. Scott sa kanyang asawa."[3] Nakinig ako kay Itay.

Nagpasiya akong magpakasal kay Ben, at sinisikap niya lagi na ipakita sa akin ang kanyang pagmamahal sa maliliit at malalaking paraan. Noong senior year ko sa kolehiyo, ilang buwan kong pinagsikapang maghanda, mag-aplay, at mainterbyu para sa isang kilalang internship. At nang sa wakas ay mabalitaan ko na tanggap ako sa trabaho, umuwi ako at nakita ang isang plorerang puno ng mga bulaklak mula sa aking asawa. Alam niya kung gaano ko pinaghirapan iyon at kung gaano kahalaga sa akin ang internship. Sa ibang mga pagkakataon naman, itinatago niya ang paborito kong inumin at nag-iiwan ng love note sa refrigerator bago pumunta sa isang Scout camp sa katapusan ng linggo. At araw-araw, siya ang naghuhugas ng mga pinggan at pinatatawa niya ako. Mahusay magpakita ng pagmamahal si Ben sa akin, at nagpapasaya iyan nang lubos sa amin.



at pag-anyaya sa iba na lumapit kay Cristo. Habang nagtutulungan kami sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, napapalapit kami sa isa't isa, tumitindi ang aming pagmamahalan, at nagiging mas makabuluhan ang buhay.

## MULA KAY BEN: Marami pang Kasiyahan

Nakakatuwang ideyt si Rachel. Sa katunayan, tinitiyak namin na madalas pa rin kaming nagdedeyt na mag-asawa. Pagkatapos ng una naming pagkikita, nalaman namin na maraming aktibidad na pareho naming gusto: maglakad sa mga parke, dumalo sa mga dula-dulaan, manood ng mga isport, kumain ng bago at kakaibang pagkain, makinig sa musika, at marami pang iba. Gustung-gusto kong gawin ang mga bagay na ito bago ko pa nakilala si Rachel, pero mas nakakatuwa pa ngayon dahil magkasama na naming ginagawa ito. Kapag may asawa kayo, may kasama kayong magagalak sa buhay—at iyan ang nagpapasarap sa buhay.

## MULA KAY RACHEL: Isang Walang-Hanggang Missionary Companion

Bago ko nakilala si Ben, halos nasa edad na ako para magmisyon at seryoso kong pinag-isipan ang maglingkod sa full-time mission. Ngunit dumating si Ben sa buhay ko, at alam ko na may ibang plano ang Ama sa Langit para sa akin.

Nang magpasiya kaming magpakasal ni Ben, tinanong ako ng mga kamag-anakang nakakaalam sa balak kong magmisyon kung ano ang desisyon ko, at sabi ko sa kanila, "Nagpasiya ako na gusto kong ako ang pumili ng sarili kong missionary companion—at sasama ako sa kanya magpasawalang-hanggan."

Kapag may asawa kayo, may pagkakataon kayong mag-asawa na magkasamang makibahagi sa gawain ng kaligtasan. Lubos kaming nagalak ni Ben sa pagbuo ng tahanang nakasentro kay Cristo, sa pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo nang magkasama, paglilingkod sa Simbahan,

## MANIWALA KAYO SA AMIN

Sa kabila ng maaaring sabihin ng tao, masarap *ang* mag-asawa at ito *ay* napakahalagang unahin. Kapag may asawa kayo, mayroon na kayong katuwang, nagbibigay at tumatanggap kayo ng pagmamahal, mas masaya kayo sa buhay, at may kasama kayo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Lahat ng iyan ay nagdudulot sa amin ng malaking kagalakan, at dahil nabuklod kami sa templo, maaari kaming magalak magpakailanman! Kung tutuparin namin ang aming mga tipan, magkakasama kami nang walang hanggan at tatanggapin namin ang mga pinakadakilang pagpapala ng priesthood. "Natagpuan [namin] sa pag-aasawa ang pinakasaganang kaganapan ng pag-iral ng tao."[4] ■

*Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

**MGA TALA**

1. L. Whitney Clayton, "Pagsasama ng Mag-asawa: Magmasid at Matuto," *Liahona,* Mayo 2013, 83.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
3. Tingnan sa Richard G. Scott, "Ang mga Walang-Hanggang Pagpapala ng Kasal o Pag-aasawa," *Liahona,* Mayo 2011, 96.
4. James E. Faust, "Pagpapayabong ng Inyong Pagsasama," *Liahona,* Abr. 2007, 4.

## SUMALI SA USAPAN

### Mga Bagay na Pag-iisipan para sa Araw ng Linggo

- Anong mga katangian at pag-uugali ang lubos na nagpapatatag at nagpapasaya sa pagsasama ng mag-asawa at pamilya?
- Ano ang ginagawa ninyo ngayon na magpapatatag at magpapasaya sa pagsasama ninyo ng inyong mapapangasawa at magiging pamilya?

### Mga Bagay na Maaari Ninyong Gawin

- Ibahagi sa ilang kaibigan ang inyong mithiin na mag-asawa at magkaroon ng pamilya, at sabihin sa kanila kung bakit.
- Sa simbahan, ibahagi kung bakit ninyo inaasam na makapag-asawa at magkapamilya at kung paano ninyo pinaghahandaan ang mga ito.



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Sapat na bang *maniwala* lang ako sa ngayon na ang Simbahan ay totoo?



Sinabi mismo ni Jesucristo, "Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang" (tingnan sa Marcos 5:36).

Manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman.

Paniniwala palagi ang unang hakbang para malaman ang isang bagay.

Mas malaki ang pananampalataya ninyo kaysa inaakala ninyo.

*Mula sa "Panginoon, Nananampalataya Ako,"* Liahona, *Mayo 2013, 93–95.*

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# “Palakasin ang inyong pananampalataya. Ipahayag ang inyong pananampalataya! Ipakita ang inyong pananampalataya!”

Ni Elder Russell M. Nelson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

Mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2014

# Nadama Ko ang Espiritu Santo



PAGLALARAWAN NI JAMES JOHNSON

**Ni Yichen, edad 6, Taiwan**

Madalas kong itanong sa mga magulang ko ang ibig sabihin ng "madama ang Espiritu Santo." Narinig ko na silang pinag-uusapan ito, pero hindi ako sigurado kung ano ang pakiramdam niyon. Sabi ni Inay napakaganda ng pakiramdam na iyon, pero hindi ko pa rin sigurado kung ano ang ibig sabihin niyon.

Isang umaga nagtatatakbo sa paligid ang isang-taong-gulang na kapatid kong lalaki at aksidenteng tumama ang kanyang ulo sa heater. Nagkaroon siya ng malaking sugat sa ulo. Umiyak siya, at nagdurugo ang ulo niya. Takot na takot ako at alalang-alala. Ginamot ni Inay ang sugat at binendahan ito. Pagkatapos ay inihatid niya ako sa paaralan.

Sa paaralan takot at nag-aalala pa rin ako tungkol sa kapatid ko. Pagkatapos ay naalala ko na maaari akong manalangin. Nagpunta ako sa banyo at taimtim na nagdasal sa Ama sa Langit at hiniling ko sa Kanya na basbasan ang aking kapatid. Pagkatapos kong magdasal, nawala ang takot ko. Lubos akong napanatag, at bumalik na ako sa klase.

Pag-uwi ko nang araw na iyon, ikinuwento ko kay Inay ang nangyari. Masaya niyang sinabi sa akin na ang masaya at payapang damdaming iyon ay ang Espiritu Santo na nagbibigay ng kapanatagan sa kalooban ko. Sinabi niya na karaniwan ay hindi tayo kinakausap ng Espiritu Santo na kagaya ng pagkausap sa atin ng ibang tao. Sa halip ay pinapanatag Niya ang damdamin natin.

Pagkatapos niyon napansin ko ang iba pang mga pagkakataon na nadama ko ang Espiritu Santo. Nang basbasan ni Itay si Inay, pumikit ako at sinikap kong lubos na magpitagan. Pagkatapos ay muli kong nadama ang masayang pakiramdam na iyon. Alam ko na para mas madaling madama ang Espiritu Santo, kailangan nating maging mapitagan. ■

# **Pagbababasbas** kay Isa

**Ni Mackenzie Van Engelenhoven**

Batay sa tunay na buhay

*"Tahanan ko sa t'wina ay pagkasaserdote ang gabay" (*Aklat ng mga Awit Pambata, *102).*

"May problema ka ba?" tanong ni Inay kay Isa habang sakay sila ng trambya pauwi mula sa simbahan.

Tumitig si Isa sa mga kanal na sanga-sanga sa mga kalye ng Amsterdam. "Sabi po ng titser ko sa Primary ang pagkakaroon daw po ng priesthood sa bahay ay isang pagpapala," sabi ni Isa. "Pero wala pong priesthood si Itay, kaya hindi po tayo mapagpapala."

"Magkakaroon pa rin tayo ng priesthood sa bahay natin, kahit hindi miyembro ng Simbahan ang tatay mo," sabi ni Inay. "Maraming karapat-dapat na mayhawak ng priesthood sa ward na makakatulong sa iyo. Si Brother Van Leeuwen kaya na home teacher natin?"

Gusto ni Isa si Brother Van Leeuwen. Lagi siyang may dalang *stroopwafels,* paboritong cookie ni Isa, at kinausap siya nito tungkol sa agham o siyensya, ang pinakagusto niyang subject. Pero sa simbahan nagkuwento ang iba pang mga bata tungkol sa kanilang mga tatay na nagbibigay sa kanila ng basbas ng priesthood kapag maysakit sila o balisa. Hindi makakahingi ng basbas si Isa sa tatay niya.

"Mahal ko po si Itay," sabi ni Isa. "Pero sana may priesthood siya."

Pagdating nila sa bahay, nasa kusina si Itay at nagluluto ng hapunan. "Kumusta ang pagsisimba n'yo?" tanong nito sa kanila.

Hindi sumagot si Isa. Sa halip, pumasok siya sa kuwarto niya at nahiga sa kama. Gusto niyang maiba ang sitwasyon.

Nang sumunod na linggo kinailangang kumuha ng mahabang pagsusulit si Isa sa paaralan. Lahat ng bata sa Netherlands ay kailangang kumuha ng pagsusulit kapag sila ay 12 taong gulang na para malaman kung saang paaralan sila mag-aaral sa susunod na pasukan. Kahit nag-aral na mabuti at handa si Isa, kabadung-kabado siya. Noong gabi bago iyon, parang sumakit ang tiyan niya dahil sa matinding kaba. Hindi siya makatulog. Habang pabiling-biling siya sa higaan, naalala niya ang lesson sa Primary tungkol sa paghingi ng basbas ng priesthood kung natatakot ka. Kahit hindi siya mabasbasan ng tatay niya, alam niya na tutulungan siya ng Ama sa Langit kung hihilingin niya.

Bumangon si Isa mula sa higaan at nagpunta sa sala. May ginagawa si Inay, pero nakaupo si Itay sa sopa at nanonood ng TV.

"OK ka lang?" tanong ni Itay.

"Talaga pong kinakabahan ako sa pagsusulit bukas," sabi ni Isa. "Palagay po ba ninyo puwede nating tawagan si Brother Van Leeuwen at hilingan siyang basbasan ako?"

"Palagay ko magandang ideya iyan," sabi ni Itay. "Tatawagan ko siya."

Hindi nagtagal dumating si Brother Van Leeuwen at ang kanyang anak na si Jaan at binasbasan si Isa. Hiniling ni Brother Van Leeuwen sa Ama sa Langit na tulungan si Isa na huwag kabahan sa pagsusulit at makapasa rito. Habang binabasbasan ni Brother Van Leeuwen si Isa, naupo si Itay sa sopa at humalukipkip at pumikit.

Pagkatapos ng basbas gumanda ang pakiramdam ni Isa. Hindi na sumasakit ang tiyan niya, at medyo inantok pa nga siya. "Pagbutihin mo bukas," sabi ni Brother Van Leeuwen habang paalis sila. "Nag-aral kang mabuti, at alam kong tutulungan kang makapasa ng Ama sa Langit."

"Ipinagmamalaki kita sa pagsampalataya mo," sabi ni Itay kay Isa nang pahigain niya ito sa kama. "Kahit hindi ako miyembro ng



PAGLALARAWAN NI MARYN ROOS



"Maaari tayong mabuhay sa bawat oras na 'pinagpapala ng lakas ng kapangyarihan ng priesthood,' anuman ang ating sitwasyon."

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kapangyarihan sa Priesthood," *Liahona,* Nob. 2013, 92.**

Simbahan, natutuwa ako't naniniwala ka sa Diyos, at sana alam mong ako rin."

"Salamat po, Itay," sabi ni Isa, at hinagkan siya ng kanyang Itay sa pisngi.

Habang nakabaluktot siya sa ilalim ng kumot, masaya at panatag si Isa. Nagpasalamat siya na may tatay siyang nagmamahal sa kanya. Natuwa siya na naniniwala ang tatay niya sa Ama sa Langit at kay Jesus. At alam niya na siya at ang kanyang pamilya ay palaging mababasbasan ng priesthood. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Massachusetts, USA.*





**Ni Elder Kazuhiko Yamashita**
Ng Pitumpu



# Isang Leon na Parang Tupa

*“Ako ay anak ng Diyos, dito’y isinilang” (*Aklat ng mga Awit Pambata, *2).*

Isa sa paborito kong mga kuwento ang kuwento tungkol kay Lambert, ang Leon na Parang Tupa. Naging sikat na cartoon ito ilang taon na ang nakararaan.

Si Lambert ay isang batang leon na namuhay sa piling ng isang kawan ng mga tupa mula nang siya’y isilang. Dahil diyan, inakala niya na siya ay isang tupa. Isang gabi ng tagsibol payapang natutulog si Lambert at ang mga tupa. Biglang narinig ni Lambert ang nakakatakot na alulong ng isang lobo sa di-kalayuan. Dahil akala ni Lambert ay tupa siya, nagsimula siyang manginig.

Palakas nang palakas ang alulong, at nakalapit ang lobo at sinimulan nitong hatakin palayo ang isa sa mga tupa. Biglang nakadama si Lambert ng lakas na noon lang niya nadama. Parang kidlat na tumakbo siya papunta sa lobo para iligtas ang tupa!

Noon natanto ni Lambert ang isang bagay. “Hindi ako isang tupa. Hindi ako anak ng isang tupa. Anak ako ng isang leon!” naisip ni Lambert. Nang maitaboy niya ang lobo at maprotektahan ang mga tupa, nalaman niya ang kanyang likas na katangian.

Ikaw ay anak ng Diyos, at mahal ka Niya. Bago tayo isinilang sa mundo, bawat isa sa atin ay minamahal na espiritung anak na lalaki o babae sa mag-anak ng ating Ama sa Langit. Ngunit marami sa atin ang hindi nakakaalam nito. Kung alam natin kung sino tayo, maaari tayong maging katulad ng leon at malalabanan natin ang masasamang bagay para maprotektahan ang iba at hindi tayo maliligaw ng landas.

Nagpapasalamat ako sa magagandang kaloob ng ebanghelyo at sa plano ng kaligtasan. Nagpapasalamat ako na alam natin kung sino tayo para maging malakas tayo—tulad ni Lambert. ■


PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND



# ANG ATING PAHINA



Mahal ko ang lahat ng nilikha ni Jesucristo.
**You-en, edad 6, Taiwan**



Ang 2 Nephi 30:12–15 ay naglalarawan sa Milenyo. Sana makaharap ko ang Tagapagligtas at makalaro ko ang mga hayop pagsapit ng Milenyo.
**You-rou, edad 10, Taiwan**




Ang drowing ko ay tungkol sa mga pagpapala ng pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath (tingnan sa D at T 59:16). Mahal ko ang mga hayop.
**You-ren, edad 8, Taiwan**




***Ako'y isang Mormon! Alam ko ito. Ipinamumuhay ko ito. Gustung-gusto ko ito,*** **ni Laura N., edad 8, Brazil**



***Ang Batang Lalaki at ang Dagat,*** **ni Helaman G., edad 11, Mexico; nanalo sa isang art contest na itinaguyod ng secretary of the navy**






Nang sumama ako sa tatay ko papuntang Buenos Aires Argentina Temple, nakita ko ang maraming sagrado at magagandang silid sa loob. Open house iyon, kaya maraming tao ang makakakita sa templo. Hindi magtatagal sasapit na ako sa tamang edad para makapasok sa templo at makagawa ng mga binyag para sa mga patay. Mahal ko si Jesucristo at ang pamilya ko.
**Guido R., edad 10, Argentina**

# *Mālō e lelei!**

# Ako si Kaloni na Mula sa Tonga





Natutuwa akong magpunta sa dalampasigan kasama ang pamilya ko at maglaro sa buhanginan at sa dagat.




Mahilig akong sumayaw, maglaro ng isports, at magpinta. Tumulong ako sa paggawa ng mural tungkol sa plano ng kaligtasan para sa gusali ng seminary.

Sa mga karaniwang araw isinusuot ko ang uniporme ko sa paaralan. Pagkatapos ay sama-sama kaming naglalakad ng pamilya ko papasok sa paaralan. Ang tatay ko ay nagtuturo sa high school, at ang nanay ko ay guro sa seminary. Ang pangalan ng ate ko ay Dorothy at ang kuya ko ay Nelson.






*Nagpasiya ang nanay at tita ko na magsimula ng proyekto ng pamilya upang kumita ng pera para sa pagmimisyon naming lahat na magpipinsan balang-araw. Gumagawa kami ng chicken kabobs at ʻotai at ibinibenta ang mga ito sa palengke tuwing Sabado.*

**Mula sa interbyu ni Amie Jane Leavitt**

Kilalanin si Kaloni na nagmula sa Kaharian ng Tonga. Ang kanyang mga isla o pulo ay kilala bilang Friendly Islands.

Nakapagpiknik na ba sa labas ang pamilya ninyo sa Araw ng Pasko? Gustung-gusto ng pamilya ni Kaloni na magpiknik sa dalampasigan sa Kapaskuhan. Dahil tag-init kapag Disyembre sa katimugang hemisphere, hindi problema ang magpiknik sa araw ng Pasko! Gusto ng sampung-taong-gulang na si Kaloni ang gumugol ng maraming nakakatuwang pista-opisyal kasama ang kanyang mga tita, tito, at pinsan. ■


* *"Hello, mga kaibigan!" sa wikang Tongan.*



*Gusto kong mag-aral sa kolehiyo at maging guro sa seminary tulad ng nanay ko. Gusto ko ring magmisyon at makasal sa templo. Pero sa ngayon, mamumuhay muna ako sa isang maganda at paraisong pulo.*



MGA LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA NI KALONI; MGA PAGLALARAWAN NINA ASHLEY TEARE AT MARK ROBISON




## TEMPLO'Y IBIG MAKITA



*Sa paglalakad namin papasok sa paaralan, nadaraanan ng pamilya ko ang templo. Nadarama ko ang kapayapaan kapag nakikita ko ang templo. Sabik na akong makapasok sa templo balang-araw.*

*Ang Nukuʻalofa Tonga Temple ay inilaan noong 1983. Sumailalim ito sa renobasyon at muling inilaan noong 2007.*



## HANDA NANG UMALIS!

*Ang maleta ni Kaloni ay puno ng ilan sa mga paborito niyang bagay. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong maleta?*



Alamin ang iba pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito!

# Ang mga Makabuluhang Aktibidad ay Magpapatatag sa Aking Pamilya



Ni Jennifer Maddy

Nainip si Lucas. Nilibot niya ang buong kabahayan para makahanap ng kalaro. Ang kapatid niyang si Ben ay naglalaro sa computer. Ang kapatid niyang si Sophie ay nagte-text sa kanyang kaibigan. Iniisa-isa naman ni Inay ang mga liham, at nagbabasa si Itay.

"Nakakainip naman dito," sabi ni Lucas.

Tumigil si Itay sa kanyang pagbabasa at tumingin sa kanya. "Ano ang ibig mong sabihin?"

"Wala po tayong magawa nang samasama," sabi ni Lucas. "Lahat tayo ay may kani-kanyang ginagawa."

Isinara ni Itay ang kanyang aklat. "Tama ka," sabi niya. "Titipunin ko ang pamilya, at may gagawin tayong nakakatuwa."

Ngumiti si Lucas. "Ayos!"

Pagkaraan ng ilang minuto magkakasamang naupo ang pamilya ni Lucas, na iniisip kung ano ang gagawin. Gustong i-text ni Sophie ang kaibigan niya. Gustong laruin ni Ben ang kanyang computer game.

"Gusto ng kaibigan kong si Paul na maglakad-lakad na kasama ang kanyang pamilya," sabi ni Lucas. "At gusto ng pamilya ni Alexander na maglaro ng isport."

Pero ayaw lumabas ni Sophie kapag mainit ang panahon, at ayaw maglaro ni Ben dahil masakit ang paa niya.

"Nakakatuwa ang ginagawa ng mga kaibigan mo, Lucas," sabi ni Inay, "pero ano ang gustong gawin ng *ating* pamilya?"

Sinabi ni Ben na gusto niyang maglaro ng board games. Sinabi ni Sophie na gusto niyang magbasa. Sinabi ni Lucas na gusto niya ng karerahan ng kotse.

"Pumili tayo ng isa sa mga iyon na gagawin natin ngayon," sabi ni Itay. "Bakit hindi muna tayo maglaro ng board game?"

Di nagtagal at pumalibot na sila at nagsimulang maglaro. Maya-maya ay itinabi ni Sophie ang cell phone niya. Tumigil si Ben sa pagtingin sa computer. Sa pagtatapos ng laro, nakangiti ang lahat, pero ang ngiti ni Lucas ang pinakamalaki. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## AWIT

- "The Family" (*Children's Songbook,* 194)

## MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Sinasabi sa atin ng propeta at mga apostol na mahalagang gumugol ng oras na sama-sama ang pamilya. Ang paggawa ng mga bagay-bagay na kasama ang inyong pamilya ay makatutulong sa inyong kilalanin ang isa't isa at magkasiyahan. Ano ang gustong gawin ng inyong pamilya? Pag-usapan kung paano kayo natutulungan ng mga aktibidad na iyon na maging mas malapit sa isa't isa. Maaari kayong gumawa ng isang mithiin na gawin ang isang bagong aktibidad bilang pamilya sa buwang ito.



## ISANG BUWAN NG KASAYAHAN

Magplano sa inyong pamilya ng mga aktibidad na gusto ninyong gawin sa loob ng isang buwan. Kapag ginawa ninyo ang isang aktibidad na ipinakita rito, gupitin ang larawan at iteyp o idikit ito sa araw na gagawin ninyo ito. Gumawa ng mga blangko para idagdag ang sarili ninyong mga aktibidad!


# Agosto 2014

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
| 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 |
| 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 |
| 31 | | | | | | |



Maglaro



Maglakad-lakad


Magpunta sa templo


Magbisikleta


Mag-swimming


Magdaos ng family home evening


Magkantahan


Maglaro ng isport


Magbasa ng kuwento

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

# Mga Kaibigan para kay Eli

**Ni Jane Nickerson**

Batay sa tunay na buhay



Sinikap ni Eli na maging mabuting kaibigan. Pero ayaw makipaglaro sa kanya ni Will.

"Kung makikipaglaro kayo kay Eli, hindi kayo puwedeng makipaglaro sa akin," sabi ni Will kina Jake at Danny.




Nakiusap nang mahusay si Eli kay Will, pero ang sabi ni Will, "Hindi. Umalis ka rito."

MGA PAGLALARAWAN NI MATT SMITH



Pinilit ni Eli na sumali nang maglaro ng habulan ang iba pang mga batang lalaki. Pero walang gustong humabol kay Eli.



Isang araw nagdala ng ilang laruan si Eli sa paaralan. Pinanood ng isang bagong lipat na batang babae na nagngangalang Emma ang paglalaro niya.

"Gusto mo bang makipaglaro sa akin?" tanong ni Eli.

"Oo," sabi ni Emma. "Parang masaya 'yan."



Nagtanong sina Jake at Danny, “Puwede rin ba kaming sumali?”
“Oo,” sabi ni Eli.



Nalungkot si Will.
“Halika, Will,” sabi ni Eli. “Sali ka rin.” ■

# Paghihiraman ng mga Laruan

Hanapin ang mga laruan sa palaruan. Pagkatapos ay bilangin kung ilang bata ang naghihiraman ng laruan.



# PINALITAN KO NG PANANAMPALATAYA ANG TAKOT KO


**Ni Katherine Nelson**

Nang makita niya ako, nalaman kaagad ng matalik kong kaibigan na may problema. "Wala na kami," mahinang sabi ko sa kanya. Pauwi na ako matapos ang mahabang pakikipag-usap sa binatang matagal ko nang kadeyt. Kahit nalungkot kami na maghiwalay, nagkasundo kami na tama iyon para sa amin.

Ngunit makalipas ang ilang linggo, nagsimula akong mag-alinlangan sa desisyon ko. Paano kung wala na akong makitang kadeyt at hindi na ako makapag-asawa kahit kailan? Paano kung masyado ko lang pinalaki ang pag-aaway namin?

Nalungkot ako at nag-alinlangan kaya naisip ko pang tiyakin kung gusto niyang magkabalikan kami. Tulad ng inilarawan ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "hindi [ako] kuntento sa mga nangyayari at hindi maganda ang pananaw ko sa hinaharap."[1]

Ilang linggo matapos kaming maghiwalay, binasa ko isang gabi ang tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas. Isinalaysay sa Evangelio ayon kay Lucas na sa ikatlong araw matapos ihimlay sa libingan ang Tagapagligtas, nagtungo roon ang matatapat na alagad para pahiran ng mabangong langis ang Kanyang katawan. Ngunit natuklasan nila na nakagulong ang batong nakatakip sa libingan at wala na ang katawan. Kasunod nito ay nagpakita ang dalawang anghel sa kanila at sinabing, "Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa't nagbangon" (Lucas 24:5–6).



*Paano kung wala na akong makitang kadeyt at hindi na ako makapag-asawa kahit kailan?*

Matindi ang epekto sa akin ng tanong ng mga anghel. Hindi ko naisip kailanman kung ano ang naging pakiramdam ng mga dumalaw sa libingan ni Jesus, batid na mali ang lugar na pinaghanapan nila sa kanilang Tagapagligtas. Hindi ko naisip kung gaano kahirap sa kanila ang maniwala na nadaig ni Jesus ang kamatayan at nagbangon Siya sa kaluwalhatian.

Isang magiliw na pangaral sa akin ang nakasaad sa banal na kasulatan. Natanto ko, tulad ng mga kaibigan ng Tagapagligtas, na mali ang lugar na pinaghanapan ko ng kapanatagan. Ang pagbalik sa nakaraan at "pananabik nang walang-saysay sa kahapon"[2] ay hindi nakapapanatag o nakahihikayat sa akin na kumilos nang maayos. Natanto ko na kailangan kong ibaon sa limot ang mga nakaraang karanasan. Kailangan kong palitan ng pananampalataya ang takot ko at magtiwala na ang Tagapagligtas ay lilikha ng panibagong simula mula sa mga nakaraang pangyayari sa aking buhay.

Madalas kong isipin ang talatang iyan sa banal na kasulatan kapag nagsisisi ako sa mga pasiyang nagawa ko o inaasam kong balikan ang mga sandaling nakalipas. Dahil sa Tagapagligtas, makapagsisimula tayong muli. Dahil sa Tagapagligtas, maaari tayong "lumingon upang matuto mula sa magagandang karanasan nang hindi binabalikan ang nakaraan," batid na "dapat matuto sa nakaraan ngunit huwag nang balikan pa ito."[3] Sa halip na sayangin ang panahon sa pagsisisi, makakaasa tayo sa hinaharap nang may pananampalataya. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

**MGA TALA**

1. Jeffrey R. Holland, "Remember Lot's Wife" (Brigham Young University devotional, Ene. 13, 2009), 3; speeches.byu.edu.
2. Jeffrey R. Holland, "Remember Lot's Wife," 2.
3. Jeffrey R. Holland, "Remember Lot's Wife," 2.



**Anong mga pagpili ang humahantong sa kaligayahan sa mga pamilya?**

"Nilikha tayo ng Ama sa Langit na magkakaiba. Walang dalawa sa atin na parehong-pareho ang mga karanasan. Walang mga pamilyang magkakapareho. Kaya hindi nakapagtataka na mahirap magpayo kung paano magpasiya para sa kaligayahan ng pamilya. Subalit iisa ang itinakdang daan ng mapagmahal na Ama sa Langit tungo sa kaligayahan para sa lahat ng Kanyang anak. Anuman ang ating personal na mga katangian o karanasan, iisa lang ang plano ng kaligayahan. Ang planong iyan ay ang sundin ang lahat ng utos ng Diyos."

**Pangulong Henry B. Eyring,** Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Sa Aking mga Apo," *Liahona,* Nob. 2013, 69.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT



### KUMILOS SA LUPAING ITO

**sa Loob ng Ilang Taon**

p. 42


Ang panahong ito ng inyong buhay ay puno ng mabilis na pagbabago, ngunit magagawa pa rin ninyo ang pinakamainam sa inyong kalagayan anuman ang inyong itinakdang panahon.

## PARA SA MGA KABATAAN

p. 62

### *BAKIT **MASARAP** MAG-ASAWA!*

Maniwala kayo sa amin: matutuwa kayong makasal sa inyong walang-hanggang kabiyak, at narito ang dahilan.



## PARA SA MGA BATA



### Isang Leon na Parang Tupa

p. 70

Inakala ni Lambert, na isang leon, na siya ay tupa. Pagkatapos ay lumabas ang isang nakakatakot na lobo.

TAGALOG
4 02109 88893 8

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW